ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MARSO 2019

# Liahona



**Pag-unawa sa Kaugnayan ng Kababaihan sa Kapangyarihan ng Pagkasaserdote, pahina 34**

3 Tanong na Maaaring Itanong sa Iyong Sarili sa Panahon ng Pagsubok, pahina 12

Ang Pinakamagandang Larawan ng Iyong Buhay, pahina 16

NARITO ANG SIMBAHAN

# Rome Italy






Kapag inilaan ang Rome Italy Temple sa linggo ng Marso 10–12, 2019, ang mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo ay magbubunyi, lalo na ang mga Banal sa Italy. Mayroon pa bang magiging mas makahulugang gusali sa "walang hanggang lungsod" na hihigit kaysa sa isang bahay ng Panginoon?

Ang templo, na pinakauna sa Italy, ay nasa hilagang-silangang bahagi ng Rome. Bahagi ito ng isang sentro ng relihiyon at kultura na kinabibilangan ng isang meeting house na magagamit sa iba't ibang pagtitipon (mayroon itong cultural hall at mga pasilidad para sa mga kumperensya), visitors' center, family history center, at patron housing, na napaliligirang lahat ng mga hardin.

Ang gawaing misyonero sa Italy ay nagsimula noong 1850, ngunit ang pagsulong nito ay naudlot dahil sa isang aktibidad ng mga kumakalaban sa Simbahan at ng mabibigat na hinihingi ng batas. Ang Simbahan ay pinahintulutan sa wakas na muling magsimula ng gawaing misyonero noong 1964. Noong 1993, binigyan ng Italy ang Simbahan ng pormal na legal na katayuan. Noong 2012, natanggap ng Simbahan ang opisyal na katayuan nito bilang "katuwang ng estado," na nagpapahintulot sa Simbahan na mas malayang gumawa ng kabutihan, kapwa bilang simbahan at institusyong panlipunan.

- Ngayon ay may halos 27,000 mga miyembro sa Italy na nagtitipon sa 101 na mga kongregasyon.
- Si Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018) ang namuno sa groundbreaking ng Rome Italy Temple noong 2010, na dinaluhan din ng bise alkalde ng Rome.
- May dalawang misyon sa Italy: ang Italy Milan Mission at ang Italy Rome Mission.





**Pag-uugnay sa mga Anak na Babae ng Diyos sa Kanyang Kapangyarihan ng Priesthood**
*Barbara Morgan Gardner*
34

# Napakaraming Bagay ang Kailangan Ko Pang Matutuhan tungkol sa Priesthood

Bilang isang kabataang babae at isang missionary kalaunan, naaalala ko na napapaisip ako kung ang ilang mga talata sa banal na kasulatan ay angkop sa akin bilang isang babae, lalo na ang tungkol sa gawaing misyonero at priesthood. Ngayon sa iba't ibang tungkulin ko sa Simbahan at bilang isang guro ng relihiyon, itinanong din sa akin ng iba kung paano naaangkop sa kanila ang priesthood.

Gaya ng binanggit ko sa aking artikulo sa pahina 34, ang mga lider ng Simbahan ay humiling sa mga miyembro sa nakalipas na ilang taon na mas unawain pa ang priesthood. Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson ang isang alalahanin na "marami sa ating mga kapatid na lalaki at babae ay hindi lubos na naiintindihan ang konsepto ng kapangyarihan at awtoridad ng priesthood."[1]


Totoo ang kasabihan na "ang impormasyon ay nagbibigay ng inspirasyon." Nang pag-aralan ko ang priesthood at itinuro sa mga estudyante ng unibersidad ang tungkol dito, hindi ko lamang natanto kung gaano kaliit ang aking nalalaman kundi nabuksan din ang aking puso't isipan sa mga walang hanggang katotohanan tungkol sa priesthood.

Umaasa ako na habang mas natututuhan ninyo ang tungkol sa priesthood sa isyung ito, mas mauunawaan ninyo ang pagnanais ng ating mga Magulang sa Langit na pagpalain tayo sa pamamagitan ng priesthood at na ang mga propeta sa mga huling araw ay nagsusumamo sa atin na samantalahin ang mga pribilehiyong ito—marahil lalo na yaong mga ibinibigay sa mga marapat na lalaki at babae sa loob ng templo.


Tapat na sumasainyo,
Barbara Morgan Gardner


**TALA**

1. Russell M. Nelson, "Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2018, 69.




**Ang Inyong Pakikipagsapalaran sa Mortalidad**
*Elder Dieter F. Uchtdorf*
16





**Paano Ibahagi ang Patotoo sa Mas Natural na Paraan**
8



**Pag-aaral ng Isang Bagong Paraan ng Pagkatuto**
*Sunday School General Presidency*
26

**5 Ang Pinagmulan ng Awtoridad ng Priesthood** ⏱
Paano nagkaroon ng priesthood sa Simbahan ngayon.

**6 Mga Larawan ng Pananampalataya:** Sina Jason at Jackie Wong—Hong Kong, China ⏱
Ang Diyos ay napakahalaga sa aming relasyon. Kung hindi dahil sa Kanya, maaaring naghiwalay na kami!

**8 Mga Alituntunin ng Ministering:** Paano Ibahagi ang Patotoo sa Mas Natural na Paraan
Ang pagbabahagi ng iyong patotoo gamit ang simple at pang-araw-araw na mga paraan ay makagagawa ng malaking kaibhan.

**12 Mga Pinagmumulan ng Kapayapaan at Kapangyarihan**
*Ni Elder Carlos A. Godoy*
Kapag ang lahat ng pinagmumulan ng lakas ay nawala na, makakaasa tayo kay Cristo.

**16 Ang Inyong Pakikipagsapalaran sa Mortalidad**
*Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf*
Ang mga pangyayari sa inyong buhay ay maaaring hindi pa maunawaan sa ngayon, ngunit kung magtitiwala kayo sa Panginoon at gagawin ang lahat ng inyong makakaya, isang araw ay makikita ninyo kung paano nagkakaugnay sa isa't isa ang mga pangyayari.

**26 Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin:** Pag-aaral ng Isang Bagong Paraan ng Pagkatuto
*Ng Sunday School General Presidency*
Ang limang alituntuning ito ay maaaring gumabay sa atin na mas maging mahusay sa pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo.

**30 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw** ⏱
Pagtataas at pagbababa ng mga upuan; paghimig ng isang himno sa trabaho; pagkawala ng aking pamilya sa kadiliman; pagbusina at pagpapasinag ng kanyang headlight sa akin.

**34 Pag-uugnay sa mga Anak na Babae ng Diyos sa Kanyang Kapangyarihan ng Priesthood**
*Ni Barbara Morgan Gardner*
Ang kababaihan ay maaaring magkaroon ng lahat ng mga pagpapala ng priesthood na tulad ng kalalakihan, at narito ang paraan kung paano.

⏱ Maiikling Babasahin



**Sa Pabalat**
Larawang kuha ni Matt Reier.

## Mga Bahagi


**Mga Young Adult**
42
Alamin kung paano mas mahusay na paghandaan, maunawaan, at tuparin ang **mga tipan sa templo.**



**Mga Kabataan**
50
Tuklasin kung paano mapagpapala ang iyong buhay ng **family history, paghahanap ng mga sagot sa mga tanong,** at pagpansin sa maliliit na **himala!**



**Mga Bata**
Alamin kung paano ka magiging **mas katulad ni Jesus** sa pamamagitan ng pagdarasal at pagmamahal sa iba!



## HANAPIN ANG IBA PA

Sa Gospel Library app at sa liahona.lds.org, maaari mong:

- Hanapin ang kasalukuyang isyu.
- Tuklasin ang digital-only na mga artikulo.
- Hanapin ang mga nakaraang isyu.
- Isumite ang iyong mga kuwento at feedback o puna.
- Mag-subscribe o magbigay ng regalo.
- Paghusayin ang pag-aaral gamit ang digital tools.
- Ibahagi ang mga paboritong artikulo at video.
- I-download o i-print ang mga artikulo.
- Pakinggan ang mga paborito mong artikulo.

## KONTAKIN KAMI

Ipadala ang inyong mga tanong at feedback o puna sa liahona@ldschurch.org.

Isumite ang inyong mga kuwento na makapagpapalakas ng pananampalataya sa liahona.lds.org o ipadala sa pamamagitan ng koreo sa:
*Liahona,* floor 23
50 E. North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0023, USA

## TAMPOK NA MGA DIGITAL-ONLY NA ARTIKULO



**Stained Glass sa Rome Visitors' Center**
*Nina Heather White Claridge at Chakell Wardleigh*
Ipinapaliwanag ng head artist na tumulong sa paglikha ng stained glass mural sa Rome Italy Temple Visitors' Center ang kahalagahan at simbolismo ng gawang ito.



**5 Dahilan Kung Bakit Dapat Makibahagi ang mga Single sa mga Pagbubuklod sa Templo**
*Ni Alex Hugie*
Ang pakikibahagi sa ordenansa ng pagbubuklod ay isang nakapagbibigay-inspirasyon na karanasan para sa lahat ng mga miyembrong tumanggap na ng endowment, kabilang na ang mga wala pang asawa.



LARAWAN NG SANTO DOMINGO DOMINICAN REPUBLIC TEMPLE

**Sapat ang Pagkamarapat para Makapasok sa Templo?**
*Ni Zariah Inniss*
Nalaman ng isang young adult mula sa Barbados na hindi niya kailangang maging perpekto para maging marapat na pumasok sa templo.

**MARSO 2019 TOMO 22 BLG. 3**
**LIAHONA 18603 893**
Internasyonal na Magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

**Ang Unang Panguluhan:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

**Patnugot:** Randy D. Funk

**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Donald L. Hallstrom, Larry S. Kacher, Erich W. Kopischke, Lynn G. Robbins

**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton

**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg

**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson

**Assistant ng Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr

**Assistant sa Paglalathala:** Francisca Olson

**Pagsulat at Pag-edit:** Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen

**Direktor ng Sining:** Tadd R. Peterson

**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune

**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters

**Produksyon:** Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith

**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis

**Direktor sa Pamamahagi:** Troy R. Barker

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.


**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org


Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2019 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.

**Impormasyon sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

LIAHONA Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150.





# ANG PINAGMULAN NG AWTORIDAD NG PRIESTHOOD


Ang priesthood ay ang kapangyarihan at ang awtoridad ng Diyos, na ibinibigay Niya sa atin para tulungan tayong isagawa ang Kanyang gawain ng kaligtasan (tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* [2010], pahina 8). Ipinagkaloob ng Panginoon ang Kanyang priesthood sa mga piniling tagapaglingkod simula pa noong panahon ni Adan. Dahil ang priesthood ay ipinagkakaloob sa mga karapat-dapat na kalalakihan sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay at isang tala ang iniingatan tungkol sa mga ordinasyon na iyon, maaaring matunton ng mga mayhawak ng priesthood ngayon ang kanilang linya ng awtoridad ng priesthood pabalik kay Joseph Smith, na tumanggap ng Melchizedek Priesthood mula sa mga Apostol ni Jesucristo.

**1. Sina Pedro, Santiago, at Juan**

Noong Kanyang mortal na ministeryo, ibinigay ni Jesucristo ang Kanyang awtoridad ng priesthood sa Kanyang mga Apostol, kabilang na sina Pedro, Santiago, at Juan (tingnan sa Mateo 10).


**2. Sina Joseph Smith at Oliver Cowdery**

Noong Mayo 15, 1829, si Juan Bautista ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery upang ibigay sa kanila ang Aaronic Priesthood. Makalipas ang ilang linggo, ibinigay kina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Melchizedec Priesthood ng mga sinaunang Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 27:12; 128:20; *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* sel. Joseph Fielding Smith [1976], 81, 101).





DETALYE MULA SA *CHRIST ORDAINING THE TWELVE APOSTLES,* NI HARRY ANDERSON. *"MOMENT AFTER,"* NA ESKULTURA NI TREVOR SOUTHEY



DETALYE MULA SA *OLIVER COWDERY ORDAINS JOSEPH SMITH,* NI WALTER RANE

**3. Mga Apostol at Pinuno sa mga Huling Araw**

Ibinigay ni Propetang Joseph Smith ang priesthood sa iba pang karapat-dapat na kalalakihan, na, sa ilalim ng pamamahala ng Propeta, ay ibinigay naman ito sa iba pang karapat-dapat na kalalakihan, at nagpatuloy ito hanggang sa modernong panahon.


**MGA SUSI NG PRIESTHOOD**

ANG MGA SUSI NG PRIESTHOOD AY ANG AWTORIDAD NA IBINIGAY NG DIYOS SA MGA PINUNO NG PRIESTHOOD PARA PANGASIWAAN ANG PAGGAMIT NG KANYANG PRIESTHOOD sa mundo, kabilang na ang paraan kung paano ipinapasa ang priesthood ng isang mayhawak ng priesthood sa isa pa. Halimbawa, tanging ang bishop, na mayhawak ng mga susi ng priesthood para sa ward, ang maaaring magpahintulot sa isang lalaki o kabataang lalaki sa kanyang ward na tumanggap ng Aaronic Priesthood. Noong Abril 1836, natanggap ni Propetang Joseph Smith ang mahahalagang susi ng priesthood mula kina Moises, Elias, at Elijah sa Kirtland Temple (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110). ■

**LINYA NG AWTORIDAD NG PRIESTHOOD**

Para matanggap ang iyong linya ng awtoridad ng priesthood, magpadala ng email sa lineofauthority@ldschurch.org, na may mga titik na PLA sa subject line (makukuha sa English, Portuguese, at Spanish).

*Para matuto pa ng tungkol sa priesthood, tingnan ang "Pag-uugnay sa mga Anak na Babae ng Diyos sa Kanyang Kapangyarihan ng Priesthood" sa pahina 34.*




MWi





# Jason at Jackie Wong

*Hong Kong, China*



*Ang mga pananaw sa mga tungkuling naaayon sa kasarian ay maaaring magkakaiba sa bawat kultura, ngunit ang hamon na magkaisa bilang mga bagong kasal ay tila nararanasan saanman. Natutunan nina Jason at Jackie ang ilang mahahalagang aral sa kanilang pagtutulungan.*

**LESLIE NILSSON, RETRATISTA**

**Jason:**

Lumaki akong iniisip na ang mga babae dapat ang gumagawa ng lahat ng gawaing bahay. Mabilis kong natutunan na hindi ito makatotohanan. Masyadong abala si Jackie at maraming inaalala sa kanyang trabaho. Kahit marami din akong mga inaalala, naisip kong kailangan kong magsimula na mas tumulong pa.

**Jackie:**

Isang pagbabago ang pagiging bagong kasal. Sa totoo lang, napakahalaga ng Diyos sa aming relasyon. Kung hindi dahil sa Diyos, maaaring naghiwalay na kami!

**Jason:**

Naisip namin na kailangan naming maglaan ng mas maraming oras sa isa't isa. Kaya ngayon ay ginagawa namin nang magkasama ang mga gawaing-bahay. Dahil dito ay mas mabilis natatapos ang mga ito, at nagkakasama kami.

**Jackie:**

Sinusubukan din naming magkaroon ng oras sa gabi para pag-usapan ang nangyari sa amin sa maghapon; pagkatapos ay nagdarasal kami at nagbabasa ng mga banal na kasulatan bago kami matulog. Ang pamumuhay ng ebanghelyo ay nagpala sa aming pagsasama bilang mag-asawa.

**HANAPIN ANG IBA PA**

Nagpatotoo si Pangulong Russell M. Nelson tungkol sa mga pagpapala ng selestiyal na kasal sa **lds.org/go/031906.**

Humanap ng mga sanggunian para mapalakas ang inyong buhay may-asawa at pamilya sa **lds.org/go/031907.**

Humanap ng iba pang "Mga Larawan ng Pananampalataya" sa Media Library sa **lds.org/go/18.**

## Mga Alituntunin ng Ministering

# PAANO **IBAHAGI** ANG PATOTOO SA **MAS NATURAL NA PARAAN**



**ANG MINISTERING AY ANG PAGBIBIGAY NG PATOTOO.**

ANG PLEKSIBILIDAD NG MINISTERING AY MAKADARAGDAG SA MGA PAGKAKATAON NATING MAGBAHAGI NG PATOTOO SA MGA PORMAL AT DI-PORMAL NA PARAAN.


Tayo ay nakipagtipan na "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9). Ang ating mga pagpapatotoo ay bahagi ng pagtayo bilang saksi at mabisang paraan ito para anyayahan ang Espiritu Santo na antigin ang puso ng isang tao at baguhin ang kanilang buhay.

"Ang patotoo—tunay na patotoo, na gawa ng Espiritu at pinagtibay ng Espiritu Santo—ay nagpapabago ng buhay," sabi ni Pangulong M. Russell Ballard, Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.[1]

Ngunit ang pagbabahagi ng ating patotoo ay maaaring nakakatakot o hindi komportable dito ang ilan sa atin. Marahil ito ay dahil iniisip natin na ang pagbabahagi ng ating patotoo ay isang bagay na ginagawa natin sa pulong ng pag-aayuno at pagpapatotoo o kapag nagtuturo ng isang lesson. Sa mga pormal na sitwasyong iyon ay madalas nating ginagamit ang ilang salita at parirala na tila wala sa lugar sa isang natural na pakikipag-usap.

Ang pagbabahagi ng ating patotoo ay maaaring maging mas regular na pagpapala sa ating buhay at sa buhay ng iba kapag nauunawaan natin kung gaano kasimple na magbahagi ng mga pinaniniwalaan natin sa pang-araw-araw na tagpo. Narito ang ilang ideya na tutulong sa iyo na magsimula.

## Panatilihin Itong Simple



Ang isang patotoo ay hindi kailangang magsimula sa pariralang "Gusto kong magpatotoo," at hindi ito kailangang magtapos sa, "Sa pangalan ni Jesucristo, amen." Ang patotoo ay isang pagpapahayag ng ating pinaniniwalaan at nalalaman nating totoo. Kaya ang pakikipag-usap sa iyong kapit-bahay sa kalye tungkol sa isang problemang mayroon siya at ang pagsasabi ng, "Alam kong sinasagot ng Diyos ang mga panalangin," ay maaaring kasing bisa ng anumang patotoong ibinahagi sa pulpito sa simbahan. Ang bisa ay hindi nagmumula sa mabubulaklak na pananalita; nagmumula ito sa Espiritu Santo na nagpapatibay ng katotohanan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 100:7–8).

## Itugma sa Daloy ng Karaniwang Pakikipag-usap



Kung handa tayong magbahagi, may mga pagkakataon sa ating paligid para magpatotoo sa mga pang-araw-araw na pakikipag-usap. Halimbawa:

- May nagtanong sa iyo tungkol sa iyong katapusan ng linggo. "Napakaganda," ang sagot mo. "Simbahan talaga ang kailangan ko."
- May isang taong nagpahayag ng pakikiramay matapos malaman ang tungkol sa isang hamon sa iyong buhay: "Ikinalulungkot ko." Sumagot ka ng: "Salamat sa malasakit mo. Alam kong tutulungan ako ng Diyos na malampasan ito. Sinamahan Niya ako noon."
- May nagsabing: "Magbago na sana kaagad ang masungit na panahon na ito," o "Siguradong huli na naman ang bus," o "Grabe ang trapik na ito." Maaari kang sumagot ng: "Sigurado akong tutulong ang Diyos na gawing maayos ang lahat."

*Ang Halimbawa ng Tagapagligtas*

Pagod mula sa paglalakbay sa Samaria, huminto ang Tagapagligtas sa isang balon at nakita ang isang babae roon. Nagsimula Siyang makipag-usap tungkol sa pagkuha ng tubig sa balon. Ang pang-araw-araw na gawaing ito na ginagawa ng babae ang nagbigay kay Jesus ng pagkakataon na magpatotoo sa tubig na buhay at buhay na walang hanggan na maaaring matanggap ng mga naniniwala sa Kanya (tingnan sa Juan 4:3–15, 25–26).



MGA PAGLALARAWAN NI NEIL WEBB



## Maging Handa

Para sa ilan sa atin, ang biglaang pagbabahagi ng patotoo ay maaaring nakakatakot. Mayroong mga paraan para makapagplano tayo nang maaga at "lagi [tayong maging handa sa] pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa [atin] ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa [atin]" (I Ni Pedro 3:15).

Una, ang pagiging handa ay maaaring mangahulugan ng pagtingin natin sa paraan ng ating pamumuhay. Inaanyayahan ba natin ang Espiritu Santo sa ating buhay at pinalalakas ang ating mga sariling patotoo bawat araw sa pamamagitan ng matuwid na pamumuhay? Binibigyan ba natin ng mga pagkakataon ang Espiritu na kausapin tayo at bigyan tayo ng mga salitang kailangan natin sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan? Tulad ng ipinayo ng Panginoon kay Hyrum Smith, "Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila" (Doktrina at mga Tipan 11:21).

Pangalawa, ang pagiging handa ay maaaring mangahulugan na tinatanaw mo ang hinaharap at isinasaalang-alang ang mga pagkakataon na makapagbabahagi ka ng patotoo sa araw na iyon o sa linggong iyon. Maaari kang maghanda para sa mga pagkakataong iyon sa pamamagitan ng pag-iisip kung paano ka mabibigyan ng mga ito ng pagkakataon na ibahagi ang mga pinaniniwalaan mo.



## Ibahagi ang Iyong mga Karanasan

Madalas nating pag-usapan ang tungkol sa ating mga problema. Kapag may nagsabi sa iyo ng tungkol sa pinagdaraanan nila, maaari kang magbahagi ng isang panahon na tinulungan ka ng Diyos sa iyong mga pagsubok at magpatotoo na alam mong matutulungan din Niya sila. Sinabi ng Panginoon na pinalalakas Niya tayo sa ating mga pagsubok "upang kayo ay tumayong mga saksi para sa akin magmula ngayon, at upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga paghihirap" (Mosias 24:14). Makatatayo tayo bilang Kanyang mga saksi kapag nagpatotoo tayo kung paano Niya tayo tinulungan sa ating mga pagsubok.



## Manatiling Nakatuon sa Tagapagligtas at sa Kanyang Doktrina

Itinuro ni Pangulong Ballard, "Bagama't mapapatotohanan natin ang maraming bagay bilang mga miyembro ng Simbahan, may mahahalagang katotohanan tayong dapat iturong lagi sa isa't isa at ibahagi." Bilang mga halimbawa, itinala niya: "Ang Diyos ang ating Ama at si Jesus ang Cristo. Ang plano ng kaligtasan ay nakasentro sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ipinanumbalik ni Joseph Smith ang kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo ni Jesucristo, at ang Aklat ni Mormon ay katibayan na ang ating patotoo ay tunay." Kapag ipinahayag natin ang taos-pusong mga katotohanang ito, inaanyayahan natin ang Espiritu na magpatotoo na ang sinabi natin ay totoo. Binigyang-diin ni Pangulong Ballard na "hindi mapipigilan ang Espiritu kapag dalisay ang patotoo kay Jesucristo."[2]



## Paanyayang Kumilos



Huwag matakot na ibahagi ang iyong patotoo. Mapagpapala nito ang mga pinaglilingkuran mo. Paano mo magagamit ang mga ideyang ito o ang sarili mong ideya para ibahagi ang iyong patotoo ngayon? ■


**MGA TALA**

1. M. Russell Ballard, "Dalisay na Patotoo," *Liahona,* Nob. 2004, 40.
2. M. Russell Ballard, "Dalisay na Patotoo," 41.
3. Sa Jason Swensen, "Be Ready to Explain Your Testimony Using the Book of Mormon, President Nelson Says," Church News section ng LDS.org, Peb. 6, 2018, news.lds.org.


### *Ang Isang Simpleng Patotoo ay Makapagpapabago ng mga Buhay*

Nagkuwento si Pangulong Russell M. Nelson tungkol sa isang nars na nagtanong sa noon ay Dr. Nelson matapos ang isang mahirap na operasyon. "Bakit hindi kayo katulad ng ibang mga surgeon?" Ang ilang surgeon na kilala niya ay mainitin ang ulo at nagmumura habang isinasagawa ang nakaka-stress na mga operasyon.

Maaaring sumagot si Dr. Nelson ng anuman sa napakaraming paraan. Ngunit sumagot lamang siya ng, "Dahil alam kong totoo ang Aklat ni Mormon."

Ang kanyang sagot ang nag-udyok sa nars at sa kanyang asawa na pag-aralan ang Aklat ni Mormon. Kalaunan ay bininyagan ni Pangulong Nelson ang nars. Pagkaraan ng ilang dekada, habang namumuno sa isang kumperensya sa stake sa Tenessee, USA, bilang bagong-tawag na Apostol, nasiyahan si Pangulong Nelson sa isang di-inaasahan na muling pagkikita nila ng nars na ito. Isinalaysay ng nars na ang kanyang pagbabalik-loob, na bunsod ng simpleng patotoo ni Pangulong Nelson at ng impluwensya ng Aklat ni Mormon, ang tumulong sa pagbabalik-loob ng 80 iba pa.[3]

Ang mga artikulo tungkol sa "Mga Alituntunin ng Ministering" ay nilayon para tulungan tayong magmalasakit sa isa't isa—hindi para ibahagi bilang mga mensahe sa mga oras ng pagbisita. Kapag nakikilala natin ang mga pinaglilingkuran natin, magpapahiwatig ang Espiritu Santo para malaman natin kung anong mensahe ang maaaring kailangan nila bilang karagdagan sa ating pangangalaga at habag.


**IBAHAGI ANG INYONG MGA KARANASAN**

Ipadala sa amin ang inyong mga karanasan sa paglilingkod o sa pagtanggap ng paglilingkod mula sa ibang tao. Pumunta sa liahona.lds.org at i-klik ang "Submit an Article or Feedback."



Paano mananatiling mapayapa, masayahin, at matatag ang mga taong humaharap sa mga pagsubok?





**Ni Elder Carlos A. Godoy**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Mga Pinagmumulan ng Kapayapaan at Kapangyarihan

Ang isa sa mga pinaka-nakaaantig na karanasan ko bilang General Authority ay nang maglingkod ako sa minamahal nating mga Banal sa Venezuela. Ang mga tao roon, kabilang na ang mga miyembro ng Simbahan, ay mahirap ang pamumuhay. Gayunman, bagamat ganito nga ang realidad, nakikita ko rin, sa madalas kong pagbisita sa bansa, na may pagkakaiba sa pagitan ng pangkalahatang populasyon at ng mga Banal sa mga Huling Araw.

## Ang Karanasan sa Venezuela

Ginagawa ng mga Banal sa Venezuela ang lahat ng makakaya nila. Totoo na marami ang nagdurusa at nahihirapan, at ang Simbahan ay aktibo sa pagtulong sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng mga pondong mula sa handog-ayuno, programang pangkapakanan, at inisyatibo sa self-reliance. Ngunit kahit maraming bagay na maaaring ikalungkot ng mga Banal, sa kabila ng lahat ng mga pagsubok na hinaharap nila, masasayang tao sila— payapa sa kanilang sarili, madalas na nakangiti, at umaasa sa mas magagandang araw sa hinaharap.

Totoo ito para sa mga kabataan ng Simbahan sa Venezuela. Ang kanilang mga pagsubok na personal at sa pamilya ay mas nagpapalakas sa kanila at inihahanda sila para sa hinaharap. At totoo rin ito para sa ating mga missionary sa Venezuela. Kailangan nilang maging malakas para sa kanilang mga sarili, para sa kanilang mga investigator, at para sa kanilang mga pamilya. At ganoon sila. Ipinapaalala nila sa atin ang 2,000 kabataang mandirigma ni Helaman. Bagamat kaunti ang kanilang bilang, sila ay "napakagiting" (tingnan sa Alma 53:20–21). Sa Venezuela, inihahanda ng Panginoon ang isang matatag na henerasyon ng mga ina, ama, at pinuno. Sa tuwing kasama namin ang mga Banal doon, kami ay napupuspos ng pananampalataya sa ebanghelyo at sa hinaharap.

## Kapayapaan sa Panahon ng Kaguluhan

Paano nagagawa ng mga miyembrong ito, na humaharap sa mga pagsubok na tulad nito, na manatiling payapa, masayahin, at malakas? Naniniwala ako na ang nangyayari sa marami sa kanila ay na mas umaasa sila sa Diyos. Dahil dito, nakatatanggap sila ng lakas mula sa pinagmumulan ng lahat ng kalakasan. Nakikilala nila ang mga pagpapala na natatanggap nila mula sa Ama sa Langit, umaasa sila sa kapangyarihan ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala, at sila ay pinapanatag, tinutulungan, at pinalalakas ng Espiritu Santo. Bunga nito, mas nagiging magaan ang kanilang mga pasanin, napapawi ang kanilang kalungkutan, at nakasusumpong sila ng kapayapaan sa gitna ng kanilang mga pagsubok.

Ang mga miyembro sa Venezuela ay nakararanas ng isang modernong halimbawa ng pangyayaring naganap kina Alma at sa kanyang mga tao sa Aklat ni Mormon:

"At ito ay nangyari na, na ang mga pasaning ipinataw kay Alma at sa kanyang mga kapatid ay pinagaan; oo, pinalakas sila ng Panginoon upang

*YOUNG ASTRONOMER,* NI BRIAN KERSHISNIK

DETALYE MULA SA *IMMIGRATION OF THE SAINTS,* NI BRIAN KERSHISNIK

mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon" (Mosias 24:15).

### Ang Nakatutubos na Kapangyarihan ni Jesucristo


Ang aking patotoo sa hangarin ng Diyos na pagpalain tayo ay naging mas malakas sa paggugol ko ng panahon sa piling ng mga miyembro sa Venezuela. Tulad ng naranasan ni Alma at ng kanyang mga tagasunod, ang mga Banal sa Venezuela ay pinalakas, at ang kanilang pinag-ibayong kakayahan ay nagpagaan sa kanilang mga pasanin. Inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya kung mayroon tayong mabibigat na pasanin, at tayo

*Ang mga Banal sa Venezuela ay masasayang tao—payapa sa kanilang sarili, madalas na nakangiti, at umaasa sa mas magagandang araw sa hinaharap.*

Lahat tayo ay magkakaroon ng mga hamon at pagsubok sa ating buhay. Kapag nangyari iyan, dapat nating itanong sa ating mga sarili:

- Bumabaling ba tayo sa Diyos para tulungan tayo na malampasan ang mahihirap na panahong iyon?
- Handa ba tayong gawin ang kinakailangan para maging mas mabubuting tao at para magkaroon ng mga katangiang katulad ng kay Cristo na kinakailangan para sa ating pag-unlad?
- Nauunawaan ba natin na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, makasusumpong tayo ng lakas at pag-asa?






*Ang isang paraan na nananatili silang matatag ay sa pakikinig sa payo ng mga propeta at apostol, gaya ng ginawa ng mga Banal na ito nang magsalita si Elder Quentin L. Cook sa Caracas, Venezuela, noong 2013.*

ay makasusumpong ng kapahingahan (tingnan sa Mateo 11:28–30). Ang mabubuting miyembrong ito ay binigyan ng lakas upang madala ang kanilang pasanin sa pamamagitan ng lakas ng Panginoon.

Bilang bunga ng kanilang mga pagsubok, at bilang pagpapala sa kanilang pagtitiwala sa Tagapagligtas at sa Kanyang biyaya, nakaranas sila ng pagbabago ng puso at bawat isa ay naging "tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa [kanila], maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama" (Mosias 3:19).

Bilang buod, sa pamamagitan ng mga pagsubok ay nagkaroon sila ng mga katangiang katulad ng kay Cristo na hinahangad ng lahat ng mga disipulo ni Cristo na makamtan.

Ang nangyari sa kanila ay ang proseso rin na dapat maganap sa bawat isa sa atin.

Paano at bakit nakapagbibigay ng ganoong kapanatagan at kapangyarihan ang Tagapagligtas? Sinasabi sa atin sa mga banal na kasulatan: "At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.

"At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:11–12).

### Nalalaman ng Panginoon

Tulad ng itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang



*Ang isang pamatok ay nagbibigay ng kakayahan sa mga hayop na magkakasamang humila nang may kapangyarihan, tulad ng pamatok ni Jesucristo na nag-uugnay sa atin sa Kanyang nakatutubos at nakapagbibigay-kakayahang kapangyarihan.*

Tagapagligtas ay nagdusa hindi lamang para sa ating mga kasamaan kundi para din sa hindi pagkakapantay-pantay, kawalang-katarungan, sakit, kalungkutan, at mga paghihirap ng damdamin na madalas dumating sa atin. . . . Sa sandali ng kahinaan maaari nating ibulalas, 'Walang nakakaalam ng pinagdaraanan ko. Walang nakaaalam.' Walang tao, marahil, na nakaaalam. Ngunit ang Anak ng Diyos ay lubos na nakaaalam at nakauunawa, dahil Kanyang dinanas at pinasan ang ating mga pasanin bago pa natin naranasan ang mga ito. At dahil binayaran Niya at pinasan ang pasaning iyan, lubos Niya tayong nauunawaan at maiuunat Niya ang Kanyang bisig ng awa sa napakaraming aspeto ng ating buhay" ("Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad," *Liahona,* Abr. 2012, 19).

Pagkatapos ay binanggit ni Elder Bednar ang banal na kasulatang ito, na tumutulong sa atin na maunawaan na dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang bawat isa sa atin ay nakahahanap ng kapayapaan:

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:28–30).

Nais kong idagdag ang aking patotoo sa mga salita ni Elder Bednar. Alam ko sa pamamagitan ng personal na karanasan na makahahanap tayo ng lakas at kapayapaan sa mapagmahal na mga bisig ng ating Tagapagligtas. Ang nakatutubos at nakapagbibigay kakayahang kapangyarihan ng Tagapagligtas ay hindi lamang pinagmumulan ng kapatawaran ng ating mga kasalanan kundi isa ring makapangyarihang mapagkukunan ng pag-asa, kapayapaan, lakas, kapanatagan, mga talento, inspirasyon, at ng lahat ng kinakailangan para tulungan tayo sa ating paglalakbay sa buhay na ito at magtagumpay. Talagang makakaasa tayo sa "kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:8).

**Ang Ating Sariling Pagsasabuhay**

Paano tayo makikinabang sa pinagkukunan ng lakas na ito? Ang ang kailangan nating gawin para matanggap ang kailangan nating tulong?


Una, kailangan nating magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Kailangan nating maunawaan na Siya at ang Kanyang Ama ang mga pinagmumulan ng kapayapaan at kapangyarihan. Ginagawa nilang posible ang lahat ng bagay.

*Alalahanin na kapag ginagawa natin ang ating bahagi, ang Panginoon ay nasa tabi natin. Di tayo kailangang mag-isang makipaglaban sa ating bahagi sa digmaan.*

Pagkatapos, kailangan nating kumilos at gawin ang lahat ng ating makakaya sa anumang bagay na ating pinagdaraanan. Maaaring nagsisikap tayong madaig ang isang kahinaan, naghahanap ng lunas sa ating kalungkutan, o nagsisikap linangin ang isang talento. Kahit na tila hindi sapat minsan ang lahat ng ating magagawa, kung talagang ibinibigay natin ang pinakamabuti, ipagkakaloob sa atin ng Panginoon ang ating kailangan sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

"Kapag naunawaan natin at ginamit ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa ating sariling buhay, mananalangin at hihingi tayo ng lakas na mabago ang ating sitwasyon sa halip na manalanging baguhin ang ating sitwasyon. Tayo ay magiging taong kumikilos sa halip na mga bagay na pinakikilos (tingnan sa 2 Nephi 2:14)" ("Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad," *Liahona,* 16).

Dapat din nating alalahanin na kapag ginagawa natin ang ating bahagi, ang Panginoon ay nasa tabi natin. Di tayo kailangang mag-isang makipaglaban sa ating bahagi sa digmaan. Makakasama natin Siya, mula sa pinakasimula hanggang sa pinakadulo. Nagpapatotoo ako na totoo ang mga salita ni Isaias: "Sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay hahawak ng iyong kanang kamay, na magsasabi sa iyo, Huwag kang matakot; aking tutulungan ka" (Isaias 41:13). Totoo ito para sa mga Banal sa Venezuela, at totoo ito para sa mga Banal sa lahat ng panig ng mundo. ■





**Ni Elder Dieter F. Uchtdorf**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Inyong Pakikipagsapalaran sa Mortalidad

Maniwala—at sasamahan kayo ng Diyos. Ibaling ang inyong puso sa Kanya—at gagabayan Niya kayo sa inyong paglalakbay.

*Mula sa pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult na, "Ang Pakikipagsapalaran sa Mortalidad," na ibinahagi nina Elder Dieter F. Uchtdorf at Sister Harriet Uchtdorf sa Conference Center noong Enero 14, 2018.*

Nagagalak akong makasama kayo ngayon at madama ang inyong kahanga-hangang espiritu, lakas, at liksi. Masayang-masaya ako na nagkaroon kayo ng pagkakataong makinig mula kay Sister Uchtdorf. Tunay na si Harriet ang liwanag ng buhay ko. Minamahal siya ng lahat ng nakakakilala sa kanya. Siya ang klase ng tao na mas pinabubuti at pinasasaya ang mga nasa paligid niya. Ganoon din talaga ang impluwensya niya sa akin.

Katatapos lang naming ipagdiwang ang ika-55 anibersaryo ng aming kasal. Kapag tinitingnan namin ang aming dalawang anak at kanilang asawa, anim na apo kasama ang kanilang mga pamilya, at apat na apo sa tuhod, namamangha kami sa kadakilaan ng pakikipagsapalarang ito sa aming buhay.

## Ang Panahon ng mga Madaliang Sagot

May naisip akong isang nakatutuwang ideya habang pinaghahandaan ko ang okasyong ito. Oo, totoo, halos hindi ko na makita sa salamin ang hitsura ko noong ako ay edad 18 hanggang 30 pa lang, ngunit sa kabila ng edad ko ngayon, bata pa rin ang pakiramdam ko. Katunayan, itinuturing ng karamihan sa aming mga nakatatanda na mga bata kami na nabubuhay nga lang nang matagal.

Kapag tiningnan ninyo kami, na "nakatatandang henerasyon," baka magulat kayo kung gaano kalaki ang pagkakatulad namin sa inyong henerasyon kaysa inaakala ninyo. Naniniwala ako na ang mga pagkakaiba ng mga anak ng Ama sa Langit, anuman ang edad nila, ay hindi gaanong malaki kumpara sa mga pagkakatulad. Halimbawa, marami sa inyo ang may mga tanong tungkol sa Diyos at sa inyong sarili—malalalim at mahahalagang tanong na itinatanong din ng mas matatanda pa sa inyo:

"Talaga bang mayroong Diyos? Nagmamalasakit ba Siya?"

"Nasa tamang landas ba ako?"

*PINE TREE SA ST. TROPEZ, NI PAUL SIGNAC, MULA SA GETTY IMAGES*



*"Ang pagtanggap sa mga sagot [ng langit] ay kadalasang nangangailangan ng sakripisyo, pagsisikap, at tiyaga." sabi ni Elder Uchtdorf, na kasama sa retrato ni Sister Uchtdorf at ng mga young adult sa Conference Center.*

"Bakit kung minsan pakiramdam ko wala akong kabuluhan, labis na nabibigatan, nakakaligtaan, o nalulungkot?"

"Bakit hindi iniimpluwensyahan ng Diyos ang buhay ko?"

"Bakit hindi Niya sinagot ang isang dalangin ko?"

"Bakit hinayaan Niyang danasin ko ang kalungkutan, karamdaman, o trahedyang ito?"

Maaaring mahirap sagutin ang mga tanong na ito.

Sa panahong ito ng madaliang mga sagot—kung saan ang tila lubos at hindi mapag-aalinlanganang kaalaman ay madali lang mahanap sa Google search—kung minsa'y naiinis tayo kapag natatagalan ang mga sagot sa ating pinakapersonal, mahalaga, at apurahang mga tanong. Nagsusumamo tayo sa langit, at tila ang napapala lang natin ay isang nakaiinis at umiikot na "wait cursor."

Ayaw nating maghintay.

Kapag kailangan nating maghintay nang higit pa sa ilang segundo para sa tugon ng search engine, maaaring naiisip natin na mahina o sira ang koneksyon. Sa ating pagkayamot, baka hindi pa natin ituloy ang paghahanap. Pero pagdating sa mga tanong na pangwalang-hanggan, mga bagay na may kinalaman sa kaluluwa, dapat ay mas matiyaga tayo.

Hindi lahat ng sagot ay magkakapareho ang halaga. Ang mga sagot na nagmumula sa makamundong karunungan o opinyon ng karamihan ay madaling dumating, ngunit madali ring mawalan ng kabuluhan kapag lumilitaw ang mga bagong teoriya o uso. Ang mga sagot ng langit—mga sagot na pangwalang-hanggan—ay napakahalaga. Para matanggap ang mga sagot na ito, kadalasa'y kailangan ang sakripisyo, pagsisikap, at tiyaga.

Ang mga sagot na ito ay nararapat hintayin.

Ang layunin ko ngayon ay ibahagi sa inyo ang aking tiyak na patotoo na kilala kayo ng Ama sa Langit, naririnig Niya kayo, at hinding-hindi Niya kayo pababayaan. Kapag ibinaling ninyo ang inyong puso sa Kanya at nagsikap kayong sundan ang Kanyang yapak, iimpluwensyahan Niya ang inyong buhay at itutuwid ang inyong landas habang naglalakbay kayo sa dakila at kapana-panabik na pakikipagsapalarang ito sa mortalidad.

## Pag-uugnay ng mga Pangyayari

Narito ang ideya ng isa sa mga dakilang innovator ng ating panahon na si Steve Jobs ng Apple: "Hindi ninyo mauunawaan ang mga mangyayari sa inyo sa pagtingin sa hinaharap; magkakaroon lamang ng katuturan ang mga ito sa paggunita sa nakaraan. Kaya kailangan

ninyong magtiwala na kahit paano'y magkakaroon ng katuturan ang mga nangyayari sa inyo sa hinaharap."[1]


*Kapag tiningnan natin ang ating buhay batay sa ebanghelyo ni Jesucristo, makikita natin kung paano nagkakaugnay-ugnay ang mga pangyayari sa ating buhay.*

Ano ang ibig niyang sabihin diyan? Noong mga huling taon ng ika-19 na siglo, nagsimulang magpinta ang mga pintor na katulad nina Georges Seurat at Paul Signac gamit ang isang bagong estilo na kikilalaning neo-impressionism. Ang kanilang pamamaraan ay binubuo ng paglalagay ng mga tuldok sa mga canvas gamit ang maliliit na batik-batik na kulay. Sa malapitan, makikita ninyo ang mga tuldok na ito na maaaring mukhang hindi magkakadikit at hindi maayos. Ngunit kapag tiningnan ninyo ang buong larawan, makikita ninyo kung paano naghahalo ang mga kulay ng mga tuldok at kung paano bumubuo ng mga hugis ang mga kulay na nagpapakita ng isang magandang larawan. Ang dati na tila walang direksyon at nakalilito pa ay nagkakaroon na ng katuturan.

Kung minsan ang ating buhay ay parang neo-impressionistic art. Ang tulduk-tuldok na kulay na bumubuo sa mga sandali at kaganapan sa ating buhay ay maaaring magmukhang hindi magkakakonekta at magulo kung minsan. Wala tayong nakikitang kaayusan dito. Hindi natin maisip kung may layunin man lang ito.

Gayunman, kapag itinuon natin ang ating pananaw sa kawalang-hanggan, kapag tiningnan natin ang ating buhay batay sa ebanghelyo ni Jesucristo, makikita natin kung paano nagkakaugnay-ugnay ang mga pangyayari sa ating buhay. Maaaring hindi natin nakikita ang buong larawan sa ngayon, ngunit sa pagtitiyaga sapat ang makikita natin para magtiwala na may isang maganda at engrandeng disenyo. At kapag sinikap nating magtiwala sa Diyos at sinusunod ang Kanyang Anak na si Jesucristo, makikita





*ANG PALASYO NG PAPA SA AVIGNON*, NI PAUL SIGNAC, MULA SA GETTY IMAGES



*Kailangan ninyong itanong sa inyong sarili, "Magkakaroon ba ako ng sapat na pananampalataya na manalig sa Diyos? Handa ba akong magtiwala na mahal Niya ako at nais Niya akong patnubayan sa aking landas?"*



natin balang-araw ang natapos na disenyo, at malalaman na mismong kamay ng Diyos ang umaakay at gumagabay sa ating mga hakbang.

Malalaman natin na noon pa pala may plano ang Dalubhasang Pintor para sa mga pangyayaring iyon sa ating buhay. Makikita natin na dinagdagan Niya ang ating mga talento, naghanda Siya ng mga pagkakataon, at ipinaalam Niya sa atin ang mga posibilidad na mas maluwalhati kaysa maiisip o magagawa natin nang mag-isa. Nakita ko na ito sa sarili kong buhay.

### Ang Aking Pakikipagsapalaran sa Mortalidad

Noong batang-bata pa ako, dalawang beses na sapilitang pinaalis ang pamilya ko sa aming tahanan at iniwanan namin ang lahat. Sa dalawang pagkakataong ito, naging malinaw na ang tingin sa amin ng mga tao sa bago naming lokasyon ay "mas mababa" kami kaysa sa kanila. Para sa mga batang kaedad ko, tagalabas ako dahil sa punto ko, at kinutya at pinagtawanan nila ako dahil dito.

Ang hirap at pagod na dulot ng paglipat-lipat ng tirahan ay naging dahilan para mapag-iwanan ako sa aking pag-aaral, at nasayang ko ang isang buong taon ng pasukan sa eskuwela. Sa East Germany, nag-aral ako ng Russian bilang pangalawang wika. Mahirap, pero kinaya ko. Ngayon, sa West Germany, kinailangan kong matuto ng Ingles.

Tila imposible iyon para sa akin! Naniwala ako na hindi talaga para sa wikang Ingles ang buka ng bibig ko.

Noong tinedyer na ako, nagkagusto ako sa isang lubhang kahanga-hangang babae na maganda at malaki ang kulay-brown na mga mata. Sa kasamaang-palad, tila hindi siya interesado sa akin kahit kaunti.

Kaya hayun ako, isang medyo walang halaga at nagpupunyaging binatilyo na nabubuhay pagkaraan ng digmaan sa Germany na tila walang gaanong pagkakataong magtagumpay sa buhay.

Gayunman, may dalawang mabubuting bagay akong natutuhan. Nalaman ko na mahal ako ng aking pamilya. Sa eskuwela at sa simbahan, hinikayat ako ng mga guro na palaging taasan ang aking mga mithiin. Naaalala ko pa nang ituro ng isang Amerikanong missionary ang konseptong ito mula sa mga banal na kasulatan: "Kung ang Dios ay kakampi [mo], sino ang laban sa [iyo]?"[2]

May isang bagay tungkol dito na nagbigay sa akin ng malaking kapangyarihan. "Kung gayon," naisip ko, "bakit ako matatakot?"

Kaya, naniwala ako. At nagtiwala ako sa Diyos.

May panahon na pumasok ako sa isang apprenticeship program. Hinamon ako ng isa sa mga guro ko na galingan ko pa at mag-aral ako ng mechanical engineering sa gabi. Kinailangan nito ng dagdag na pagsisikap, ngunit dahil dito ay natuklasan ko na mahilig pala ako sa pagpapalipad ng eroplano! Ikinagulat ko nang malaman ko na para maging piloto, kailangan kong matuto ng Ingles. Pero gusto kong maging piloto, at halos mahimalang nagbago ang buka ng bibig ko, at hindi na imposible sa akin na matutong magsalita ng Ingles.

Sa bagong motibasyon, bagong pangakong

magpakasipag, at tiwala sa Ama sa Langit, humakbang ako nang paunti-unti na nakatulong sa akin para magkaroon ng tiwala na magagawa ko iyon. Siyempre, hindi iyon nangahulugan na palaging maayos ang lahat.

Noong 19 anyos ako, naglakbay ako patungong San Antonio, Texas, USA, para simulan ang pilot training ko sa air force. Sa eroplano, naupo ako sa tabi ng isang lalaki na may puntong Texan. Nasindak ako nang matuklasan ko na ang Ingles na pinagsikapan kong matutuhan ay hindi katulad ng Ingles na sinasalita niya!

Sa pilot training school, mahirap din ang mga bagay-bagay. Napakatindi ng kumpetisyon sa kursong iyon, na bawat isa ay gustong manguna sa pagtatapos. Agad kong natanto na hindi maganda ang sitwasyon ko dahil karamihan sa mga kaklase ko ay nagsasalita ng katutubong Ingles.

Binalaan ako ng mga flight instructor ko tungkol sa isa pang potensyal na problema—matagal akong magsimba. Masaya akong tinanggap ng mga miyembro doon sa kanilang branch at sa kanilang tahanan, at magkakasama pa kaming nagtayo ng chapel sa Big Spring, Texas. Nag-alala ang aking mga instructor na baka makasira ang mga aktibidad na ito sa pagkakataon kong mapataas ang aking marka. Hindi ko naisip ang ganoon. Kaya nagtiwala ako sa Diyos at ginawa ko ang lahat ng kaya ko.

Kalaunan, natuto ako ng Ingles, bagama't pinag-aaralan ko pa rin ito. Nakumpleto ko ang pilot training ko—at ako ang nanguna sa pagtatapos ng klase. Naging fighter pilot ako at kalaunan ay naging airline captain.



MGA IGINUHIT NA PINTURA MULA SA GETTY IMAGES

At ang babaeng pangarap ko na may maganda at kulay-brown na mga mata ang napangasawa ko.

### Gawin ang Maliliit na Bagay nang Perpekto

May aral ba rito? Palagay ko may ilan!

Isa na marahil ito: Huwag mag-alala nang labis sa malalaki at mahihirap na gawain sa buhay. Kung nangangako kayong gawin ang "madadaling" bagay—ang "maliliit" na bagay na ipinagagawa sa inyo ng Diyos—at gagawin ninyo ito nang perpekto hangga't kaya ninyo, susunod na ang malalaking bagay.

Ang ilan sa maliliit at madadaling bagay na ito na magagawa ninyo nang perpekto ay ang mag-aral ng mga banal na kasulatan araw-araw, sundin ang Word of Wisdom, magsimba, magdasal nang may tunay na layunin, at magbayad ng ikapu at mga handog.

Gawin ang mga bagay na ito kahit ayaw ninyo. Maaaring mukhang maliliit lang ang "mga sakripisyo" na ito, ngunit mahalaga ang mga ito, dahil "biyaya'y bunga ng pagpapakasakit."[3]

Sa isang banda, ang maliliit at simpleng mga sakripisyo ninyo ang mga tuldok sa araw-araw na pamumuhay na bumubuo sa obra-maestra ng inyong buhay. Maaaring hindi pa ninyo makita ang pagkakaugnay ng mga pangyayari sa ngayon, at hindi pa naman ninyo kailangan. Magkaroon lang ng sapat na pananampalataya sa kasalukuyan ninyong pamumuhay. Magtiwala sa Diyos, at "mula sa maliliit na bagay [ay darating] ang yaong dakila."[4]

### Magtiwala sa Diyos

Ngayon, iniisip ninyo siguro: "Opo, Elder Uchtdorf, napakadali niyan para sa inyo. Pero isa kayong Apostol. Karaniwang miyembro lang ako ng Simbahan. Hindi nasasagot ang mga panalangin ko. Walang direksyon ang buhay ko. Kung may plano man para sa akin, kakarampot lang iyon kumpara sa inyo. Tira-tira lang ang planong iyon. Isang planong ibinigay para lang ipaalam na inaalala ka ng Diyos at dapat kang makuntento sa anumang mayroon ka."

Mahal kong mga kaibigan, kayo ay mga anak ng buhay na Diyos, ang Diyos ng sansinukob. Mahal Niya kayo, gusto Niya kayong magtagumpay, may plano Siyang inihanda para magtagumpay kayo. Alalahanin ang sinabi ni Steve Jobs: "Hindi ninyo mauunawaan ang mga mangyayari



sa inyo sa pagtingin sa hinaharap; magkakaroon lamang ng katuturan ang mga ito sa paggunita sa nakaraan."

Noong kaedad ninyo ako, hindi ko alam kung ano ang kahihinatnan ng buhay ko. Wala talaga akong nakitang anumang pagkakaugnay sa mga nangyayari sa akin.

Ngunit nagtiwala ako sa Diyos. Nakinig ako sa payo ng mapagmahal na pamilya at matatalinong kaibigan, at gumawa ng maliliit na hakbang nang may pananampalataya, naniniwala na kung ginawa ko ang lahat sa sandaling iyon, Diyos na ang bahala sa lahat.

At ginawa nga Niya.

Alam Niya ang katapusan sa simula pa lang samantalang hindi ko alam iyon.

Hindi ko makita ang hinaharap, pero nakikita Niya ito.

Kahit sa mga oras ng paghihirap na akala ko ay iniwan Niya ako, kasama ko Siya—nauunawaan ko na iyan ngayon.

Sa Mga Kawikaan makikita natin ang magandang pangakong ito: "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

"Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas."[5]

Hindi ako naniniwala na may question mark sa dulo ng talatang iyon. Hindi, palagay ko dapat ay may exclamation point doon!

Kaya kailangan ninyong itanong sa inyong sarili, "Magkakaroon ba ako ng sapat na pananampalataya na manalig sa Diyos? Handa ba akong magtiwala na mahal Niya ako at nais Niya akong patnubayan sa aking landas?"

Sa katunayan, baka mahusay ninyong magawa ang maraming bagay nang mag-isa. Ngunit hinihikayat ko kayong maniwala na labis-labis na mas gaganda ang inyong buhay kung aasa kayo na gagabayan kayo ng Diyos sa inyong mga hakbang. May alam Siyang mga bagay na posibleng hindi ninyo alam, at may inihanda Siyang kinabukasan para sa inyo na hindi ninyo sukat akalain. Pinatotohanan ng dakilang si Apostol Pablo, "Walang matang nakakita, ni taingang nakarinig, ni isipang nakaisip sa naihanda ng Diyos para sa mga taong nagmamahal sa kanya"[6]

Gusto ba ninyo na gabayan, pagpalain, at alalayan kayo ng inyong Ama sa Langit?

Kung gayo'y maniwala.

Mahalin Siya.

Buong puso Siyang hanapin.

Lumakad sa Kanyang mga daan—na ibig sabihin ay sundin ang mga kautusan, igalang ang inyong mga tipan, sundin ang mga turo ng mga propeta, at pakinggan ang mga pahiwatig ng Espiritu.

Gawin ito at kayo ay "daragdagan ng Panginoon nang makalibong beses at pagpapalain kayo tulad ng ipinangako niya sa inyo!"[7]

Nauunawaan ko na para sa ilan maaaring tila madali itong sabihin at mahirap gawin. Hindi ninyo kailangang lumayo sa kultura ngayon para marinig ang magkakasalungat na tinig na nagpapahina ng loob o nanunuya pa nga sa pananalig sa Diyos sa pangkahalatan, at lalo na sa ating relihiyon.

Ang mga tinig na iyon ay pinalalaki sa ating panahon sa pamamagitan ng walang kapantay na pag-unlad sa komunikasyon. Iyon ang inyong hamon, ngunit pribilehiyo rin ninyo ito.

Tiwala ako na makakahanap kayo ng paraan para harapin ito sa paraan ng Panginoon! Bahagi iyan ng inyong pakikipagsapalaran sa mortalidad. Ang paraan ninyo sa paggawa nito ay makaiimpluwensya nang malaki sa inyong kinabukasan at sa papel na inyong ginagampanan sa gawain ng Diyos dito sa lupa.

Gayunpaman, hindi naiiba ang inyong nararanasan sa buhay. Hindi lang kayo ang henerasyon na ang pananampalataya sa Diyos ay dumanas ng pagsubok at pangungutya. Sa katunayan, tila bahagi na ito ng pagsubok sa mundo sa lahat ng anak ng Diyos.

"Kung kayo'y taga sanglibutan," sabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, "ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili: nguni't sapagka't kayo'y hindi taga sanglibutan, kundi kayo'y hinirang ko sa sanglibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanglibutan."[8]

Makabubuting tanggapin ninyo ang posibilidad na sa sandaling mangako kayong sundin ang Tagapagligtas, ang mga taong nasa malaki at maluwang na gusali ay hindi sasang-ayon—nang hayagan, kung minsan.[9] Maaaring tangkain nilang pagmalupitan kayo at ipahiya.

Ngunit tandaan na hindi kayo nananagot sa kanila. Nananagot kayo sa Diyos. Balang-araw tatayo kayo sa Kanyang harapan at mag-uulat ng inyong buhay.

Itatanong Niya kung ano ang ginawa ninyo para madaig ang mga tukso ng mundo at matahak ang tuwid na landas. Itatanong Niya kung sinundan ninyo ang Tagapagligtas, kung minahal ninyo ang inyong kapwa, kung masigasig kayong nagsikap na manatili sa landas ng pagkadisipulo.

Tandaan, hindi kayo makikinabang sa dalawang magkaibang paraan! Hindi kayo maaaring tumanggap ng mga dakilang pagpapala ng pagkadisipulo hangga't patuloy kayong nagsisimba sa Babylon First Ward. Mahal na mga kaibigan, panahon na para maging tapat kay Cristo at sundan ang Kanyang landas.

Balang-araw malalaman ng lahat ng anak ng Diyos ang tama—pati na ng mga kumukutya ngayon sa katotohanan. Luluhod sila at magpapahayag na si Jesus ang Cristo, ang Manunubos, ang Tagapagligtas ng mundo.[10] Malalaman nila na Siya ay namatay para sa kanila.

Sa araw na iyon magiging malinaw na Kanyang tinig lamang ang talagang mahalaga.

Malalaman ninyo nang may katiyakan kung gaano kayo pinagpala dahil patuloy kayong sumampalataya, sumunod sa mga utos ng Diyos, naglingkod sa inyong kapwa, at nagtayo ng kaharian ng Diyos dito sa lupa. Minamahal kong mga kaibigan, maniwala—at sasainyo ang Diyos. Ibaling ang inyong puso sa Kanya—at gagabayan Niya kayo sa inyong paglalakbay sa dakila at kapana-panabik na pakikipagsapalarang ito sa mortalidad.

### "Hindi Ito Mahalaga"

Kapag pinag-uusapan natin ang pagpapagabay sa Diyos sa ating buhay, gusto kong linawin ang isang bagay. Maaaring hindi ninyo magustuhan ang sasabihin ko sa inyo. Kapag itinanong ninyo sa Diyos kung ano ang gagawin sa mga desisyon ninyo sa buhay—pati na sa ilang mahahalagang desisyon—maaaring hindi Niya kayo bigyan kaagad ng malinaw na sagot. Ang totoo, kung minsa'y hindi mahalaga sa Panginoon kung ano ang desisyon ninyo, basta't nananatili kayong tapat sa mga pangunahing tipan at alituntunin ng ebanghelyo.

Sa maraming pagkakataon, ang mga desisyon ninyo ay maaaring hindi kasinghalaga ng ginagawa ninyo matapos kayong magdesisyon.

Halimbawa, maaaring piliing magpakasal ng isang magkasintahan kahit isipin pa ng kanilang pamilya na hindi sila tama para sa isa't isa. Gayunpaman, malaki ang pag-asa ko para sa magkasintahang iyon kung sila, matapos magdesisyon, ay nananatiling lubos na tapat sa isa't isa at sa Panginoon nang buong puso't isipan. Sa pakikitungo sa isa't isa nang may pagmamahal at kabaitan at pagtutuon sa emosyonal, espirituwal, at temporal na pangangailangan ng isa't isa—sa patuloy na paggawa ng maliliit na bagay—nagiging tama sila para sa isa't isa.

Kabaligtaran nito ang magkasintahang iniisip na pinili nila ang "tamang" tao at pagkatapos ay inaakala na tapos na ang mabibigat na problema. Kung titigil sila sa pagsusuyuan, titigil sa pag-uusap nang sarilinan, at magiging makasarili at sarili na lang nila ang kanilang iisipin, ang magkasintahang ito ay nasa landas patungo sa pagdurusa at pagsisisi.

Ganyan din ang alituntuning angkop sa pagpili ng trabaho. Malaki ang pag-asa ko sa mga pumipili ng trabaho na hindi gaanong prestihiyoso ngunit ginagawa nila ang lahat para maging kawili-wili at makabuluhan ang kanilang trabaho.

Di-gaanong malaki ang pag-asa ko para sa mga pumipili ng tila napakagandang trabaho ngunit sa katagalan ay nawawalan ng siglang kailangan para magtagumpay sa trabaho nila. Sa katunayan, ang matagumpay na pag-angkop sa mga pagbabago sa trabaho ay magiging isa

sa mga pangunahing katangiang tataglayin ng inyong henerasyon upang makaagapay sa hinaharap.

Kaya paano kayo nais ng Panginoon na gumawa ng malalaking desisyon?

Nakatulong sa akin ang Kanyang mga tagubilin kina Oliver Cowdery at Joseph Smith. Sabi sa kanila ng Panginoon, "Kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama."[11]

Binigyan na kayo ng Ama sa Langit ng utak at puso. Kung nagtitiwala kayo sa Kanya, tutulungan Niya kayong gamitin pareho ang mga ito sa paggawa ninyo ng desisyon.

Sa maraming desisyon, marami kayong magagandang opsiyon na pagpipilian. Nang mangyari ito kay Joseph at sa kanyang mga kasama, ginamit ng Panginoon ang isang magandang parirala nang hingin nila ang Kanyang patnubay: "Hindi ito mahalaga."[12]

Ngunit agad idinagdag ng Panginoon, "Maging matapat lamang."[13]

Ang tungkulin ninyo ay gumawa ng pinakamagagandang desisyon batay sa impormasyong alam ninyo, na nakabatay sa mga pinahahalagahan at alituntunin ng ebanghelyo.



Pagkatapos ay magsikap nang buo ninyong lakas para magtagumpay sa mga bagay na ginagawa ninyo—at maging matapat.

Gawin ninyo iyan, at magkakaugnay-ugnay ang mga pangyayari.

Marahil ay hindi kasiya-siyang marinig na hindi kinakailangang ibigay sa inyo ng Diyos ang detalyadong gagawin sa inyong paglalakbay sa buhay. Ngunit gusto ba ninyo talaga ng direksyon sa bawat detalye ng inyong buhay? Gusto ba ninyo talaga na may isang taong nagbibigay sa inyo ng mga kodigo sa buhay bago kayo magkaroon ng pagkakataong malaman ang mga bagay-bagay para sa inyong sarili? Anong klaseng pakikipagsapalaran kaya iyon?

Mahal kong mga kaibigan, minsan lang ninyo daranasin ang pakikipagsapalarang ito sa mortalidad. Hindi kaya mawala sa isang planadong buhay ng indibiduwal na may kasamang mga problema at sagot sa lahat ng mahahalagang tanong sa buhay ang pagkakataon ninyong makadama ng kasiyahan sa tagumpay at maragdagan ang inyong tiwala sa Panginoon at sa sarili ninyo?[14]

Dahil binigyan na kayo ng Diyos ng kalayaan, marami kayong mapipiling direksyon at magiging kasiya-siya pa rin ang inyong buhay. Ang mortalidad ay isang kuwento ng pakikipagsapalaran na kayo mismo ang pumipili ng kahihinatnan. Nasa inyo ang mga kautusan, mga tipan, inspiradong payo ng mga propeta, at kaloob na Espiritu Santo. Sobra-sobra na iyan para lumigaya kayo sa mundo at sa kawalang-hanggan. Sa kabila niyan, huwag mawalan ng pag-asa kung nakakagawa kayo ng ilang desisyon na di-gaanong perpekto. Diyan kayo natututo. Bahagi iyan ng pakikipagsapalaran!

Wala talagang mga pakikipagsapalarang walang hirap mula simula hanggang wakas, ngunit kung kayo ay matapat, makatitiyak kayo na magiging masaya ang wakas. Gawin nating halimbawa si Jose ng Egipto. Sa maraming paraan, puro kapahamakan ang buhay niya. Ipinagbili siya ng kanyang mga kapatid para maging alipin. Nabilanggo siya sa kasalanang hindi niya ginawa. Sa kabila ng mga kalunus-lunos na sitwasyong ipinaranas sa kanya, nanampalataya pa rin siya. Nagtiwala siya sa Diyos. Masaya niyang tinanggap ang lahat ng iyon. Sa paglipas ng mga taon—kahit mukhang nakalimutan at napabayaan na siya—nanalig siya. Patuloy na ibinaling ni Jose ang kanyang puso sa Diyos. At ipinakita ng Diyos na magagawa Niyang positibo ang mga negatibong bagay.[15]

Ngayon, pagkaraan ng 4,000 taon, inspirasyon pa rin sa atin ang kuwento ni Jose.

Maaaring hindi pambihira ang inyong pakikipagsapalaran na katulad ng sa kanya, ngunit magkakaroon din ito ng mga tagumpay at kabiguan. Kaya, tandaan ninyo ang halimbawa ni Jose. Manatiling tapat. Manalig. Maging matapat. Huwag

sumama ang loob. Huwag mang-api. Mahalin ang Diyos. Mahalin ang inyong kapwa. Magtiwala sa Diyos, kahit tila wala nang pag-asa.

Maaaring hindi pa ninyo nakikita sa ngayon, ngunit balang-araw ay lilingunin ninyo ang nakaraan at malalaman ninyo na tunay ngang pinatnubayan at ginabayan ng Panginoon ang inyong landas.

At nagkaugnay-ugnay nga ang mga pangyayari.

### Limang Bagay na Tatandaan

Hanggang sa sumapit ang araw na iyon, maaari bang tandaan ninyo ang limang bagay?

Una, dapat ninyong malaman na ang mga sagot ng Diyos sa pinakamalalalim na tanong ninyo ay maaaring mangailangan pa ng kaunting panahon at maaaring dumating sa paraang hindi ninyo inaasahan. Ang mga sagot ng Diyos ay walang hanggan ang kahalagahan. Sulit ang paghihintay.

Pangalawa, manampalataya nang kaunti. Ibaling ang inyong puso sa Diyos. Maniwala na mahalaga kayo sa Diyos, at magtiwala na higit ang magagawa Niya sa inyo kaysa magagawa ninyo sa inyong sarili. Matuto sa Kanya. Mahalin Siya. Paniwalaan Siya. Kausapin Siya palagi, nang marubdob. Pakinggan ang Kanyang tinig.

Pangatlo, tahakin sa abot ng inyong makakaya ang landas ng pagkadisipulo. Huwag panghinaan ng loob. Gawin lamang ang maliliit na bagay nang perpekto hangga't kaya ninyo, at malalagay sa tamang lugar ang malalaking bagay.

Pang-apat, huwag hayaang ilihis kayo ng mga tinig na nagpapahina ng loob mula sa landas ng pananampalataya. Tandaan, hindi kayo nananagot sa inyong mga kritiko. Nananagot kayo sa inyong Ama sa Langit. Mahalaga ang Kanyang mga pamantayan.

Panglima, gawin ang pinakamagagandang desisyong magagawa ninyo sa pagsunod sa mga pahiwatig na dumarating sa inyong puso't isipan. Buong pagsisikap na tapusin ang gawain. Manampalataya, at ilalaan ng Diyos ang inyong taimtim na mga pagsisikap para sa inyong walang-hanggang kapakanan.[16]

Gawin ninyo ito, at sa huli, magiging maayos ang lahat.

Habang hinahangad ninyong sundin ang inyong Tagapagligtas, lalago ang inyong tiwala.[17] At habang nabubuhay kayo nang may katapatan at binubuksan ninyo ang inyong puso sa Liwanag ni Cristo, mag-iibayo ang inyong pagmamahal sa Diyos at malilinang ang kakayahan ninyong mahalin ang inyong kapwa.

At lahat ng ito ay magdudulot sa inyo ng kaligayahan at kagalakan.

Magdudulot ito sa inyo ng kapayapaan.

Balang-araw, magdudulot ito sa inyo ng walang-hanggang kaluwalhatian.



Sa araw na iyon, maaalala ninyo ang natatangi at kapanapanabik na pakikipagsapalarang ito sa mortalidad, at mauunawaan ninyo. Makikita ninyo na nagkaugnay-ugnay nga ang mga pangyayari at nakabuo ng isang magandang larawan, na talagang higit na dakila kaysa inyong inakala.

Sa di-masambit na pasasalamat, makikita ninyo na ang Diyos mismo, sa Kanyang saganang pagmamahal, biyaya, at habag, ay laging nariyan at binabantayan kayo, pinagpapala kayo, at ginagabayan ang inyong mga hakbang patungo sa Kanya. ■


**MGA TALA**

1. Steve Jobs, mensahe sa pagtatapos sa Stanford University, Hunyo 12, 2005.
2. Romans 8:31, New International Version (1984).
3. "Purihin ang Propeta," *Mga Himno,* blg. 21.
4. Doktrina at mga Tipan 64:33.
5. Mga Kawikaan 3:5–6.
6. 1 Corinthians 2:9, New International Version.
7. Deuteronomy 1:11, New International Version.
8. Juan 15:19.
9. Tingnan sa 1 Nephi 8:26–28.
10. Tingnan sa Mga Taga Roma 14:10–12; Mga Taga Filipos 2:10.
11. Doktrina at mga Tipan 9:8.
12. Doktrina at mga Tipan 60:5; 62:5; 80:3.
13. Doktrina at mga Tipan 62:5.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:45.
15. Tingnan sa Genesis 37, 39–46.
16. Tingnan sa 2 Nephi 32:9.
17. Tingnan sa 2 Nephi 32:9.



Ng Sunday School General Presidency

# Pag-aaral ng Bagong Paraan ng Pagkatuto

Habang sumusulong tayo, isipin ang limang alituntuning ito na gagabay sa pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo.

Dalawang buwan na mula nang simulan nating gamitin ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa Primary, sa Sunday School, at sa tahanan. Ano ang mga unang impresyon mo? Paano nakatulong sa iyo at sa iyong pamilya ang bagong resources?

Pag-isipan ang mga sagot mo sa mga tanong na ito habang binabasa mo ang sumusunod na mga alituntunin na makakatulong para matagumpay nating magamit ang bagong resources na ito. Tatalakayin natin kung paano magagamit ang limang alituntuning ito kapwa sa mga mag-aaral at sa mga guro.

**ALITUNTUNIN 1:**
***Ang bagong kurikulum ay tungkol sa pagpapahusay ng pag-aaral sa tahanan.***

**Para sa mag-aaral:**

May 168 oras sa isang linggo, at ilan lamang sa mga oras na iyon ang ginugugol sa simbahan. Kaya kahit maaaring marami kang natututuhan sa mga klase ninyo sa Simbahan, nanaisin mo ring sikaping matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo sa buong linggo. Isipin na parang ehersisyo ang espirituwal na pag-aaral: makakakita ka ng mas malalaking pakinabang kung mag-eehersisyo ka nang ilang beses sa isang linggo kaysa kung isang araw ka lang mag-ehersisyo sa isang linggo. At kapag nag-aral ka ng mga banal na kasulatan sa bahay, mapupuno ka ng mga kabatiran at espirituwal na pang-unawa na magpapala sa buhay mo at ng iba habang ibinabahagi mo ang natututuhan mo.

**Para sa guro:**

Maaaring hindi sapat ang magbigay lang ng magandang lesson bawat Linggo. Ang isa sa mga dapat na mithiin ng isang guro ay maghikayat ng personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya ng mga banal na kasulatan. Ano ang naging mga karanasan ng miyembro ng klase sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa linggong ito? Anong mga kabatiran ang maibabahagi nila? Maaaring makatulong na ituring ang iyong tungkulin na parang sa isang choir director na nagtuturo ng pagkanta at paglalabas ng lahat ng boses sa isang magandang himig. Maaari mong ituro ang isang lesson, pamahalaan ang talakayan, at dalhin ang lahat ng alam mo sa karanasan, ngunit hindi ka makakagawa ng nakakaantig na musika kung hindi ibabahagi ng mga miyembro ng klase ang sarili nilang mga kabatiran at inspirasyon.

**ALITUNTUNIN 2:**

***Nais ng Panginoon na matuto at lumago tayo sa ating pag-unawa sa doktrina.***

**Para sa mag-aaral:**

Kapag pinag-aralan mo ang mga banal na kasulatan, maaari kang makakita ng mga katotohanan ng ebanghelyo—doktrina—na makakatulong sa iyo na makilala ang Diyos at makasumpong ng higit na pag-unawa para harapin ang mga hamon mo sa buhay. Maaari mo ring malaman na ang ilang katotohanan ng ebanghelyo ay inihayag nang direkta sa teksto samantalang ang iba naman ay ipinahiwatig. Isipin na ang paghahanap mo ng katotohanan ay parang paghahanap ng nakabaon na kayamanan. Maaaring kailanganin mong magsikap nang kaunti para mahayag at matuklasan ang katotohanan, ngunit sa huli, mapapasaiyo ang "pinakamaningning na gantimpalang mahahangad."[1]

**Para sa guro:**

Ang mga guro ay higit pa sa mga facilitator at moderator; obligasyon nilang ituro ang doktrina—magpatotoo, gumabay, at maghikayat. Habang naghahanda kang magturo sa pamamagitan ng pag-aaral, pagninilay, at pagdarasal, magiging handa kang tulungan ang mga tinuturuan ninyo na mas makaunawa at kumilos ayon sa isang inspiradong doktrina. Magtiwala sa tungkulin mo bilang guro sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa sama-samang pagsisikap, makakapagturo ka nang higit na katulad ng Tagapagligtas.





**ALITUNTUNIN 3:**
***Ang personal na paghahayag ay mahalaga sa pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo sa Simbahan.***

**Para sa mag-aaral:**

Inanyayahan kamakailan ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga miyembro ng Simbahan na "dagdagan ang [kanilang] espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag."[2] Habang pinag-aaralan mo ang salita ng Diyos, ipinapakita mo sa Kanya na nais mong makatanggap ng paghahayag. Ang personal na paghahayag ay kadalasang dumarating kapag pinag-aaralan mo ang paghahayag na naibigay na ng Panginoon sa Kanyang mga propeta. Kung babaguhin mo ang pananalita sa ikasiyam na saligan ng pananampalataya: kapag pinag-aaralan mo ang lahat ng "naihayag ng Diyos," naihahanda mo ang iyong sarili na matanggap ang lahat ng "Kanyang ipinahahayag ngayon" at lahat ng "ihahayag pa Niya."

Kapag nakatanggap ka ng paghahayag, ugaliing itala ang mga impresyon mo at kumilos ayon dito. Hindi lamang nito ipinapakita sa Panginoon na pinahahalagahan mo ang mga bagay na itinuturo Niya sa iyo, kundi para magbago tayo sa natututuhan natin, kailangan nating ipamuhay ito.[3]

**Para sa guro:**

Ang paghahayag kung ano ang ituturo sa klase ay maaaring dumating sa iyo sa maraming paraan. Maaari itong dumating habang pinag-aaralan mo ang mga banal na kasulatan para sa iyong sarili. O maaari ring habang nirerebyu mo ang resources sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa tahanan o para sa mga klase sa Simbahan. Kapag dumating ang inspirasyon, magtala at kumilos ayon sa mga impresyong natatanggap mo.

Kahit matapos mong planuhin kung ano ang maaari ninyong gawin sa klase, huwag kang mangambang tumugon sa inspirasyon sa oras ng klase para tugunan ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan mo.

## ALITUNTUNIN 4:

***Ang mga bagong materyal ay resources o sanggunian, hindi ang source o pinagkukunan.***

**Para sa mag-aaral:**

Ang salita ng Diyos ay pinagkukunan ng espirituwal na kaalaman at kalakasan. Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay nilayon na maging resource para suportahan ang iyong personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya. Gamitin ito bilang gabay o tulong sa pag-aaral mo ng Bagong Tipan. Kung ikaw ay isang magulang, magagamit mo ito para magplano ng masasayang karanasan sa family home evening at suportahan ang iyong pamilya sa sama-samang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang mga single adult ay maaaring magtipon at gamitin ito para pag-aralan ang mga banal na kasulatan bilang isang grupo. Gamitin ang resource sa anumang paraan na nakakatulong sa iyo at sa iyong pamilya na makahugot ng lakas na nagmumula sa pag-aaral at pagkilos ayon sa salita ng Diyos.

**Para sa guro:**

Tandaan na ang mga miyembro ng klase mo ay nagkakaroon ng magagandang karanasan habang nag-aaral sila sa tahanan. Magukol ng oras sa bawat klase para alamin kung ano ang natututuhan nila. Ang resources na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa Sunday School at Primary ay may mga iminungkahing aktibidad para tulungan kang gumawa ng nakatutuwang mga karanasan sa pag-aaral para sa mga tinuturuan mo. Ngunit huwag kang maglimita sa nakasulat sa mga pahina. Baguhin mo ang mga aktibidad o gumawa ka ng iba na sa pakiramdam mo ay magpapaibayo ng pananampalataya, pang-unawa, at mga patotoo ng mga miyembro ng klase. Kung di-gaanong gusto ng ilang mag-aaral na magbahagi, OK lang. Tulungan silang malaman na ang pananampalataya nila ay naipapahayag din sa pagdalo at pagnanais na marinig ang salita ng Diyos.

## ALITUNTUNIN 5:

***Mapapahusay natin ang ating mga pagsisikap na maglingkod sa iba.***

**Para sa mag-aaral:**

Ang mga pagsisikap mong maglingkod sa iba ay mapagpapala ng natututuhan mo sa mga banal na kasulatan. Maaari kang makakita ng isang bagay sa iyong pag-aaral na maibabahagi mo sa iba. Sa Bagong Tipan lalo na, makakakita ka ng mga halimbawa sa banal na kasulatan kung paano naglingkod ang Tagapagligtas at ang iba sa mabibisang paraan. Ang paanyaya ng Panginoon na "pumarito ka, sumunod ka sa akin" (Lucas 18:22) ay tungkol sa gagawin mo matapos kang mag-aral—na ipinamumuhay ang mga bagay na natututuhan at nadarama mo. Kaya habang pinag-aaralan mo ang buhay ni Jesucristo ngayong taon, hanapin kung ano ang itinuturo ng buhay Niya sa iyo kung paano maglingkod sa iba at paano mapagpapala ng sarili mong paglilingkod ang buhay ng mga nasa paligid mo.

**Para sa guro:**

Ang guro ay responsable sa paglilingkod hindi lamang sa mga taong dumadalo sa klase kundi maging sa mga hindi dumadalo. Bilang guro, dapat mong malaman kung sino ang nasa klase at sino ang hindi. Maaari kang maglingkod sa mga miyembro sa labas ng klase sa pamamagitan ng pagbisita sa kanila sa bahay nila, pagtawag sa kanila sa telepono, o pagpapadala sa kanila ng text o email, at paghikayat sa kanila na makibahagi sa pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan at sa simbahan. Ang impluwensya mo ay higit pa sa nalalaman mo, at ang pagmamahal at malasakit mo sa iba ay gagawa ng kaibhan.

Kapag nanatili tayong nakatuon sa gumagabay na mga alituntunin sa likod ng bagong kurikulum na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*, mas magtatagumpay tayo sa paggawa nitong bahagi ng ating buhay at pagtutulot dito na baguhin ang ating buhay sa mga paraang nilayon ng Diyos. ■

*Maaari mong makita ang kurikulum at kaugnay na resources sa* **comefollowme.lds.org.**

**MGA TALA**

1. "Sabihin, Ano ang Katotohanan?" *Mga Himno,* blg. 173.
2. Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 96.
3. Tingnan sa Richard G. Scott, "Upang Magtamo ng Espirituwal na Patnubay," *Liahona,* Nob. 2009, 6–9.

# Hindi ang mga Silya ang Mahalaga

Walang tao sa simbahan pagdating ko, bilang Young Women president noon, para itaas ang mga silya sa cultural hall noong gabi bago ang isang aktibidad ng Young Women. Pitong buwan na akong nagdadalantao noon, at kinailangan kong itaas mag-isa ang halos lahat ng silya. Pero hindi nagtagal ay dumating ang secretary at counselor ko at tinulungan akong makatapos. Pagkatapos ay sinimulan naming isabit ang mga dekorasyon.

Noon sumungaw ang ulo ng isang babae. "Sori," sabi nito, "pero nakareserba sa Relief Society ang kuwartong ito para sa yoga class namin ngayong gabi."

Itinanong namin kung may iba pang kuwarto silang magagamit, pero okupado na ang ibang mga kuwarto. Kaya ginawa namin ang tanging magagawa namin: ibinaba namin ang mga silya. Umuwi ako nang gabing iyon na pagod, batid na kinaumagahan ay kailangan kong itaas ulit ang mga silya.

Kung minsan parang ganito ang buhay. May bagong silang na sanggol at apat na maliliit na anak, parang paikut-ikot lang ako buong maghapon at gumigising ako para gawin ulit iyon kinabukasan. Anumang partikular na sandali, may mga batang pakakainin at damit na lalabhan, laruang itatabi, at pinggang huhugasan—ako ang nagtataas at nagbababa ng mga silya. Iyan ang buhay ko.

Pero ang mga silya ba ang mahalaga? Nang ibaba ko ang mga silya pagkatapos ng aktibidad ng Young Women, hindi ko naiwasang mapangiti nang maisip ko ang masasaya at mababait na batang babaeng natutuhan kong mahalin nang husto. Nagpapasalamat ako sa oras na nagugol ko sa piling nila.

Ganyan din sa bahay. Hindi mahalaga ang mga mantsa ng peanut butter sa sopa o ang mga medyas na tila hindi magkatugma. Ang mahalaga ay ang aking maliit na pamilya, na nagpapagalak sa puso ko.

Sabi ng Panginoon: "Dahil dito, huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila" (Doktrina at mga Tipan 64:33).

Naging napakahalaga sa akin ng maliliit na bagay: mga yakap, gawa-gawang awitin, drowing sa krayola, paluksu-lukso papunta't pabalik sa mailbox at pagkain ng tustadong tinapay dahil ginawa iyon para lang sa akin.

Maaari tayong gumawa ng maliliit na bagay araw-araw, tulad ng pagtataas ng mga silya at pagbababang muli ng mga ito. Pero hindi ang mga silya ang mahalaga—ang mahalaga ay ang mga taong minamahal natin na nakaupo roon. Hindi ang gawain ang mahalaga—ang mahalaga ay ang mga taong pinaglilingkuran natin. Kapag iniisip ko sila at kung gaano ko sila kamahal, pinasasalamatan ko ang Panginoon sa kagandahan ng buhay at sa kinabukasan, kung kailan gumigising ako at masayang itinataas ulit ang mga silyang iyon. ■

**Janessa Orgill, Iowa, USA**

*Maaari tayong gumawa ng maliliit na bagay araw-araw, tulad ng pagtataas ng mga silya at pagbababang muli ng mga ito. Pero ang mga silya ba ang mahalaga?*



PAGLALARAWAN NI DAN BURR

# “Palagay Mo ba Makikita Mo Ulit ang Kuya Mo?”

Hatinggabi na iyon, ako lang ang cashier na naroon, at wala nang ibang tao sa buong grocery store. Nang punasan ko ang mga checkout counter, nagsimula akong humimig.

Agad nauwi sa pagkanta ang paghimig ko. Sinimulan kong kantahin ang “Mga Banal, Halina,” (*Mga Himno,* blg. 23). Hindi ako karaniwang kumakanta ng mga himno para sumaya, pero masigla akong kumanta hanggang sa may makita akong tao.

Lumapit ang isang matandang lalaki.

“*Alam* ko ang kantang ’yan,” sabi niya. “Paano n’yo po nalaman ito?”

“Himno po ito na kinakanta namin sa simbahan,” sabi ko.

“Mormon ka ba?”

Tumango ako.

Sinabi niya sa akin na Latter-day Saint ang asawa niya at namatay ito sa kanser noong 2011. “Mga Banal, Halina” raw ang kinanta sa libing nito. Nagpaabot ako ng pakikiramay at sinabi ko sa kanya na namatay ang kuya ko noong 2011 habang nasa misyon sa Chile. Kinanta rin namin ang himnong iyan sa libing niya. Inantig ng Espiritu ang puso namin at namangha kami sa “pagkakataon” na ito.

“Kung gayon palagay mo ba makikita mo ulit ang kuya mo?” tanong niya.

Maraming beses ko nang naitanong iyan sa sarili ko. Sa mahihirap na buwan matapos mamatay ang kuya ko, nagkaroon ako ng mga pagdududa. Sa huli, biniyayaan ako ng Ama sa Langit ng isang matamis na kaalaman na ang mga pamilya ay walang hanggan. May mga tanong pa rin ako, pero tinitigan ko siya at sinabi ko, “Opo, palagay ko po!”

“Malaki ang pananampalataya mo,” sabi ng lalaki. “Madalas sabihin ng asawa ko na dapat kaming magkaroon ng ‘ganap na kaliwanagan ng pag-asa.’” Sumang-ayon ako at binanggit ko ang iba pang nakasaad sa 2 Nephi 31:20, na dapat nating mahalin ang Diyos at ang lahat ng tao, sumulong tayo, magpakabusog sa salita ni Cristo, at manatiling tapat hanggang wakas.

“‘Yan nga!” sabi ng lalaki na may luha sa kanyang mga mata. “‘Yan ang sasabihin niya. Paano mo nalaman ‘yan?”

Sinabi ko sa kanya na nasa Aklat ni Mormon iyon. Tinanong niya ako kung paano siya makakakuha ng kopya. Sinabi ko kung paano niya makukuha iyon online. Kinamayan ako ng lalaki, pinasalamatan ako na tinatawag ako sa pangalan, at umalis na.

Ang ibig sabihin ng sumasampalataya ay nagtitiwala tayo sa Diyos kahit hindi natin alam ang lahat ng sagot. Nagpapasalamat ako na nang kailanganin kong sagutin ang tanong ng lalaking iyon, nagawa kong umasa sa aking pananampalataya sa mga katotohanang alam ko. Hindi perpekto ang pananampalataya ko, pero alam kong sapat na iyon sa paningin ng Panginoon. ■

**Wendy Jennings (ayon sa pagkakuwento kay Leah Barton), Utah, USA**




PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

*Hindi ako madalas na kumakanta ng mga himno para sumaya, pero masigla akong kumanta hanggang sa may makita akong tao.*



*Isang gabi, mga isang taon pagkaraang tumigil ako sa pagsisimba, nanaginip ako.*

# Bukas, Magsisimba Ako

Dalawang taon matapos kaming mabinyagan at makumpirma ng asawa kong si Madeleinne, hindi ako gaanong naging aktibo at tumigil ako sa pagsisimba. Tuwing Linggo ng umaga, hinihikayat niya akong bumangon at sumama sa kanya, pero tumatanggi ako.

"Pagod ako. Hayaan mo akong matulog," sinasabi ko. At maya-maya pa'y naglalaro na ako ng soccer.

Gumigising mag-isa si Madeleinne at tumutuloy sila ng anak naming si Lucas sa chapel. Umuulan man o maginaw, palagi siyang nagsisimba.

Kapag nagugunita ko ito, natatanto ko na inaatake ako ni Satanas. Nakumbinsi niya ako na ayos lang ako kahit wala ang Simbahan. Sabi niya sa akin, "Mabait ka, mahinahon, komportable." Pero ang totoo, nawala na sa akin ang mga pagpapala, pag-unlad, at kaligayahan. Mabuti na lang, tinulungan ako ng asawa ko at ng aking Ama sa Langit na makita nang malinaw ang mga bagay na ito.

Isang Biyernes ng gabi mga isang taon pagkaraang tumigil ako sa pagsisimba, nanaginip ako. Nanaginip ako na nasa isang magandang kabukiran ako, at magkakahawak-kamay kaming naglalakad ng asawa't anak ko. Masayang-masaya kami.

Pero nagsimulang dumilim. Napakadilim kaya wala akong makita. Bigla, napansin ko na hindi na pala kami magkakahawak-kamay ng asawa't anak ko. Tinawag ko ang pangalan nila, na umaasang babalik sila. Gusto ko

PAGLALARAWAN NI CHRISTIANE BEAUREGARD

silang bumalik, at gusto kong maglaho ang kadiliman.

Sa sandaling iyon, naranasan ko kung paano maging tunay na miserable. Nawala sa akin sina Madeleinne at Lucas. Nauna na sila nang wala ako, at naiwan akong mag-isa, na nababalot ng kadiliman.

Pagkagising ko kinaumagahan, natanto ko na nabigyan ako ng babala ng aking Ama sa Langit. Kung hindi ako babalik sa Simbahan at hindi ko dadalhin ang asawa't anak ko sa templo para mabuklod, mawawala sila sa akin. Hindi ko sila makakapiling sa kabilang-buhay. Mapupunta ako sa ligaw at miserableng kalagayan.

"Bukas," sabi ko kay Madeleinne, "magsisimba ako."

Tuwing Linggo ng umaga mula noon, nagsisimba na ako kasama ang pamilya ko. Hindi na ako lumiban sa kahit isang miting mula nang mapanaginipan ko iyon limang taon na ang nakararaan. Sa huli ay nabuklod kami sa templo noong Setyembre 2016.

Nagpapasalamat ako para sa lahat ng pagpapala sa akin. Nagpapasalamat ako lalo na sa aking pamilya at sa tapang, lakas, at halimbawa ng asawa ko. Nagpapasalamat ako na siya at ang aking Ama sa Langit ay hindi ako pinabayaan kailanman. Ganito ako ngayon dahil sa kanila. ■

**Harmin Toledo Gonzalez, Chiloé, Chile**

# Isang Aral sa Pagmamaneho

Nagmamaneho ako pauwi mula sa isang young adult meeting isang maaliwalas na Linggo ng hapon. Panatag ako at hindi nagmamadali habang iniisip ko ang mga mensaheng narinig ko tungkol sa pagpapaunlad ng ating potensyal bilang mga anak ng Diyos. Itinanong ko sa sarili ko kung ano ang magagawa ko para mapaunlad ang potensyal ko.

Dinala ako ng ruta ko pauwi sa isang makitid at salubungang daan. Mahaba ang linya ng pasalubong na mga kotse, pero wala akong kasunod sa likod. Pagkatapos, bigla kong narinig ang paulit-ulit na malakas na pagbusina ng isang kotse. May kasunod na pala ako sa likod. Patay-sindi ang kanyang mga ilaw sa harapan at sinigawan ako na huwag akong humarang sa daan. Mukhang gusto niyang magpatakbo nang mabilis.

Naisip ko na kailangang turuang magpasensya at gumalang sa iba ang taong ito, kaya nagbagal ako. Nang makalagpas kami sa ilang kalye, panay ang busina niya at patay-sindi ang kanyang mga ilaw. Pagkatapos ay itinabi niya ang kotse at tumigil. Tumingin ako sa aking rearview mirror para makita ang reaksyon niya nang hindi siya makapagpatakbo nang mabilis. Gumanda ang pakiramdam ko dahil naturuan ko siya ng aral.

Biglang lumabas ng kotse ang drayber at binuksan ang pinto sa likuran. Mabilis na lumabas ang isang babaeng may kargang sanggol. Tiningnan ko kung saan sila papunta. Sa di-kalayuan, nakita ko ang nagliliwanag na mga titik: "Hospital Emergency Room."

"Ano ang nagawa ko?" natanong ko sa sarili ko. Pagkauwi ko, lumuhod ako, at may luha sa mga mata, hiniling ko sa Diyos na patawarin ako.

Noong araw na iyon nalaman ko na ang mga kilos ng mga nakapaligid sa atin ay maaaring maganyak ng mga bagay na hindi natin palaging nakikita o nauunawaan. Ngayon, kapag nakikita kong kumikilos ang isang tao sa paraan na iniisip kong mali, mas gusto ko pang isipin na hindi ko gaanong nauunawaan ang pinagdaraanan nila. Sinisikap kong magpakita ng pagmamahal at habag na ipinayo ni Jesucristo na madama natin para sa iba at magtuon sa pag-unawa at pagtulong sa mga nakapaligid sa akin.

Paano ko mapapaunlad ang aking potensyal bilang anak ng Diyos? Makakatugon ako sa mga kilos ng iba nang may pagmamahal at pag-unawa. Sa paggawa nito, mas nadarama ko ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa sarili kong buhay at nadarama ng iba ang pagmamahal ko sa kanila. ■

**Julio Meza Michel, Chihuahua, Mexico**

*Panatag ako at hindi nagmamadali nang magmaneho ako pauwi. Pagkatapos, bigla kong narinig ang paulit-ulit na malakas na pagbusina ng isang kotse.*



PAGLALARAWAN NI RICHARD MIA





# PAG-UUGNAY SA MGA Anak na Babae ng Diyos SA KANYANG Kapangyarihan ng Priesthood

**Ni Barbara Morgan Gardner**
Associate professor ng Church History and Doctrine, Brigham Young University

Nalaman ko nang higit kailanpaman ang kahalagahan ng pag-unawa sa priesthood at sa mga kaugnay na pagpapala nito para sa kababaihan. Tayo ay nabubuhay sa panahon kung kailan ang pagkakapantay-pantay, kapangyarihan, pagiging patas, at ang pagpaparaya ay itinataguyod—kadalasan ay higit kaysa sa iba pang mga katangian. Bukod dito, ang identidad, awtoridad, espirituwalidad, at maging ang Diyos ay mga paksa na labis na ikinalilito ng maraming tao.

Maraming kababaihan, na hindi nakakaalam ng mga pagpapalang maaari nilang matanggap, ang hindi lubos na nakikinabang sa espirituwal na piging na para sa kanila. Marami ring kalalakihan ang nalilito sa paksa.

Paano natin lubos na maunawaan ang kaugnayan ng kababaihan sa kapangyarihan ng priesthood at matutulungan sila na "sumulong," at "gawin ang [kanilang] responsibilidad sa [kanilang] tahanan, komunidad, at kaharian ng Diyos—nang mas mahusay kaysa rati"?[1] Una, kailangan natin na mapagpakumbabang hangarin na maunawaan ang mga katotohanang nauugnay sa priesthood, lalo na ang pinakahuling mga turo ng mga lider ng Simbahan. Pangalawa, maaari nating hangarin na maintindihan kung bakit hindi lubusang nauunawaan ng kababaihan ang pag-access sa kapangyarihan ng priesthood ng Diyos. Pangatlo, maaari tayong maging mulat sa paraan kung paano matutulungan ang kababaihan na mas lubusang makilahok sa gawain na isinasakatuparan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ng priesthood.

KAILANGAN ANG PAKIKILAHOK NG KABABAIHAN SA GAWAIN NA ISINASAKATUPARAN NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG KANYANG KAPANGYARIHAN NG PRIESTHOOD.

LARAWAN NG ISANG BABAE NA NAKATINGIN SA OAKLAND CALIFORNIA TEMPLE

# 1. Anong mga Katotohanan ang Naipaliwanag na Hinggil sa Kababaihan at Priesthood?

Ang mga apostol at mga general auxillary leader ng kababaihan ay nagbigay kamakailan ng karagdagang diin sa ugnayan ng kababaihan at ng priesthood. Ang mga sumusunod ay ang ilang katotohanan na mahalaga upang maging tama ang pagkaunawa at pagtuturo.

## Ang priesthood ay ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos.

Ang priesthood ay ang kapangyarihang ginagamit ng Diyos para maisagawa ang Kanyang dakilang gawain ng kaligtasan, upang maisakatuparan "ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ang kalalakihan at kababaihan ay kapwa may mahalagang tungkulin sa gawain ng Diyos, at ang kalalakihan at kababaihan ay kapwa may access sa Kanyang kapangyarihan para maisakatuparan ang Kanyang gawain.

## Ang kababaihan ay gumaganap ng isang opisyal at kritikal na tungkulin sa gawain ng kaligtasan.

Ipinahayag ni Bonnie L. Oscarson, dating Young Women General President, "Lahat ng babae ay kailangang ituring ang kanilang sarili na mahalagang kabahagi sa gawain ng priesthood. Ang kababaihan sa Simbahang ito ay mga pangulo, tagapayo, guro, miyembro ng council, kapatid, at ina, at ang kaharian ng Diyos ay hindi gagana maliban kung tutugon tayo sa responsibilidad at gagampanan ang ating tungkulin nang may pananampalataya."[2]

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Binigyan ng Diyos ang kababaihan ng simbahang ito ng gawain sa pagtatayo ng kanyang kaharian. May kinalaman ito sa lahat ng aspeto ng ating dakilang responsibilidad na may tatlong bahagi—una, na ituro ang ebanghelyo sa mundo; ikalawa, palakasin ang pananampalataya at gawing maligaya ang mga miyembro ng Simbahan; at, pangatlo, itaguyod ang dakilang gawain ng kaligtasan para sa mga patay.

"Ang kababaihan sa Simbahan ang kasama ng kanilang mga kapatid na kalalakihan sa pagtataguyod ng dakilang gawaing ito ng Panginoon. . . . Ang mga babae ay may napakalaking responsibilidad at may pananagutan silang isakatuparan ang mga responsibilidad na iyon. Pinamumunuan nila ang sarili nilang mga organisasyon, at ang mga organisasyong iyon ay matatag at maaaring magsakatuparan at malaking puwersa para sa kabutihan sa mundo. Sila ay nagsisilbing katuwang ng [mga mayhawak ng] priesthood, lahat ay nagsisikap na itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa. Ikinararangal at iginagalang namin kayo sa inyong kakayahan. Inaasahan namin ang pamumuno, at lakas, at kahanga-hangang mga resulta mula sa inyong pangangasiwa sa mga organisasyong ito na responsibilidad ninyo. Sinusuportahan at sinasang-ayunan namin kayo bilang mga anak na babae ng Diyos, na nakikipagtulungan sa kanya sa pagsasakatuparan ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng lahat ng mga anak na lalaki at [anak na] babae ng Diyos."[3]

## Itinalaga sa kapwa kababaihan at kalalakihan ang kapangyarihan at awtoridad ng mga mayhawak ng susi ng priesthood.

Ang mga susi ng priesthood ay "ang awtoridad na ibinigay ng Diyos sa [mga mayhawak ng] priesthood upang gabayan, pangasiwaan, at pamahalaan ang paggamit ng Kanyang priesthood sa mundo."[4] Ipinaliwanag ni Pangulong Dallin H. Oaks, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Bawat gawain o ordenansang isinasagawa sa Simbahan ay ginagawa sa ilalim ng direkta o hindi direktang awtoridad na ibinigay ng mayhawak ng mga susi para sa gawaing iyon."[5]

Ang kababaihan ay may awtoridad na gawin ang kanilang mga tungkulin sa ilalim ng pamamahala ng isang mayhawak ng mga susi ng priesthood, na tulad ng kalalakihan. Sinabi ni Pangulong M. Russell Ballard, Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang may mga susi ng priesthood . . . [ay] literal na [ginagawang] posible para sa lahat na naglilingkod nang tapat sa ilalim ng kanilang pamamahala na gumamit ng awtoridad ng priesthood at magkaroon ng kapangyarihan ng priesthood."[6]

Sinabi ni Pangulong Oaks: "Hindi karaniwan sa atin ang sabihing may awtoridad ng priesthood ang kababaihan sa kanilang mga tungkulin sa Simbahan, ngunit ano pa bang awtoridad ang maitatawag dito? Kapag ang isang babae—bata man o matanda—ay itinalaga na mangaral ng ebanghelyo bilang full-time missionary, siya ay binibigyan ng awtoridad ng priesthood para isagawa ang tungkulin ng priesthood. Totoo rin ito kapag ang isang babae ay itinalaga na mamuno o magturo sa isang organisasyon ng Simbahan sa pamamahala ng isang mayhawak ng mga susi ng priesthood."[7]

Kapag itinuturo ko ang konseptong ito sa aking mga estudyante, madalas akong nagtatanong, "Kung ang isang stake ay nagdaraos ng pinagsamang pulong ng panguluhan ng Young Men at Young Women, sino ang namumuno?" Dahil ang pangulo ng stake Young Wowen at pangulo ng stake Young Men ay parehong tinawag at itinalaga ng isang mayhawak ng mga susi ng priesthood (ang pangulo ng stake), sa kanilang mga tungkulin, pareho sila ng taglay na awtoridad ng priesthood at kung gayon, wala sa kanila ang namumuno sa isa pa. Makatwiran para sa kanila na magsalitan sa pangangasiwa ng mga miting.

## Pantay na pinagpapala ng Panginoon ang kababaihan at kalalakihan sa pamamagitan ng Kanyang priesthood.

Nagbibigay ang Panginoon ng maraming pagpapala sa pamamagitan ng Kanyang priesthood na maaaring dumating sa lahat ng miyembrong gumagawa at tumutupad ng mga sagradong tipan. Itinuro ni Pangulong Ballard, "Lahat ng gumawa ng sagradong mga tipan sa Panginoon at tumutupad sa mga tipang iyon ay may karapatang makatanggap ng personal na paghahayag, mabiyayaan ng paglilingkod ng mga anghel, makipag-ugnayan sa Diyos, makatanggap ng kabuuan ng ebanghelyo, at, sa huli, maging mga tagapagmana na kasama ni Jesucristo ng lahat ng mayroon ang Ama."[8]

Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972): "Ang mga pagpapala ng priesthood ay hindi lamang para sa kalalakihan. Ang mga pagpapalang ito ay ipinagkakaloob din . . . sa lahat ng matatapat na kababaihan ng Simbahan. . . . Ibinibigay ng Panginoon sa kanyang mga anak na babae ang bawat espirituwal na kaloob at pagpapalang maaaring matamo ng kanyang mga anak na lalaki."[9]

At habang ginagawa ng kababaihan ang gawain ng kanilang Ama, sila rin ay pagpapalain na maging "mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo" (Mga Taga Roma 8:17; tingnan din sa talata 16).

## Ang kapwa kababaihan at kalalakihan (may asawa at wala) ay maaaring pagkalooban ng kapangyarihan ng priesthood sa templo.

Noong 1833, ipinangako ng Panginoon kay Joseph Smith na ang mga Banal, kapwa kalalakihan at kababaihan, ay pagkakalooban ng "kapangyarihan mula sa itaas" (Doktrina at mga Tipan 95:8). Nilinaw ni Pangulong Ballard: "Ang endowment ay literal na kaloob na kapangyarihan. Lahat ng pumapasok sa bahay ng Panginoon ay nangangasiwa sa mga ordenansa ng priesthood. Ito ay tumutukoy sa kapwa kalalakihan at kababaihan."[10] Ang lahat ng marapat na miyembro na tumanggap ng kanilang endowment at tumutupad sa mga tipang ginawa nila sa templo ay may kapangyarihan ng priesthood. Kaya, ang kababaihan, may asawa o wala, ay maaaring magkaroon ng kapangyarihan ng priesthood sa kanilang tahanan kahit na walang bumibisitang mayhawak ng priesthood.

Itinanong ni Sheri L. Dew, dating tagapayo sa Relief Society General Presidency, "Ano ang kahulugan ng magkaroon ng access sa kapangyarihan ng priesthood? Nangangahulugan ito na maaari tayong tumanggap ng paghahayag, mapagpala at matulungan sa pamamagitan ng pagmiministeryo ng mga anghel, matuto na hawiin ang tabing na naghihiwalay sa atin mula sa ating Ama sa Langit, mapalakas para mapaglabanan ang tukso, maproteksyonan, at maliwanagan, at gawing mas matalino kaysa sa kung ano tayo—ang lahat ng ito nang walang mortal na tagapamagitan."[11] Ano ang




*Ang mga sister missionary ay halimbawa ng kababaihan na itinatalaga at binibigyan ng awtoridad ng priesthood para gampanan ang isang tungkulin ng priesthood.*

pinakamahalang bunga ng kapangyarihang ito at paano ito matatanggap? Inihayag ng Panginoon na "ang kapangyarihan ng kabanalan," kabilang na ang kapangyarihang maging katulad Niya, ay naipapakita sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:20).

### Kung minsan ang gamit ng awtoridad ng priesthood ay magkaiba sa Simbahan at sa tahanan.

Ang organisasyon ng Simbahan ay ayon sa herarkiya; ang pamilya ay patriyarkal. Itinuro ni Pangulong Oaks na may "ilang pagkakaiba sa paraan ng paggamit ng awtoridad ng priesthood sa pamilya at sa Simbahan."[12] Ayon sa banal na disenyo, ang mag-asawa ay maaaring magkaroon ng magkaibang mga responsibilidad, gayunman, sila ay nagtutulungan bilang may "pantay na pananagutan."[13] Itinuro ni Elder L. Tom Perry (1922–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Tandaan, mga kapatid, na sa tungkulin ninyo bilang pinuno ng pamilya, ang asawa ninyo ang inyong kompanyon. . . . Noon pa man, inutos na ng Diyos sa mga tao na dapat pagbuklurin ng kasal ang mag-asawa. Samakatwid, walang pangulo at pangalawang pangulo sa isang pamilya. Magkasamang gagawa sa walang hanggan ang mag-asawa para sa kapakanan ng pamilya. Sila'y iisa sa salita, sa gawa, at sa kilos, habang sila'y namumuno, gumagabay at pumapatnubay sa kanilang pamilya. Pantay ang pananagutan nila. Pinaplano at inoorganisa nila ang mga gawain ng pamilya nang magkasama at nang buong pagkakaisa habang sila'y sumusulong."[14]

Ano ngayon ang nangyayari kapag namatay ang isang kabiyak? Itinuro ni Pangulong Oaks: "Pagkamatay ng tatay ko, nanay ko ang namuno sa pamilya namin. Wala siyang katungkulan sa priesthood, pero dahil siya ang buhay na magulang siya ang namuno sa kanyang pamilya. Kasabay nito, laging lubos ang paggalang niya sa awtoridad ng priesthood ng aming bishop at iba pang mga lider ng Simbahan. Siya ang namuno sa kanyang pamilya, pero sila ang namuno sa Simbahan."[15]



## 2. Mga Balakid

Ano ang ilan sa mga balakid na pumipigil sa kababaihan na lubos na maunawaan ang kanilang pag-access sa kapangyarihan ng priesthood ng Diyos?

### Pagkalito ng kapwa kalalakihan at kababaihan hinggil sa priesthood.

Itinuro ni Pangulong Oaks: "Ang Melchizedek Priesthood ay hindi isang katayuan o isang tatak. Ito ay isang banal na kapangyarihang ipinagkakatiwala para gamitin sa kapakinabangan ng gawain ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Dapat nating tandaan palagi na ang mga lalaking maytaglay na priesthood ay *hindi* 'ang priesthood.' Hindi wastong sabihin 'ang priesthood at ang kababaihan.' Dapat ang sabihin natin, 'ang mga *maytaglay* na priesthood at ang kababaihan.'"[16]

Sa pagsasabi ng, "Aawitin ngayon ng priesthood," o "kailangan natin ng mga boluntaryong priesthood para sumama sa Young Women camp," nakagagawa tayo sa ating sarili at sa iba ng isang pagkakamali, gaano man kaganda ang ating mga intensiyon, sa pamamagitan ng panunulsol at pagpapalaganap ng kalituhan at pagpapaliit sa kapangyarihan ng Diyos.

### Ang pag-iisip na ang priesthood ay walang kinalaman sa kababaihan.

Kapag naanyayahan na pag-aralan ang priesthood, ang ilang sister ay tumutugon ng, "Hindi ko kailangang pag-aralan ang paksang iyan. Hindi ito angkop sa akin." Ngunit dahil pinagpapala ng priesthood ang lahat ng anak ng Diyos, lahat tayo ay makikinabang kung mas mauunawaan natin ito. Lahat tayo ay makikinabang kung mas mauunawaan natin ang priesthood. Isipin kung paano pagpapalain ang Simbahan at ang ating mga pamilya kung ang kapwa kababaihan at kalalakihan ng Simbahan ay parehong mahusay na nauunawaan at nagtuturo ng mga katotohanan tungkol sa priesthood.



Binigyang-diin ni Linda K. Burton, dating Relief Society General President, na kailangang pag-aralan ng kababaihan at maging ng kalalakihan ang paksa ng priesthood. "Sisters, hindi tayo makatatayo at makapagtuturo ng mga bagay na hindi natin nauunawaan at nalalaman sa ating mga sarili."[17]

### Paglalagay sa kababaihan ng mga limitasyon na hindi naman umiiral.

Malinaw na ang ilang calling sa Simbahan ay nangangailangan ng ordinasyon sa katungkulan ng priesthood, pero dapat tayong maging maingat na hindi bigyan ng limitasyon ang kababaihan dahil lamang sa kultura, kasaysayan, mga maling pananaw, o tradisyon. Halimbawa, ang kababaihan ay maaaring maging mga lider at gurong may kakayahan, mahahalagang tinig sa mga council sa Simbahan, at mabisang halimbawa ng pagkadisipulo sa mga miyembro sa lahat ng edad.

## 3. Ano ang Magagawa Natin?

Narito ang ilang paraan upang ang bawat isa sa atin ay makatulong sa ating kababaihan sa ebanghelyo na mas lubusang makilahok sa gawain na isinasakatuparan ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang priesthood.

### Alamin ang mga pinakahuling salita ng mga Kapatid at ng ating mga babaeng lider.

Sa nakalipas na ilang taon, ang mga senior na miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsalita nang partikular tungkol sa tungkulin ng kababaihan sa Simbahan. Nakikinig ba tayong mabuti sa mga talumpating ito?

Halimbawa, noong 2015, ibinulalas ni Pangulong Russell M. Nelson: "Hindi kumpleto ang kaharian ng Diyos at hindi makukumpleto kung walang kababaihang gumagawa ng mga sagradong tipan at tumutupad sa mga ito, kababaihang nakapangungusap nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos!"[18]

### Tulungan ang lahat ng miyembro na maunawaan ang natatanging tungkulin ng kababaihan sa gawain ng priesthood.

Ipinaalala ni Pangulong Ballard sa kababaihan ng Relief Society na "ang lawak at tindi ng [kanilang] impluwensya ay kakaiba—impluwensyang hindi kayang tularan ng kalalakihan. Walang ibang makapagtatanggol sa ating Tagapagligtas nang may higit na paghihikayat o kapangyarihan kaysa sa inyo—mga anak na babae ng Diyos na malalakas ang loob at matibay ang paniniwala. Ang kapangyarihan ng tinig ng isang babaeng nagbagong-buhay ay hindi masusukat, at kailangan ng Simbahan ang inyong mga tinig ngayon nang higit kailanman."[19] Ipinahayag ni Bonnie L. Oscarson: "Ang [kababaihan] ng Simbahan ay kailangang ituring ang kanilang sarili na mahalagang kabahagi sa gawain ng kaligtasan na pinamamahalaan ng priesthood at hindi lamang nagmamasid at sumusuporta."[20]

### Bigyan ng atensiyon ang mga lider ng kababaihan.

Makatwiran na binibigyan natin ng malaking atensiyon ang sinasabi ng mga sinang-ayunan natin bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Taglay nila ang mga susi ng kaharian, at pinangangasiwaan ng Panginoon ang Kanyang gawain sa pamamagitan nila. Bukod sa kanilang mga turo, ang mga babaeng lider ng Simbahan ay itinalaga at binigyan ng awtoridad ng priesthood para magsalita sa kapwa kalalakihan at kababaihan ng Simbahan. Gusto rin nating marinig ang kanilang mga turo at marinig kung anong payo ang ibibigay sa atin ng Diyos sa pamamagitan nila.



tapat na mga LDS scholar para matiyak na hindi kayo nagtuturo ng mga bagay na hindi totoo, lipas na, o kakatwa at kataka-taka."[24] Tandaan na kung minsan, "Hindi ko alam" ang talagang pinakamainam na sagot. Kailangan natin na masigasig na magsaliksik sa liwanag ng pananampalataya para matutunan ang banal na katotohanan.

## Tulungan ang mga babae at lalaki na mas maunawaan ang priesthood.

Ang pagtulong sa kapwa lalaki at babae na magkaroon ng tiwala sa kanilang kakayahan na mag-aral at matuto ng tungkol sa priesthood ay mahalaga. Ang ilang banal na mga kasulatan na makatutulong sa prosesong ito ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado lamang sa, Alma 13 at Doktrina at mga Tipan mga bahagi 2, 13, 20, 76, 84, 95, 107, 110, 121, at 124. Ang pagdalo sa templo para mapanampalatayang maghanap ng hindi lamang mga sagot kundi lalo na ng mga inspiradong tanong hinggil sa paksa ay napakahalaga rin.

Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie (1915-85) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang doktrinang ito ng priesthood—na hindi alam ng mundo at hindi rin gaanong alam maging sa Simbahan—ay hindi matututunan sa pamamagitan lamang ng mga banal na kasulatan. . . .

"Ang doktrina ng pagkasaserdote ay nalalaman lamang sa pamamagitan ng personal na paghahayag. Dumarating ito nang taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo


## Isali ang mga babae sa mga council, na hindi lang pinahihintulutang dumalo kundi iginagalang din ang kanilang mga pananaw bilang mga aktibong kalahok tulad ng iba.

Sabi ni Pangulong Ballard: "At sinumang lider ng priesthood na hindi isinasali ang mga babaeng lider nang may paggalang at pagtanggap ay hindi iginagalang at ginagamit nang maayos ang mga susing ibinigay sa kanya. Hihina ang kanyang kapangyarihan at impluwensya hanggang sa matutuhan niya ang mga paraan ng Panginoon."[21]

## Huwag magbigay ng "mapanghahawakan" na mga sagot sa mga tanong na hindi pa sinasagot mismo ng Panginoon.

Binalaan ni Pangulong Oaks ang mga miyembro ng Simbahan na iwasang sagutin ang mga tanong na hindi pa sinasagot ng Panginoon: "Huwag nating gawin ang pagkakamaling nagawa noon, . . . pagtatangkang ipaliwanag ang paghahayag. Ang mga paliwanag na ito ay halos gawa-gawa lamang ng mga tao. Ang mga paghahayag ay ang sinasang-ayunan natin bilang kalooban ng Panginoon at diyan makikita ang kaligtasan."[22]

Nagbigay si Pangulong Ballard ng perpektong halimbawa para rito: "Bakit ang kalalakihan—at hindi ang kababaihan—ang inorden sa mga katungkulan sa priesthood? . . . Hindi inihayag ng Panginoon kung bakit Niya itinatag ang Kanyang Simbahan ayon sa paraang ginawa Niya."[23] Binalaan din tayo ni Pangulong Ballard na "huwag magbahagi ng mga sabi-sabing nagpapalakas ng pananampalataya pero wala namang basehan o mga lipas nang pagunawa at paliwanag tungkol sa ating doktrina at mga kaugalian noong araw. Katalinuhan palagi na ugaliing pag-aralan ang mga salita ng mga buhay na propeta at apostol; alamin ang mga kasalukuyang isyu, patakaran, at pahayag sa Simbahan sa mormonnewsroom.org at sa LDS.org; at tingnan ang mga gawa ng kilala, mapag-isip, at



sa mga nagmamahal at naglilingkod sa Diyos nang buong puso, sigasig, isip, at lakas. (Tingnan sa D at T 98:12.)"[25]

### Tulungan ang kababaihan na maunawaan na kailangan nilang pumanig sa Panginoon at sa Kanyang mga propeta.

Ang mundo ay nagiging mas watak-watak at mapangutya. Sa maraming paraan, nilalabanan ng kababaihan ang isa't isa. Malalakas ang mga opinyon at masisidhi ang mga emosyon. Isipin ang kabutihang magagawa sa mundo kung nakikita ng lahat ng mga miyembro ng Simbahan na sila, tulad ni Esther, ay inilaan "para sa bagay na ito" (Esther 4:14) at sila, bilang indibiduwal at nagkakaisang grupo, ay kailangan para mamuno, at hindi para sumunod, sa mundo.



## 4. Konklusyon

Sinabi ni Emma Smith: "May gagawin tayong isang bagay na di karaniwan. . . . Umaasa tayong magkakaroon ng mga pambihirang pagkakataon at mahihirap na gawain."[26] Ang mahihirap na gawain na ito, maging mga panawagan din, higit kailanman, ay nagmula sa mga lider ng Simbahan para sa mga sister nitong nakaraang ilang taon. Habang mas nauunawaan natin ang mga katotohanan na nauugnay sa priesthood, nalalaman ang mga posibleng dahilan kung bakit maraming babae ang nabubuhay na hindi sinasamantala ang kanilang mga pribilehiyo, at kumikilos sa kaalaman tungkol sa kababaihan at sa kanilang mga pagkakataon na makilahok sa gawain ng priesthood, maaaring "matagpuan [natin] ang galak at kapayapaang dulot ng kaalaman na sa pamamagitan ng inyong pagtuturo ay may naantig kayong buhay, napasigla ninyo ang isa sa mga anak ng Ama sa Langit sa kanyang paglalakbay sa lupa upang balang-araw ay makabalik sa Kanyang piling."[27] ■


**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 97.
2. Bonnie L. Oscarson, "Tumanggap ng Responsibilidad nang May Lakas, Kababaihan ng Sion," *Liahona,* Nob. 2016, 14.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (2016), 114–115.
4. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.1.
5. Dallin H. Oaks, "Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2014, 49.
6. M. Russell Ballard, "Kalalakihan at Kababaihan sa Gawain ng Panginoon," *Liahona,* Abr. 2014, 48; tingnan din sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 138–39.
7. Dallin H. Oaks, "Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood," 51.
8. M. Russell Ballard, "Kalalakihan at Kababaihan sa Gawain ng Panginoon," *Liahona,* 48–49.
9. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (2013), 185–186. Para sa mas malalim na pagtalakay sa mga pagpapala ng priesthood, tingnan sa Bruce R. McConkie, "The Ten Blessings of the Priesthood," *Ensign,* Nob. 1977, 33–35.
10. M. Russell Ballard, "Let Us Think Straight" (Brigham Young University devotional, Ago. 20, 2013); 7, speeches.byu.edu.
11. Sheri Dew, *Women and the Priesthood: What One Mormon Woman Believes* (2013), 125.
12. Dallin H. Oaks, "Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan," *Liahona,* Nob. 2005, 26.
13. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
14. L.Tom Perry, "Pagiging Ama, Isang Walang Hanggang Tungkulin," *Liahona,* Mayo 2004, 71.
15. Dallin H. Oaks, "Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan," 26.
16. Dallin H. Oaks, "Ang mga Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2018, 65.
17. Linda K. Burton, "Priesthood: 'A Sacred Trust to Be Used for the Benefit of Men, Women, and Children'" (Brigham Young University Women's Conference, Mayo 3, 2013), womensconference.byu.edu/transcripts.
18. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," 96.
19. M. Russell Ballard, "Kalalakihan at Kababaihan at Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Set. 2014, 37.
20. Bonnie L. Oscarson, "Tumanggap ng Responsibilidad nang May Lakas, Kababaihan ng Sion," 14.
21. M. Russell Ballard, "Kalalakihan at Kababaihan at Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* 35, 36.
22. Dallin H. Oaks, *Life's Lessons Learned: Personal Reflections* (2011), 68–69.
23. M. Russell Ballard, "Kalalakihan at Kababaihan at Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* 35, 36.
24. M. Russell Ballard, "Ang mga Oportunidad at Responsibilidad ng mga CES Teacher sa Ika-21 Siglo" (mensahe sa Church Educational System Religious Educators, Peb. 26, 2016), broadcasts.lds.org.
25. Bruce R. McConkie, "The Doctrine of the Priesthood," *Ensign,* Mayo 1982, 32–34.
26. Emma Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 14.
27. M. Russell Ballard, "Ang mga Oportunidad at Responsibilidad ng mga CES Teacher sa Ika-21 Siglo."

## Pagkauhaw sa Higit na Pagkaunawa

Minsa'y idineyt ko sa unang pagkakataon ang isang babae sa ward namin. Kinaumagahan kaming dalawa lang ang dumating para sa temple trip ng ward namin. Nagalok kami ng tulong sa anumang ordenansang kailangan ng pinakamaraming patron . . . at napunta kami sa mga pagbubuklod.

Kabadong-kabado ako, pero sa gulat ko, hindi naman pala nakakaasiwang gumawa ng mga pagbubuklod para sa mga patay na kasama ang isang babae wala pang 12 oras pagkatapos ng unang deyt namin na tulad ng inakala ko. Ano't anuman, ang karanasang iyon ay nagpalawak sa aking **pananaw kung gaano kahalaga ang bawat aspeto ng gawain sa templo**—pati na ang pagbubuklod (basahin ang iba pa sa aking digital na artikulo).


Lahat ng sitwasyon natin ay magkakaiba, ngunit kung tayo'y **magsisikap na mas maunawaan ang mga tipan** na ginagawa natin sa templo, ang mga ordenansang ito ay hindi magiging katulad ng mga bagay na dapat markahan ng tapos na sa ating espirituwal na checklist at magiging mas katulad ng mga kailangang-kailangang mapagkukunan ng **"tubig na buhay" na maaaring magbigay sa atin ng espirituwal na lakas** (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 63:23). At sa magulong mundong ginagalawan natin, kailangan natin ang lahat ng lakas na matatamo natin!

Sa isyung ito, **ibinahagi ng mga young adult ang kanilang mga karanasan sa templo.** Ibinahagi ni Kealohilani kung gaano napagpala ng tapat na pagsuot ng temple garment ang kanyang buhay (tingnan sa pahina 44). Sa isang artikulo sa digital lamang, ibinahagi ni Zariah ang kanyang mga pangamba tungkol sa pakiramdam na hindi pa sapat ang kanyang pagkamarapat para makapasok sa templo. Kung naghahanda ka ring magpunta sa templo sa unang pagkakataon, gumawa kami ng Q&A na maaaring makatulong sa iyo (online lamang). At ikinuwento ni Mahesh kung paano siya nagbalik sa templo para mas maunawaan ang mga tipang ginawa niya roon (tingnan sa pahina 48).

Kahit sinisikap ko ngang makapunta sa templo hangga't kaya ko para **mapanariwa ang aking espirituwalidad,** ang pinakamahalaga ay **tinutulutan kong turuan at baguhin ako ng Espiritu sa templo** sa loob at labas ng mga pader nito. Sa gayon ay matitighaw ng "tubig na buhay" na nagmumula sa templo at sa aking mga tipan ang pagkauhaw ko araw-araw.

Mabuhay!

Alex Hugie



# MGA YOUNG ADULT

## SA BAHAGING ITO


44 **Protektado ng mga Tipan**
Ni Kealohilani Wallace

48 **Pag-asam na Muli sa Banal na Templo**
Ni Mahesh Kumar Vedurupaka





## DIGITAL LAMANG


**Q&A tungkol sa Endowment sa Templo**

**Sapat na ang Pagkamarapat na Makapasok sa Templo?**
Ni Zariah Inniss

**5 Dahilan Kung Bakit Dapat Makibahagi ang mga Single Adult sa mga Pagbubuklod sa Templo**
Ni Alex Hugie

Hanapin ang mga artikulong ito at iba pa:

- Sa **liahona.lds.org**
- Sa **YA Weekly** (sa ilalim ng "Young Adults" sa Gospel Library)
- Sa **facebook.com/liahona**

## PINAKAMAGANDANG PAYO . . .

*Ibinahagi ng mga young adult ang pinakamagandang payong natanggap nila kung paano gawing bahagi ng inyong buhay ang templo.*

"Sinabi sa akin ng bishop ko na magiging sagradong karanasan ang pagpunta ko sa templo na tulad ng gusto ko. Ako palagi ang nagpapasiya kung gaano kalaki ang magiging epekto ng templo sa buhay ko."
**—Jasmyn Nye, Utah, USA**

"Masayang magkaroon ng templo na malapit sa inyo, pero kung hindi nagpupunta ang mga miyembro sa templo, lalagi itong malayo. Kailangan tayong manatiling malapit sa templo, gaano man ito kalayo."
**—Cole Murphy, California, USA**

"Magkaroon ng layunin. Pumunta na may isang tanong, gumawa ng ordenansa para sa isang ninuno, maghangad ng kapayapaan, o makinig sa mga pahiwatig."
**—Sydney Orton, Utah, USA**

*Ano ang pinakamagandang payong natanggap mo tungkol sa paggawa ng mga pagkakamali at pagsubok na muli? Ipadala sa amin ang iyong sagot sa **liahona.lds.org** bago sumapit ang Marso 31, 2019.*

## Ibahagi ang Iyong Kuwento

May kamangha-manghang kuwento ka bang nais ibahagi? O may mga artikulo ka bang nais makita tungkol sa ilang paksa? Kung gayon, nais naming makarinig mula sa iyo! Maaari mong ipadala ang iyong mga artikulo o feedback sa **liahona.lds.org.**


## TUNGKOL SA MGA AWTOR NA YOUNG ADULT



Sumulat si **Kealohilani Wallace** ng malinis at popular na kathang pang-young adult na nagbigay-inspirasyon kapwa sa kanyang buhay at sa kanyang mga paniniwala. Siya ay nagtapos sa Brigham Young University–Hawaii at aktibong miyembro ng kanyang YSA ward.



Si **Mahesh Kumar Vedurupaka** ay taga-Andhra Pradesh, India. Siya ay isang asawa at ama ng dalawang cute na bata. Siya ay may bachelor's degree sa computer science engineering at nagtatrabaho bilang senior software developer. Mahilig siyang mamasyal kasama ang kanyang pamilya, mag-aral ng mga bagong teknolohiya, at magluto.



Si **Zariah Inniss** ay taga-Barbados. Siya ay 21 taong gulang at panganay sa limang magkakapatid. Miyembro na siya ng Simbahan mula nang ipanganak siya. Mahilig siyang kumatha at tumugtog ng mga awitin.



Si **Alex Hugie** ay taga-Oregon, USA. Nagtapos siya sa Brigham Young University na may bachelor's degree sa English. May partikular na interes siya sa pag-aaral ng literaturang pang-young adult, pagsulat ng nakakatawang maiikling kuwento at nobela, at pag-inom ng gatas.



PAGLALARAWAN NI TONI DEMURO

# Protektado ng mga Tipan

Ang kapangyarihan at proteksyong ipinangako sa mga taong tapat na nagsusuot ng garment sa templo ay hindi nagmumula sa mahika; nagmumula ito sa Diyos.

**Ni Kealohilani Wallace**

Ang kagustuhan kong magsuot ng garment sa templo ay hindi lubos na maipapahayag sa mga salita. Kahit manipis ang materyal na ginamit sa garment at halos di-kapansin-pansin nang makasanayan ko na, ang isinisimbolo ng garment, ang mga pagpapalang kaakibat nito, at ang laging-nariyang panlabas na pagpapahayag ng aking taos na pangako sa Diyos—at ng pagmamahal ko *sa* Diyos—ang dahilan kaya maganda at espirituwal ang karanasang isuot iyon araw-araw. Ito ay kapayapaan. Ito ay lakas. Ito ay kapanatagan. Ito ay kapangyarihan. Ito ay banal. Itinuturing ko itong malaking pagpapala sa buhay ko.


Kung minsan ay itinuturing ng mga tao ang garment na damit-panloob lang, o pagpapakita lang ng kababaang-loob, para ipakita sa kanila ang maaari at hindi nila maaaring isuot—isang pagpapasiya kung ano ang disente at hindi disente. At bagama't talaga namang naghihikayat ng kababaang-loob ang wastong pagsusuot ng garment (lalo na ayon sa mga pamantayan ng mundo), higit pa riyan ang isinisimbolo ng garment ng banal na priesthood.

## Makapangyarihan at Walang-Hanggang Pananaw

Natanggap ko ang sarili kong endowment sa edad na 19 bilang paghahanda sa kasal ko sa templo. At bagama't winakasan ng malulungkot na sitwasyon ang kasal na iyon, naging tapat ako sa aking mga tipan, at nanatili ang mga tipang iyon na ginawa ko sa Panginoon. Nanatili akong tapat sa mga iyon at pinalakas ako ng mga iyon. Hindi ako naiwang mag-isa sa mga pagsubok ko sa buhay at mas napalakas ako para sa mga iyon.

Nakatanggap ako ng napakaraming pagpapala sa patuloy na pagkakaroon ng temple recommend, sa wastong pagsusuot ng garment ayon sa tagubilin, at sa pagtupad ng mga tipang ginawa ko sa templo. Bagama't imposibleng banggitin ang lahat ng pagpapala mula sa pagsunod na ito, ang pinakamalinaw na napansin ko ay ang kakayahang magpanatili ng banal na pananaw at ang patuloy na pisikal na paalala na gumawa ng mga tamang pasiya kahit hindi iyon ginagawa ng ibang mga tao sa paligid ko—at kahit nasasaktan ako sa mga pagpapasiya ng iba.

*Maraming* mali sa buhay ko sa nakalipas na 11 taon (kabilang sa mga pinakamalala ang diborsyo, kagipitan sa pera, at nakakainis na takbo ng pagtatrabaho at personal na mga problema), ngunit ang patuloy na pagsusuot ng garment at regular na pagdalo sa templo ay nagpabatid sa akin na may mas mahalaga pang bagay sa buhay na ito kaysa anumang pagsubok na nararanasan ko sa sandaling iyon—gaano man kahirap o kasakit ang bawat sandali.





RETRATO MULA SA GETTY IMAGES

Dahil palagi kong ginagawa ang dalawang bagay na ito natulungan akong manatiling malapit sa Espiritu, nalayo ako mula sa pisikal na panganib sa nadama kong mga pahiwatig na ipinasiya kong sundin—at nakadama rin ako ng malaking pag-asa at walang-hanggang pananaw na gumabay sa akin sa mahihirap na pagsubok kung kailan pakiramdam ko ay hindi ko na kayang sumulong sa aking emosyonal o espirituwal na paglalakbay. Patuloy akong pinalalakas ng kapayapaang ito habang dumarating ang mga bagong hamon at pagsubok.

Ang mga pagpapala mula sa templo na naranasan ko ay mula sa pang-araw-araw na mga pagpapalang kung minsa'y nakakaligtaan natin (tulad ng kapanatagan at mga pahiwatig), hanggang sa malalaking pagpapala, walang-hanggan, at kitang-kita (tulad ng mabuklod magpakailanman sa ating pamilya). Ang karanasan ng bawat tao ay natatangi at personal—ngunit laging dumarating sa atin ang mga pagpapala sa takdang panahon ng Panginoon kapag tinutupad natin ang ating mga tipan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 82:10). At ang pagsusuot ng garment ay isang mahalaga at personal na pagpapakita sa Panginoon na naaalala natin ang ating mga tipan.



## Patuloy na Espirituwal na Proteksyon

Ipinaliwanag ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015), Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang isa sa mga pagpapalang maaasahan natin kapag isinusuot natin nang wasto ang garment: "Ang garment ay simbolo ng mga sagradong tipan. Naghihikayat ito ng kababaang-loob at nagiging pananggalang at proteksyon sa nagsusuot."[1]

Mapoprotektahan tayo ng pananggalang na ito mula sa tinatawag ni Nephi na "nag-aapoy na sibat ng kaaway" (1 Nephi 15:24). Kung mabibilang natin kung ilang beses tayo sinisibat o tinutukso ni Satanas bawat araw, pakiwari ko'y napakarami. Nabubuhay tayo sa isang mundo na masigasig na naghahangad na sirain ang ating pinaniniwalaan. Nakapaligid sa atin sa lahat ng dako ang di-angkop na mga larawan at mensahe, pati na ang pamimilit na gumamit ng nakapipinsalang mga sangkap o suwayin ang batas ng kalinisang-puri. Mas laganap pa ang barkada at tuksong makipagtalo at maging masungit, personal man o lalo na online; para kutyain o hamakin ang iba sa pagpapahayag ng kanilang mga opinyon o paniniwala; o tudyuhin ang isang tao sa isang bagay na kasing-liit ng pagkakamali sa gramatika. Ang mga espirituwal na pag-atakeng ito, kung pakikinggan, ay magpapahina sa ating mga pandamdam at makababawas sa ating kakayahang madama ang mga babala mula sa Espiritu Santo.

Ang listahan ng "nag-aapoy na sibat" na ibinabato ni Satanas sa atin ay totoong walang katapusan at laging mapanganib. Sabi ni Elder Taniela B. Wakolo ng Pitumpu, "Ang maraming gambala at tukso sa buhay ay parang 'mga lobong maninila.'" Kaya paano natin mapoprotektahan ang ating sarili? Dagdag pa niya sa mensahe ring iyon kalaunan, "Ipinapangako ko na ang pakikibahagi sa mga ordenansa at pagtupad sa kalakip na mga tipan nito ay magbibigay sa inyo ng kagila-gilalas na kaliwanagan at proteksyon sa mundong ito na lalo pang dumidilim."[2]

Kung totoong matutulis na bagay ang "sibat" na ibinabato sa inyo ni Satanas araw-araw na hindi ninyo makita at madama, iiwanan ba ninyo ang kalasag sa bahay? Babalewalain ba ninyo ang kaalaman kung paano ipagtanggol ang inyong sarili—o ang landas patungo sa isang kanlungan? Ipagpapaliban ba ninyo ang paggawa o pagtupad ng mga tipan sa Diyos samantalang nangako Siya na magwawagi kayo sa tulong ng mga tipang iyon?

## Ang Kapangyarihan ng mga Tipan sa Ating Pag-unlad

Ang proteksyong ibinibigay ng garment ay hindi nagmumula sa anumang uri ng mahika sa garment mismo, tulad ng maling akala ng ilan. Bagkus, ang ipinangakong proteksyon ay ang proteksyong ibinibigay ng Panginoon kapwa sa pisikal at sa espirituwal kapag tinutupad natin ang ating mga tipan at tapat tayong nangangako sa Kanya araw-araw.

Ang mga tipan sa templo at ang garment ay *hindi* para sa mga perpektong tao. Iyon ay para magsilbing pananggalang at protektahan ang mga taong hindi perpekto na ginagawa ang lahat para mas magpakabuti. Mga taong nagsisisi kapag nagkasala sila at patuloy sa pagsulong. Mga taong katulad ko at ninyo.

Tulad ng pisikal tayong nakikibahagi ng sakramento bawat linggo para alalahanin at sariwain ang ating mga tipan sa binyag, ang pagsusuot ng garment araw-araw ay nagsisilbing pisikal na paalala ng mga tipang nagawa natin sa templo. Ito ay mga bagay na kailangan natin sa ating pagsisikap na maging higit na katulad ni Cristo.

Higit pa sa banal na proteksyon, ang pagtupad ng ating mga tipan at pagsusuot ng garment ay isang paraan upang ipakita sa Diyos bawat araw kung gaano natin Siya kamahal, at na susundin natin ang Kanyang mga kautusan *dahil* mahal natin Siya—at isang paraan ito para matanggap natin ang maraming pagpapalang nais ibigay sa atin ng Diyos. Talagang mahal Niya tayo nang higit kaysa mauunawaan natin at nais Niya tayong maging ligtas at magkaroon ng proteksyong ipinangako niya.

## Pinagpala Bawat Araw

Tayong lahat ay nasa isang espirituwal na pakikibaka bawat araw, natatanto man natin iyan o hindi. Ang mga tipang ginagawa natin sa templo at tinutupad sa ating buhay araw-araw ay tutulungan tayong labanan ang kasalanan at si Satanas, ngunit nasa atin na ang paghahanda—at pagkatapos ay maging tapat.

Natutuwa ako sa desisyon kong magpunta sa templo—at sa sumunod na mga desisyong nagawa ko para tuparin ang aking mga tipan. Mapalad ako bawat araw sa aking pasiya at sa wastong pagsusuot ko ng garment, tulad ng ipinangako kong gawin. Pinananatili ako nitong ligtas. Ipinapaalala nito sa akin ang aking mga tipan. At ipinapakita nito sa Diyos na mahal ko Siya nang higit kaysa sa mundo at na gagawin ko ang ipinagagawa Niya sa akin. ■

***Ang awtor ay naninirahan sa Hawai'i, USA.***

**MGA TALA**

1. Boyd K. Packer, *The Holy Temple* (1980), 75.
2. Taniela B. Wakolo, "Ang Nakapagliligtas na mga Ordenansa ay Magbibigay sa Atin ng Kagila-gilalas na Kaliwanagan," *Liahona,* Mayo 2018, 40, 41.

**TUKLASIN ANG IBA PA**

- Alamin ang iba pa tungkol sa mga templo, paghahanda para sa templo, at mga ordenansa sa templo sa temples.lds.org.
- Panoorin ang isang video na gawa ng Simbahan na maaaring makatulong na ipaliwanag ang mga garment sa templo sa iba sa mormonnewsroom.org/article/temple-garments.



KANAN: LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES



# PAG-ASAM NA MULI SA
# Banal na Templo

Natanto ko na kailangan kong bumalik sa templo para mas maunawaan at maalala ang mga tipang ginawa ko.

**Ni Mahesh Kumar Vedurupaka**

Apat na taon na ang nakalilipas, tinanong ng institute teacher naming si Brother Suresh Natrajan ang klase, "Ilan sa inyo ang nakapunta na sa templo?" Dahil nakapagbiyahe na kami ng asawa kong si Anantha nang 10 oras papunta sa Hong Kong China Temple sa unang pagkakataon noong isang taon, nagmamalaki akong nagtaas ng kamay. Pagkatapos ay may isa pa siyang itinanong: "Naaalala mo ba ang mga tipang ginawa mo sa templo?"

Pinag-isipan ko nang husto ang tanong niya. Napakarami kong natutuhan nang una akong magpunta sa templo. Bagama't sinikap kong magtuon, pagkaraan ng mahabang panahon simula noon, natanto ko na nakalimutan ko na ang mga tipang ginawa ko sa templo. Sa sandaling iyon mismo, nagpasiya akong bumalik sa templo sa ikalawang pagkakataon at sa pagkakataong ito ay pagtuunan at alalahanin ang mga tipang ginawa ko at ang iba pang mga bagay na mahalaga para sa aking kaligtasan.

Lumipas ang panahon. Naharap ako sa matitinding pagsubok sa buhay ko. Pero naka-enrol ako sa institute class, at isang araw nagkaroon kami ng lesson tungkol sa propetang si Jonas. Hindi ginawa ni Jonas ang iniutos sa kanya ng Panginoon. Isa sa mga talatang umagaw ng pansin ko ay ang Jonas 2:4: "At aking sinabi, Ako'y nahagis mula sa iyong mga mata; Gayon ma'y titingin ako uli sa iyong banal na templo."

Umantig sa puso ko ang talatang ito, at nagdasal ako sa Ama sa Langit na bigyan kaming mag-asawa ng isa pang pagkakataong bumisita sa templo.

Makalipas ang apat na taon, pinagpala kami ng Ama sa Langit na muling makapasok sa Kanyang bahay, sa pagkakataong ito sa Taipei Taiwan Temple.

Habang naroon, nagkaroon ako ng pagkakataong magsagawa ng mga ordenansa para sa tito ko na namatay sa kanser. Habang binibinyagan ako para sa kanya, naisip ko ang mga pagpapalang matatanggap niya sa pamamagitan ng ordenansang ito sa templo. Napakasaya ko, at napahalagahan ko ang sinabi sa akin ng temple president nang una akong magpunta sa templo at medyo nalito ako. Sabi niya sa akin, "Brother, maaaring hindi mo maunawaan ngayon mismo ang lahat ng ginagawa mo, pero darating ang araw na madarama mo na nakagawa ka ng mga dakilang bagay rito."

RETRATO NG HONG KONG CHINA TEMPLE



Nakuha ko ang sagot ko. Apat na taon ang inabot para maunawaan ko iyon sa pamamagitan ng pagpunta sa templo sa ikalawang pagkakataon.

Ngayon habang nakikibahagi ako ng sakramento bawat linggo, naaalala ko kung gaano kalaki ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at gaano kasagrado ang mga tipang ginawa ko sa templo.

Ika-10 anibersaryo ng kasal naming mag-asawa ngayong taon. Gusto kong ipagdiwang iyon sa templo at magsagawa ng mga ordenansa ng pagbubuklod para sa aking mga ninuno. Para magawa ito, mayroon akong pangalawang trabaho bukod pa sa aking regular na trabaho, na hindi nakakaapekto sa oras ko sa aking pamilya.

Alam ko at dama ko na ang gawain sa templo ay totoo. Walang makakapalit dito, at nararapat sa anumang sakripisyo ang pagdalo sa templo para gawin ang gawain ng Ama sa Langit para sa ating sarili at sa mga kaluluwang nasa kabilang panig ng tabing. ■

***Ang awtor ay naninirahan sa Andhra Pradesh, India.***



*Sina Mahesh at Anantha Vedurupaka sa harapan ng Taipei Taiwan Temple.*

RETRATO NG TAIPEI TAIWAN TEMPLE

## Q&A TUNGKOL SA ENDOWMENT SA TEMPLO

Kung naghahanda kang magpunta sa templo sa unang pagkakataon, basahin ang aming Q&A sa digital version ng artikulong ito sa Gospel Library o sa liahona.lds.org. Nasa ibaba ang isa sa limang tanong na makikita mo.

### Ano ang magagawa ko para mas maunawaan ang endowment sa templo at ang mga tipang ginagawa ko roon?

Magtuon sa mga turo at tipan sa templo sa iyong personal na pag-aaral. Hanapin ang mga reperensya sa mga alituntunin at tipan ng endowment na matatagpuan sa mga banal na kasulatan, mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, at iba pang mga materyal ng Simbahan. Ang pagrerebyu ng mga katotohanang ito sa iyong personal na pag-aaral ay magpapalawak sa pag-unawa mo sa mga ordenansa at tipan sa templo. Kapag pinag-aaralan mo ang batas ng kalinisang-puri, halimbawa, paano pagpapalain ng integridad ni Jose nang tuksuhin siya ng asawa ni Potiphar ang katapatan mo sa pagsunod sa batas na ito? (tingnan sa Genesis 39). Paano maiaangkop ang katapatan ni Nephi na sundin ang mga utos ng Diyos sa pagganap mo sa paglilingkod sa iyong calling? (tingnan sa 1 Nephi 3:7).

Magbalik sa templo nang madalas hangga't kaya ng iyong personal na sitwasyon.

"Tumatanggap tayong lahat ng [iisang] tagubilin, ngunit ang pag-unawa natin sa kahulugan ng mga ordenansa at tipan ay mag-iibayo kapag dadalasan natin ang pagbalik sa templo nang may pagnanais na matuto at magnilay-nilay sa itinuturong mga walang hanggang katotohanan."

**Silvia H. Allred, dating Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency, "Mga Banal na Templo, mga Sagradong Tipan,"** ***Liahona,*** **Nob. 2008, 113.**

Magpunta sa **lds.org/go/031949** para mabasa ang isang artikulong magpapaunawa sa iyo sa mga tipang ginagawa natin sa Diyos.


54

# MGA KABATAAN

## Gustung-gusto Ko ang Family History!

Hindi ako palaging natutuwa sa paggawa ng family history. Nagbago iyan nang mabinyagan ako para sa isa sa mga ninuno ko sa Chile Santiago Temple.

Deacon ako nang una akong magpunta sa templo. Nang papasok na ako sa bautismuhan, naramdaman ko na may pumasok sa silid. Tumingala ako at nakita ko ang isang matandang lalaki na nakasuot ng lumang damit. Nadama ko ang kanyang pagmamahal at pasasalamat sa akin dahil ginagawa ko noon ang nakapagliligtas na mga ordenansa para sa kanya. Nang mabinyagan na ako para sa kanya at umahon na ako mula sa tubig, hinanap ko siya sa paligid, pero wala na siya roon.

Dati-rati'y iniisip ko na maglalaan ng mga pangalan ang templo para sa gawain sa templo, kaya hindi ako naging interesadong magsaliksik ng family history. Pero pinanabik ako ng karanasang ito na maghanap ng mga pangalan ng sarili kong pamilya.

Isang araw umupo ako sa harap ng computer ko at nakita ko na may natanggap akong email mula sa Simbahan na may pangalan ng isang pamilya. Nadama ko na kailangan kong magsaliksik ng iba pang mga pangalan, kaya tinanong ko ang nanay ko kung paano ko epektibong mahahanap ang mga pangalan at makukuha ang iba pang impormasyon tungkol sa aking mga ninuno.

Sa ngayon, nakakita na ako ng 11 kaanak, at alam ko na mas marami pa akong makikita. Hindi nagkaroon ng pagkakataon ang mga taong ito na mabinyagan noong nabubuhay pa sila, at matagal na nilang hinihintay na magawa ang kanilang mga ordenansa sa templo. Natutuwa ako na matutulungan ko sila sa pamamagitan ng gawain sa templo at family history.

**Lucas,**
16, Santiago, Chile

### SA BAHAGING ITO





52 **Ano ang Totoo at Ano ang Hindi?**
Ni Elder Carl B. Cook

55 **"Totoo Iyon, Totoo Iyon"**
Ni David Muanda


56 **Makasanayan ang Pangkalahatang Kumperensya**

58 **Tiniyak ang Aking Kahalagahan**
Hindi ibinigay ang pangalan

60 **Paghahanap ng mga Himala sa Pang-araw-araw na Buhay**
Nina Breanna Call Herbert, Alex Hugie, at Aspen Stander

63 **Ang Oras sa Loob ng Templo**

64 **Ang Huling Salita: Pakikinig sa Tinig ng Panginoon sa Pangkalahatang Kumperensya**
Ni Elder Neil L. Andersen



**Ni Elder**
**Carl B. Cook**
Ng Panguluhan
ng Pitumpu

# ANO ANG TOTOO



Kamakailan lamang ay nakilala ko ang isang hindi pangkaraniwang dalagita, ang 17 taong gulang na si Caylee, habang ibinabahagi niya ang kanyang taos-pusong saloobin sa isang kumperensya ng stake. Ipinahayag niya na ang Diyos ay totoo, ang Simbahan ay totoo, at si Pangulong Russell M. Nelson ay propeta ng Diyos. Nagbigay din siya ng malakas na patotoo na ang mga negatibong bagay na sinasabi ng iba tungkol sa Simbahan at sa ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi totoo.

Humanga ako sa pananalig ni Caylee at sa kanyang kakayahang malaman kung ano ang totoo at ano ang hindi.

Ngunit mas humanga pa ako nang makausap ko si Caylee pagkatapos ng pulong at matuklasan kong hindi naging madali para sa kanyang magkaroon ng kaalaman at pananalig. Sa katunayan, nakaranas siya ng matinding pagsubok sa kanyang pananampalataya.

Ito ang ibinahagi niya.

**Pagsusumikap na Mahanap ang mga Kasagutan**

Aktibo sa Simbahan si Caylee buong buhay niya. Gayunpaman, noong sinimulan niyang pagnilay-nilayan ang tungkol sa ebanghelyo at sa Simbahan, ilang mabibigat na katanungan ang sumagi sa kanyang isipan. Pakiramdam niya ay naging makasalanan siya dahil sa pagkukwestiyon kaya nagsimula siyang maghanap ng mga kasagutan.

"Ang problema ko," sabi ni Caylee, "ay sa lahat ng mga maling lugar ako naghanap. Sa halip na saliksikin ang mga banal na kasulatan at ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya at makipag-usap sa aking mga magulang, humantong ako sa iba't ibang artikulo sa internet na nagsasabing nasa kanila ang mga kasagutan sa aking mga katanungan."


Noong una, inakala ni Caylee na nagbibigay liwanag ang mga artikulo sa internet sa kanyang mga katanungan. Gayunpaman, sabi niya, "Habang ipinagpapatuloy ko ang pagsisiyasat sa aking mga katanungan, binibigyan lamang ako ng higit pang katanungan at pagdududa ng lahat ng binabasa ko."

# at
# ANO ANG HINDI?

Nagsimulang mawalan ng pananampalataya at pag-asa si Caylee. "Ang liwanag mula sa aking patotoo ay napupundi na," naalala niya, "at unti-unti kong itinigil ang paggawa ng mga bagay na itinuro sa akin—pagbabasa ng banal na kasulatan, pagdarasal, at pagdalo sa seminary."

Kalaunan ay napangibabawan siya ng kadiliman at kalituhang nararamdaman niya. Sabi niya, "Hindi ko matukoy kung ano ang galing sa Diyos at ano ang nakakalokong ideya na pinaikot at ginawa lamang ng kung sinuman upang iligaw ako. Hindi ko na malaman kung ano ang katotohanan at ano ang panlilinlang. Sinisira ako nito."

Inihambing ni Caylee ang kanyang kalagayan sa kalagayan ni Joseph Smith noong sinabi niyang, "Sa wakas nakarating ako sa pagpapasiya na alin sa dalawa, ako ay mananatili sa kadiliman at kaguluhan, o kaya'y kinakailangan kong gawin ang tagubilin ni Santiago, yaon ay, humingi sa Diyos. Sa wakas nagkaroon ako ng matibay na hangarin na 'humingi sa Diyos' [Santiago 1:5], nagpapasiya na kung siya ay nagbigay ng karunungan sa mga yaong kulang ng karunungan, at magbibigay nang sagana, at hindi manunumbat, maaari akong magbakasakali" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:13).



***Naisip mo na ba kung paano malalaman kung ano talaga ang totoo?***

**Pakikipag-usap sa mga Taong Pinagkakatiwalaan Niya**

Sa mapanganib na puntong ito, lumapit si Caylee sa kanyang guro sa seminary, sa kanyang lola, at sa kanyang ina. Tiniyak sa kanya ng kanyang guro sa seminary na hindi mali ang kanyang nararamdaman at na hindi lang siya ang taong may mga katanungan. Nagbahagi ang kanyang guro ng kanyang patotoo at nagmungkahi ng mga babasahin na makatutulong sa kanyang paghahanap.

Hindi nangaral ang lola ni Caylee. Hinimok lamang siya nito na isaalang-alang kung anong mga pinagkukunan ng impormasyon ang nakapagpasigla sa kanya—ang impormasyon mula sa internet o ang doktrina ng Simbahan? Nagsimulang maghambing si Caylee: "Alin ang nakapagpasigla sa akin? Alin ang nagdulot ng kagalakan at kapayapaan sa aking kaluluwa? Alin ang nagturo sa akin na makakasama ko ang aking pamilya magpakailanman sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan kung susundin ko ang mga kautusan ng Diyos? Alin ang naglagay ng mga nakakayamot na tinig sa aking ulo?"

**Paghahanap sa Diyos sa Pamamagitan ng Panalangin at mga Banal na Kasulatan**

Hinikayat si Caylee ng kanyang ina na magdasal. Kalaunan, pumunta si Caylee sa kanyang silid at malayang nagpahayag ng kanyang saloobin sa Diyos. Paliwanag niya: "Walang nangyari. Walang bumaba na mga anghel. Hindi napuno ang puso ko ng kapayapaan at pasasalamat. Binalikan ko ang aking ina. Magkasama kaming nagdasal, at hinikayat niya akong basahin ang Aklat ni Mormon sa loob ng sampung minuto. Habang nagbabasa ako, nakaramdam ako ng pangako sa aking puso na kung ipagpapatuloy ko ang paggawa nito, may makikita akong mga biyaya. Makakakita ako nang malinaw at malalaman ko kung aling mga aral ang mula sa Diyos at alin ang hindi."

Nagsimula si Caylee na magdasal araw-araw at magbasa ng Aklat ni Mormon. Lumayo siya sa Twitter at mga website na nag-umpisa ng kanyang pagdududa sa simula pa lamang. Pumunta siya sa seminary na may layuning matuto, hindi upang maghanap ng mga negatibong bagay tungkol sa Simbahan.

**Pag-alam Kung Ano ang Totoo**

Matapos ang dalawang linggo ng patuloy na pagsisikap, naramdaman niyang humihina na ang mga negatibong tinig. Naging mas maayos ang pag-aaral niya. Naging mas kasiya-siya ang pagtatrabaho, at naging mas mabuti ang relasyon niya sa kanyang magulang. Naging mas maligaya siya.

Dahil sa kaligayahang iyon, sabi niya, "Sa wakas ay nakita ko na ang aking kasagutan. Kaya ko nang malaman kung ano ang mula sa Diyos at kung ano ang hindi dahil nakita ko mismo kung ano ang ginawa Niya para sa akin noong ginawa ko ang hinihiling Niya."

"Iyon," pagwawakas niya, "ang nag-iisang paraan upang malaman mo kung ano ang katotohanang mula sa Diyos at kung ano ang hindi. Maaari tayong mag-aral at magbulay-bulay at magtanong hanggang sa gusto natin, ngunit hanggang sa gawin natin ang tagubilin ni Santiago at kung ano ang ginawa ni Joseph Smith—magtanong at kumilos—pagkatapos lamang noon natin tunay na malalaman kung ano ang totoo at ano ang hindi."

Kaya ano ang matututunan natin mula sa karanasan ni Caylee? Narito ang ilang ideya:

- Hindi tayo dapat malungkot kung mayroon tayong mga tanong.
- Hindi tayo dapat tumigil sa pagdarasal habang naghahanap tayo ng mga kasagutan.
- Dapat nating pag-aralan at pagbulay-bulayan ang Aklat ni Mormon.
- Sa maingat na pagpili kung ano ang babasahin at pakikinggan natin, maaari nating mapatahimik ang mga tinig ng teknolohiya at media na humihila sa atin palayo sa katotohanan at naglalayong manira.
- Dapat tayong humingi ng payo sa mga taong kilala, minamahal, at iginagalang natin—sa halip na humingi ng tulong sa mga taong hindi natin kilala.
- Kalaunan ay sasagutin din ng Diyos ang ating mga katanungan sa Kanyang sariling paraan at sa Kanyang sariling panahon. Mahal Niya tayo.
- Darating ang mga kasagutan habang ginagawa natin kung ano ang hinihiling ng Ama sa Langit—hindi kung kailan ginagawa natin kung ano ang iminumungkahi ng mundo.

Si Caylee at kayong mga kabataang babae at kabataang lalaki na inihanda ng Diyos para sa panahong ito ay nagbigay ng inspirasyon sa akin. Siya, gaya ng marami sa inyo, ay nagsisilbing halimbawa ng uri ng taong naiisip ni Pangulong Russell M. Nelson: "Kailangan namin ng kababaihang nakakahiwatig at nakikita ang mga kalakaran ng mundo at nakakapansin sa mga yaong bagama't popular ay mababaw o mapanganib."[1]


Kayo ay mga tagapaghanap ng katotohanan, tagasunod ng mga kautusan, at tagapagtayo ng kaharian. Sa tulong ng Diyos at sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala, maaari mong matanggap ang kaloob na paghiwatig at malaman, maisabuhay, at maibahagi kung ano ang totoo. ■

**TALA**

1. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 96.

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER






# "Totoo Iyon, TOTOO IYON"

*Noong nagdasal ako para sa patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon, walang nangyari—hanggang sa sinimulan kong basahin ang Biblia.*

**Ni David Muanda**

Noong ako ay humigit-kumulang 12 taong gulang,, nais kong malaman mismo sa aking sarili na totoo ang Aklat ni Mormon. Sa isang mensahe, kaya kong magpatotoo na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos dahil sinabi ito ng aking guro sa Primary. Ngunit sa sarili ko, hindi ko nauunawaan kung anong ibig sabihin noon.

Alam ko ang pangako ni Moroni na nagsabing kung ako ay magbabasa, magbubulay-bulay, at magdarasal, ay malalaman ko rin (tingnan sa Moroni 10:3–4). Nagbasa ako nang ilang linggo at nakaramdam ng kapayapaan, ngunit hindi ito nagbunga ng anumang kamangha-mangha—walang liwanag, walang anghel, walang tinig. Sa huli, sumuko ako sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon.

Isang araw habang pinag-aaralan ko ang Exodo, nabasa ko na kapag kulang ang pagkain ng mga Israelita, nagpapadala ng manna ang Diyos sa kanila. Kukuha ang bawat isa ng partikular na dami araw-araw. Nagpadala Siya ng pagkain, ngunit kinailangan nilang makaisip ng paraan kung paano titipunin ang mga ito.

Naisip ko ang mga salita ni Nephi: "Ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila" (1 Nephi 3:7). Mula rito ay naunawaan kong inutusan ng Diyos ang mga Israelita na umalis sa Egipto at pinlano na magtustos para sa kanilang kagutuman. Ang talatang ito mula sa Aklat ni Mormon ay nagbigay liwanag sa pagkaunawa ko sa Biblia, at napagtanto kong ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

Gaya ng ipinaliwanag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang personal na paghahayag ay mas maihahalintulad sa unti-unting pagsikat ng araw kaysa sa biglaang pagkakaroon ng liwanag kapag nagbukas tayo ng ilaw.[1] Nagsimula kong makita ang Aklat ni Mormon sa ibang paraan.


Sa loob ng mga sumunod na buwan, mas nasiguro ko pang ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos. Ang impresyong naramdaman ko nang maraming beses sa pamamagitan ng tinig ng Espiritu ay, "Totoo iyon, totoo iyon, totoo iyon."


Nagbabasa pa rin ako ng Aklat ni Mormon halos araw-araw, at sa bawat pagkakataon, naririnig ko ang mga salitang ito: "Totoo iyon." ■

*Nakatira ang may-akda sa Democratic Republic of the Congo.*

**TALA**

1. Tingnan sa David A. Bednar, "Ang Diwa ng Paghahayag," *Liahona,* Mayo 2011, 87–90.





# MAKASANAYAN ANG **PANGKA-LAHATANG KUMPERENSYA**

***Heto ang ilang bagay na maaari mong gawin upang makasanayan ang pangkalahatang kumperensya nang panghabang-buhay:***

Ginaganap ito tuwing Abril at Oktubre. Malamang ay nasanay ka na sa tuwing anim na buwang ritmo. Ngunit paano mo masisigurong bahagi talaga ito ng iyong buhay—sa buong buhay mo?

Sa hinaharap, kapag nag-iisa ka, ano ang gagawin mo sa pagsapit ng pangkalahatang kumperensya tuwing anim na buwan? Piliin mo na ngayon na humugot ng kapangyarihan sa dalawang beses sa isang taon na pangyayaring ito sa pamamagitan ng pagsali. Huwag mong basta sabihin na, "Papanoorin ko na lang ito sa internet." Gawin mo itong mahalagang pangyayari at makasanayan ito sa iyong buhay.

LARAWAN NG PAGSUSULAT SA KWADERNO MULA SA GETTY IMAGES

## 1

## MAGTAKDA NG MITHIIN.

Ang pakikinig sa mga buhay na propeta at apostol ay isa sa pinakamahahalagang bagay na magagawa mo. Subukan mong panoorin ang bawat sesyon sa lalong madaling panahon. Subukan mong magtakda ng araw at oras kung kailan mo papanoorin ang lahat ng ito.





## 2

## IBUKOD ANG ARAW NA IYON.

Hangga't maaari, magbukod ng oras para sa kumperensya at huwag magtakda ng anumang mga isport, laro, aktibidad kasama ng mga kaibigan, o iba pang sagabal sa araw na iyon. Kung hindi mo mapapakinggan nang live ang pangkalahatang kumperensya, maaari mo pa rin itong gawing mahalagang pangyayari at magtakda ng araw upang mapanood ito.



## 3


## MAGKAROON NG MGA TRADISYON.


Maaaring mapabilang sa ilang makabuluhang tradisyon ang talakayan ng pamilya tungkol sa mga paboritong mensahe, pagdarasal ng pamilya bago magsimula ang sesyon, o pagtitipon ng isang personal na koleksyon ng mga sipi. Maaaring isama sa masasayang tradisyon ang pagkain—mga kanin at ulam o meryendang may nakakatuwang pangalan na may kaugnayan sa pangkalahatang komperensya (conference crisps, nachos grandes de conferencia, inspiration ice cream, o conference carrots).


## 4

## GUMAWA NG PLANO PAGKATAPOS NG PANGKALAHATANG KUMPERENSYA.

Gawing bahagi ng iyong regular na pag-aaral ng ebanghelyo ang mga mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya. Maaari kang magbasa ng isang mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya tuwing araw ng Linggo sa loob ng susunod na anim na buwan, makinig sa isa sa mga ito habang nasa bus o sasakyan araw-araw sa loob ng ilang linggo, o hanapin ang mga talatang nabanggit sa pangkalahatang kumperensya sa iyong personal na pag-aaral ng banal na kasulatan. Kung anuman ang mapagpasiyahan mo, gumawa ng plano upang matupad ito. ■





"Pag-aralan ang mga mensahe mula sa pangkalahatang kumperensyang ito nang palagian—maging paulit-ulit—sa loob ng susunod na anim na buwan. Matapat na maghanap ng paraan para maisama ang mga mensaheng ito sa inyong family home evening, inyong pagtuturo ng ebanghelyo, inyong pakikipag-usap sa pamilya at mga kaibigan, at maging sa mga pakikipag-usap ninyo sa mga hindi natin kamiyembro."

**Pangulong Russell M. Nelson, "Magpatuloy Tayo," pangkalahatang kumperensya ng Abr. 2018.**

*Ang pagkilala ko sa aking mga ninuno ay nagbigay sa akin ng lakas-ng-loob upang labanan ang aking mga espirituwal na laban.*

# TINIYAK ANG AKING

**Hindi ibinigay ang pangalan**

Noong mga 11 taong gulang ako, nalantad ako sa pornograpiya. Ang isang pagkakataong iyon ay nauwi sa mas malaking problema na naging pinakamahirap na pakikibaka sa aking kabataan. Noong nasa mataas na paaralan na ako, tumalikod na ako sa pornograpiya at bumaling sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kahit na nakaranas ako ng himala sa pagbubura ng kalaswaan sa aking isipan, nakakaramdam pa rin ako ng labis na pang-uusig ng budhi sa aking puso.

Sa panahong ito, ipinahiram sa akin ng aking lola ang sulat-kamay na talambuhay ni Thea, ang lola-sa-tuhod ng aking ina. Sa loob ng ilang araw ay nakaramdam ako ng malalim na koneksiyon kay Thea Martina Waagen (1883–1967). Kalunos-lunos na namatay ang tatay ni Thea ilang buwan na lamang bago siya ipinanganak, kaya pinalaki siya ng kanyang balong inang dumayo mula sa Norway. Mahirap ang buhay habang lumalaki siya, pero nakahanap siya ng kaligayahan sa pagpitas ng mga ligaw na strawberry at pagtugtog ng organ sa kanilang lokal na simbahang Lutheran. Nag-asawang muli ang ina ni Thea, at sa tulong ng kanyang amain, nakapag-aral siya sa kolehiyo. Kalaunan sa kanyang buhay, si Thea at ang kanyang pamilya ay sumapi sa Simbahan at lumipat sa Utah, USA. Hindi naging madali ang mga bagay-bagay para kay Thea. Siya at ang kanyang asawa ay nagdiborsiyo. Nakaranas siya ng labis na kabiguan at matinding depresyon, ngunit nanatili siyang tapat sa kanyang patotoo.

Nang malaman ko ang tungkol kay Thea at sa pagpili niyang magtiyaga sa kahirapan, nakaramdam ako ng matinding pagmamahal na tumiyak sa akin ng sarili kong kahalagahan at tumulong sa aking malagpasan ang



PAGLALARAWAN NI ALEX NABAUM



# KAHALAGAHAN

nakakaparalisang pang-uusig ng aking budhi. Napagtanto ko na kung kinaya niyang gawin ang mahihirap na bagay, kakayanin ko rin.

Pumunta ako sa LDS.org at humingi ng kopya ng patriarchal blessing ni Thea. Mas napukaw ako nang mabasa ko, “Ang mga binhi ng iyong sinapupunan ay titindig at tatawagin kang pinagpala sa lahat ng mga kababaihan sa Sion.” Napagtanto ko na ang masidhi kong pagrespeto sa kanya ay katuparan ng simpleng pangungusap na iyon. Ang pagmamahal ni Thea ay nakatulong sa paghilom ng aking puso sa pagkakonsensya at nagbaling ng aking puso sa aking mga ninuno. Ito ang unang pagsaksi ko sa pangako ni Elder David A. Bednar na sa pakikilahok sa gawain ng family history, ako ay “mapoprotektahan laban sa tumitinding impluwensya ng kaaway” (“Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob,” *Liahona,* Nob. 2011, 27).

Nakaramdam ako ng karagdagang lakas at kalinawan sa aking buhay sa patuloy kong pagsasaliksik sa aking pamilya at pag-alam sa kanilang mga kuwento. Sa patuloy na pakikilahok sa mga aktibidad tungkol sa family history, naramdaman kong tila nagkaroon ako ng hukbo ng mga kakampi na tutulong sa akin na lumaban sa aking mga espirituwal na laban. Kaya kong mamuhay nang walang takot dahil “ang sumasaatin [ang ating mga ninuno] ay higit kay sa sumasa kanila [mga tagasunod ni Satanas]” (II Mga Hari 6:16).

Kahit na hindi ko pa natatagpuan ang libu-libong pangalan ng aking pamilya na dadalhin sa templo, nalaman ko ang mga kuwento ng aking mga ninuno at kinilala ang kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng masusing pananaliksik. Naglaan ako ng oras upang alalahanin ang kanilang mga buhay at igalang ang kanilang mga pamana. Alam ko na napalakas ako at naprotektahan laban kay Satanas dahil sa pagpuno ko sa aking buhay ng liwanag ng aking pamilya. ■

# Paghahanap ng mga **Himala** sa Pang-araw-araw na Buhay

**Nina Breanna Call Herbert,**
**Alex Hugie,**
**at Aspen Stander**
Mga Magasin ng Simbahan



*Kung titingnan natin ang buhay gamit ang lente ng pananampalataya kay Jesucristo, ang mga mata natin ay mabubuksan sa mararaming himala na nakapaligid sa atin.*

**Ano ang Isang Himala?**

Alam nating lahat kung ano ang isang himala, tama? Ang paghati ni Moises sa Dagat na Pula. Ang pagbibigay ng paningin ng Tagapagligtas sa isang bulag na lalaki. Ang pagpapagaling sa isang babae mula sa isang malubhang sakit. Isa sa pinakapambihirang himala ay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo—walang ibang himala na naging mas malawak ang epekto o makapangyarihan. Ngunit iyon lang ba ang uri ng mga karanasan na maaaring maituring na mga himala?

**ILANG MGA DAHILAN KUNG BAKIT GUMAGAWA NG HIMALA ANG DIYOS**

- Upang ipamalas ang Kanyang kapangyarihan
- Upang ituro ang isang espirituwal na alituntunin
- Upang pagtibayin ang isang naunang paghahayag
- Upang pagtibayin at palakasin ang pananampalataya
- Upang isulong ang Kanyang gawain

Sinabi ni Pangulong Dallin H. Oaks, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Maraming himala ang nangyayari sa araw-araw sa gawain ng ating Simbahan at sa buhay ng mga miyembro."[1] Ngunit kailan ka huling naglipat ng bundok o nakita na napakain ang libu-libong tao ng kakaunting isda at tinapay? Malamang, karamihan sa atin ay hindi pa nakakakita ng kahit anong katulad noon. Kaya paano magiging totoo ang pahayag ni Pangulong Oaks?

Ayon sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, ang mga himala ay

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES; DETALYE MULA SA SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO, NI HEINRICH HOFMANN

"paghahayag ng banal o espirituwal na kapangyarihan."[2] Gamit ang pakahulugan na iyon, buksan natin ang ating mga mata sa maraming himala na nakapaligid sa atin—mga himalang maaaring hindi natin nakikilala.

Siguradong makikita natin ang kamay ng Diyos sa buhay ng Kanyang mga tao sa mga himala sa banal na kasulatan. Ngunit maaari rin nating makita ang Kanyang espirituwal na kapangyarihan



sa tuwing nakakatanggap tayo ng kasagutan sa isang dasal, napapalakas ang ating patotoo, o nagkakaroon tayo ng pagbabago ng puso.

Gayunman, may ibang mga himala na nalilimutan natin: Ang araw ay sumisikat at lumulubog araw-araw; ang maliliit na binhi ay nagiging matatayog na puno; ang iba't ibang bahagi ng ating katawan ay kumikilos nang sama-sama upang tayo ay makahinga, makatakbo, mangarap, at makakain. Araw-araw ay sumusulong ang medisina at teknolohiya, at maaari na tayo ngayong makipag-usap sa sinuman kahit saan. Ang kapangyarihan ng Diyos ay maaaring makita sa bawat detalye ng ating buhay.

**Bakit Gumagawa ng Himala ang Diyos?**

Ang mga himala ay dumarating sa maraming paraan, ngunit ginagawa ng Diyos ang mga ito para sa iisang pangkalahatang layunin. Minsan ang mga himala ay nagpapagaling, nagpapaginhawa, o

pisikal na pinoprotektahan ang mga anak ng Diyos, ngunit hindi lamang ang mga panlabas na epektong ito ang dahilan para sa mga himala. Kadalasan, ang isang himala ay hindi naman talaga nakakapigil ng paghihirap o trahedya. Gumagawa ng himala ang Diyos para sa dalawang pangunahing dahilan: upang mapalakas ang pananampalataya at upang makagawa ng kabutihan.

Kadalasan, ang mga himala ay naghahayag ng kapangyarihan ng Diyos sa Kanyang mga anak o nagtuturo ng isang

**May ibang mga himala na nalilimutan natin: Ang araw ay sumisikat at lumulubog araw-araw; ang maliliit na binhi ay nagiging matatayog na puno.**

espirituwal na alituntunin. Sinasabi sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan na ang mga himalang ginawa ni Jesucristo "ay naglalayong maging patunay sa mga Judio na si Jesus ang Cristo" at magturo ng mga alituntunin gaya ng pananagutan, pagsisisi, pananampalataya, at pagmamahal.[3]

Sa ibang pagkakataon, ang mga himala ay maaaring magpatunay sa isang naunang paghahayag, gaya ng mga palatandaan ng pagsilang ni Cristo sa Amerika. Maaari ring gamitin ng Diyos ang mga himala upang maisulong ang Kanyang gawain—gawain sa family history, gawaing misyonero, and marami pang iba.

Ngunit kung maghahanap tayo ng mga himala para sa mga maling dahilan, maaari tayong magkaroon ng problema. Ang pinakakaraniwang problema ay nangyayari kung naghahanap tayo ng mga palatandaan bilang patunay na mayroong Diyos. Kung hindi natin daragdagan ng pananampalataya ang equation, ang mga palatandaang ito ay hindi kailanman hahantong sa tunay at walang hanggan na pagbabagong-loob. Tingnan na lamang ang nangyari sa Aklat ni Mormon: maraming taong nakakita ng mga palatandaan at himala, ngunit kung walang pananampalataya, ang kanilang pagsunod ay hindi magtatagal.

Mali ring maghanap ng mga himala para sa kasikatan o pera, para sa paghihiganti, o para sa pagtatangkang mabago ang kalooban ng Diyos.

Itinuro ni Pangulong Brigham Young (1801–77), "Ang mga himala, . . . ay hindi para sa hindi naniniwala; ang mga ito ay para aluin ang mga Banal, at palakasin at pagtibayin ang pananampalataya ng mga nagmamahal, natatakot, at naglilingkod sa Diyos."[4] Ang pag-unawa kung bakit gumagawa ng himala ang Diyos ay maaaring makatulong sa atin na makilala ang mga ito sa ating sariling buhay.

**ANO ANG MAGAGAWA KO?**

Mag-ukol ng ilang oras para pagnilay-nilayan ang nakaraang linggo. May nakita ka bang mga pangkaraniwang himala sa iyong pang-araw-araw na buhay? Kung ang himala na iyong inaasahan ay hindi nangyari, may iba bang karanasan na nagbigay sa iyo ng kaginhawahan, espirituwal na paglago, o isang pagkakataon na maging mas malapit sa Tagapagligtas?

**Paano Ko Makikilala ang Isang Himala?**

Ang mga himala ay mangyayari lamang ayon sa kalooban ng Diyos at sa ating pananampalataya sa Kanya. Isinulat ni propetang Moroni, "At ni hindi kailanman nakagawa ang sinuman ng mga himala hanggang sa sila muna ay nagkaroon ng pananampalataya; anupa't sila ay unang naniwala sa Anak ng Diyos" (Eter 12:18). Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay nagpapahintulot sa atin na makita ang magagandang bagay na nangyayari sa ating buhay bilang gawain ng Diyos sa halip na pagkakataon o kapalaran lamang. Ang pagkilala sa isang himala ay bahagi mismo ng himala! Kung titingnan natin ang buhay gamit ang lente ng pananampalataya kay Jesucristo, ang mga mata natin ay mabubuksan sa maraming himala na nakapaligid sa atin.

Gayunpaman, ang sukat, tiyempo, at resulta ng isang himala ay hindi sukatan ng ating pananampalataya. Sabihin nating dalawang pamilya ang nakatanggap ng balita na isa sa kanilang mga anak ay may kanser. Ang dalawang pamilya ay parehong nagdarasal para sa kanilang minamahal upang gumaling nang mabilis. Ang dalawang pamilya ay parehong nananampalataya sa nakapagpapagaling na kapangyarihan ni Jesucristo.

Ang anak ng unang pamilya ay gumaling nang tuluyan, salungat sa mga prediksyon ng doktor na mayroon na lamang siyang ilang buwan na natitira upang mabuhay. Ang anak ng pangalawang pamilya ay nagdusa sa mahabang gamutan at pagkatapos ay pumanaw rin, ngunit ang buong pamilya ay nakadama ng matinding kapayapaan at kaginhawahan sa halip na mawalan ng pag-asa.

Hindi ito nangangahulugang mas malakas ang pananampalataya ng unang pamilya kaysa sa pangalawa. Ang dalawang pamilya ay parehong nakatanggap ng mga himala sa kanilang sariling paraan, at ang mga himalang ito ay parehong bahagi ng isang huwaran ng patuloy na katiyakan na ang Diyos ay may plano para sa bawat isa sa Kanyang mga anak.

Gumagawa ang Panginoon ng mga himalang pangkaraniwan at hindi pangkaraniwan sa ating panahon. Ang mga tapat na tagasunod ni Jesucristo sa bawat dispensasyon ay nakaranas ng mga dramatikong pagpapagaling at hindi maipaliwanag na tagumpay. Gayunpaman, hindi natin dapat makaligtaan ang mga pang-araw-araw na pangyayari na nagsisilbing mga paalala ng kamay ng Diyos sa ating buhay. Minsan kailangan lang nating makilala ang mga ito! ■

**MGA TALA**

1. Dallin H. Oaks, *"Miracles," Ensign,* Hunyo 2001, 6.
2. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Himala."
3. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Himala."
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 286.

**"Ang mga himala . . . ay hindi para sa hindi naniniwala; ang mga ito ay para aluin ang mga Banal, at palakasin at pagtibayin ang pananampalataya ng mga nagmamahal, natatakot, at naglilingkod sa Diyos."**

**—Pangulong Brigham Young**

ANG PAGTATAYO AT PAGKAKAROON NG MGA TEMPLONG ITO AY MAAARING HINDI MAKAPAGPAPABAGO NG INYONG BUHAY, NGUNIT

# ANG ORAS NINYO SA LOOB NG TEMPLO AY TIYAK NA MAGAGAWA ITO.

Ni Pangulong Russell M. Nelson, pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2018.




LARAWAN NG BARRANQUILLA COLOMBIA TEMPLE

# Pakikinig sa Tinig ng Panginoon sa Pangkalahatang Kumperensya

**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Nagpapatotoo ako sa inyo na si Jesus ang Cristo, na ginagabayan Niya ang mga nangyayari sa banal na gawaing ito, at na ang pangkalahatang kumperensya ay isa sa mga pinakamahalagang panahon kung kailan Siya nagbibigay ng direksyon sa Kanyang Simbahan at sa atin mismo.

Habang naghahanda tayong magtipun-tipon sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong Russell M. Nelson, inaasahan nating marinig "ang kalooban ng Panginoon, . . . ang kaisipan ng Panginoon, . . . ang tinig ng Panginoon, at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan" (Doktrina at mga Tipan 68:4). Nagtitiwala tayo sa pangako ng Panginoon: "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (Doktrina at mga Tipan 1:38).

Sa gitna ng kaguluhan at kalituhan ng ating modernong daigdig, ang pagtitiwala at paniniwala sa mga salita ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa ay mahalaga sa ating espirituwal na paglago at pagtitiis.

Naparito tayo sa pangkalahatang kumperensya matapos magdasal at maghanda. Karamihan sa atin ay may matitinding alalahanin at mga seryosong tanong. Nais nating mapanibago ang ating pananampalataya sa Tagapagligtas, na si Jesucristo, at mapalakas ang ating kakayahan na labanan ang tukso at iwasan ang mga pang-aabala. Pumarito tayo upang maturuan mula sa kaitaasan.

Ipinapangako ko sa inyo na kapag inihanda ninyo ang inyong espiritu at pumarito na inaasahang maririnig ninyo ang tinig ng Panginoon, darating sa inyong isipan ang mga kaisipan at damdamin na sadyang para sa inyo.

May baul ng kayamanan ng patnubay ng langit na naghihintay na matuklasan ninyo sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya. Ang pagsubok sa atin ay kung paano tayo tutugon sa ating naririnig, nababasa, at nadarama.

Ipinapangako ko na habang pinapakinggan ninyo ang tinig ng Panginoon sa mga turo sa pangkalahatang kumperensya, at pagkatapos ay kumilos kayo sa mga pahiwatig na iyon, madarama ninyo ang paggabay ng langit, at ang inyong buhay at ang buhay ng mga nakapaligid sa inyo ay pagpapalain. ■

***Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2017.***

Nakapagsasalita ng **Ingles, Pranses, Portuges,** at **Espanyol.**




Sa kanyang unang taon sa Brigham Young University, nagtrabaho siya bilang **tagalinis ng mga banyo** tuwing alas kwatro ng umaga bago pumasok sa mga klase.




# Elder NEIL L. ANDERSEN



Noong nasa mataas na paaralan na siya ay dumalo siya sa isang **kumperensya ng pamahalaan ng mga mag-aaral** kasama ang mga kabataan mula sa 37 bansa! Sinabi niya sa iba ang tungkol sa Simbahan.



Nahalal bilang **bise presidente ng lupon ng mga mag-aaral** sa BYU.




Mahilig **maglaro ng basketball** kasama ang kanyang pamilya pagkatapos umuwi mula sa trabaho.





Nagtapos sa **BYU** at sa Harvard School of Business.

Pinakasalan si Kathy Williams noong Marso 20, 1975, sa **Salt Lake Temple.**



Lumaki sa isang **dairy farm** sa Pocatello, Idaho, USA.



Isa sa mga paborito niyang gawain sa sakahan ay ang pagtulong sa **pag-aalaga ng mga kuneho.**

Isinasama ang bawat isa sa kanyang anak upang **mag-agahan isang beses sa isang buwan** para mabigyan niya ang bawat isa sa kanila ng kanyang lubos na pansin.




Tinawag upang maglingkod sa **France Mission** at kalaunan ay nagsilbi bilang pangulo ng France Bordeaux Mission.



Sinang-ayunan sa **Korum ng Labindalawang Apostol** noong Abril 2009.





Ipinanganak noong Agosto 9, 1951, sa **Logan, Utah.**

May **apat na anak** at **17 apo.**




ANG MGA ICON AY GAWA NI ANDREW ROBERTS

MGA YOUNG ADULT

**PUMUNTA SA TEMPLO**

*Basahin ang tungkol sa mga pagpapala ng pagsusuot ng temple garment at pagsisikap na mas maunawaan ang iyong mga tipan sa templo.*

42



MGA KABATAAN

**PAANO MALALAMAN ANG KATOTOHANAN**

52, 55

MGA LESSON SA ARAW NG LINGGO

**ANO ANG HITSURA NG HIMALA NGAYON?**

60

PANGKALAHATANG KUMPERENSYA

**HANDA KA NA BA?**

56, 64

TAGALOG
4 02186 03893 6

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

# Kaibigan

Marso 2019

Ang bahaging pambata ng *Liahona,* na inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw



Isang bagong templo sa **ITALY!**

Tingnan sa mga pahina 8–11



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pagiging Tulad ni Jesus

Isang araw ng Linggo pinanood ko ang isang grupo ng mga Primary na kumakanta:

*Sinisikap kong tularan ang Panginoong Jesus.*
*Sinisikap kong tularan sa salita at kilos.*
*Sa t'wing maiisip gawin ang mali,*
*Sinisikap ko na dinggin ang munting tinig,*
*"Magmahal ka nang tulad ni Jesus,*
*Ang kabutiha'y 'pakitang lubos.*
*Maging mahinahon sa diwa't kilos.*
*Ito ang turo ni Jesus."*

Ang bawat bata ay nakaupo na sa gilid ng kanilang upuan. Nakikita ko ang ningning sa kanilang mga mata at determinasyon sa kanilang mga mukha. Si Jesucristo ang kanilang halimbawa. Ang maging katulad Niya ang kanilang mithiin.

Lahat tayo ay maaaring maging katulad ng Tagapagligtas na si Jesucristo sa pamamagitan ng pamumuhay ng Kanyang ebanghelyo. Sana maghanap kayo ng mga pagkakataon upang magawa ang Kanyang mga nagawa at upang magmahal tulad ng pagmamahal Niya. Ang pagmamahal ang Kanyang paraan upang gabayan tayo na maging katulad Niya. Wala pang perpekto sa atin. Ngunit maaari nating malaman na tayo ay sumusunod sa Kanyang paraan. Inaakay Niya tayo, at nais Niyang sumunod tayo sa Kanya. ●

*Mula sa "Ating Perpektong Halimbawa,"* Liahona, *Nob. 2009, 70–73.*



Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal para sa iba? Magpadala sa amin ng bulaklak para sa aming halamanan ng kabaitan! Ipadala ito sa liahona@ldschurch.org.

PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY

# Ang Sermon sa Bundok



Ang mga banal na kasulatan ay nagtuturo sa atin tungkol sa isang espesyal na mensahe (o sermon) na ibinigay ni Jesus na tinatawag na Sermon sa Bundok. Hanapin ang mga talata sa ibaba at iparis ito sa mga turo ni Jesus. ●



**Mateo 6:6–15**

**Mateo 5:44; 7:12**



**Mateo 5:14–16**

**Mateo 7:7–11**



**Mateo 5:2–11**




MGA PAGLALARAWAN NI DANI JONES

# Kapangyarihan ng Dasal

*Sino ang maaari mong ipagdasal ngayong araw?*

**Ni David Dickson**
Mga Magasin ng Simbahan
Batay sa tunay na buhay

*"Ipagdasal ang bawat isa" (Santiago 5:16).*



Pinapunta ni Tatay ang lahat sa kompyuter. Binitiwan ni Lucy ang laruang giraffe na kanyang pinaglalaruan at mabilis na pumunta roon. Ano ba ang nangyayari? Oras na ba para tawagan si Lola sa internet?

Itinuro ni Tatay ang screen ng kompyuter. "Nais kong ipakita sa inyo ang bahagi ng isang mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya."

Sumulyap si Lucy. Hindi si Lola iyon. Iyon ay si Pangulong Eyring! Kabilang siya sa Unang Panguluhan.

Pinindot ni Tatay ang play. Itinuro ni Pangulong Eyring ang tungkol sa pagsuporta sa inyong mga lider ng Simbahan. Ipinaliwanag niya kung paanong kailangan ng mga lider ng Simbahan na ipagdasal natin sila.

"Iyon po ang dahilan kung bakit natin ipinagdarasal ang propeta, di ba, Tay?" tanong ng kanyang nakababatang kapatid na lalaki na si David. Tumango ang kanyang Tatay at Nanay.

"Oo, yun nga," sabi ni Tatay. "Ngunit lagi ko rin pong naiisip ang tungkol sa panguluhan ng ating branch. Sa tingin ko po kailangan din ni Pangulong Alvarez at ng kanyang mga tagapayo ang ating mga dasal."

Mahal ni Lucy si Pangulong Alvarez at ang kanyang mga tagapayo. Lagi silang mabait sa kanya. Nais niyang matulungan sila!

"Ipagdarasal ko po sila," sabi ni Lucy. "At maaari rin po natin silang isama sa ating pagdarasal bilang pamilya!"

"Palagay ko magandang ideya iyan," sabi ni Nanay. "Gawin natin iyon."


Sa mga sumunod na araw, nagsikap si Lucy upang maalala na magdasal para sa panguluhan ng kanilang branch tuwing siya ay nagdarasal. Ilang segundo lamang ang itinatagal nito sa bawat pagkakataon. Madali lang!

Sa sacrament meeting nang sumunod na araw ng Linggo, tumayo si President Alvarez pagkatapos ng himno. Pagkatapos ay may sinabi siya na nagpalaki ng mata ni Lucy.

"Bilang panguluhan ng branch, nais naming magpasalamat sa inyo sa pagdarasal ninyo para sa amin," sabi niya. "Nakadama kami ng matinding kalakasan mula sa mga dasal na iyon. Kailangan namin ang inyong pananampalataya at dasal upang magampanan namin ang aming mga tungkulin. Salamat!"

Napangiti si Lucy. Lumingon siya kay David. Nakangiti rin siya. Hindi siya makapaniwala! Nasasabik siya kaya hindi siya mapirme sa kanyang upuan. Naupo siya sa gilid ng kanyang upuan at hinila ang manggas ni Nanay.





"Kapag nagdarasal ako, nararamdaman kong napapalapit ako sa Ama sa Langit at kay Jesus."

**Lorena Eduarda N., edad 5, São Paulo, Brazil**

MGA PAGLALARAWAN NI HOLLIE HOBERT

"Nanay!" bulong niya. "Narinig po ba ninyo kung ano ang sinabi ni President Alvarez?!" Nais niyang tumalon-talon. "Umubra iyon! Talagang umubra ang mga dasal natin!"

Pagkatapos magsimba, si Lucy at ang kanyang pamilya ay magkakasamang naglakad pauwi.

"Talagang naririnig ng Diyos ang ating mga dasal," sabi ni Nanay. "At hindi ba kamangha-manghang makita kung gaano kalakas ang kapangyarihan ng pagdarasal ng isang grupo ng tao para sa ibang tao?"






Nakadama ng sigla at saya si Lucy. Tumalon-talon sila ni David sa bangketa habang naglalakad sa likod nila sina Nanay at Tatay. Alam niya na narinig ng Ama sa Langit ang mga dasal ng kanyang pamilya. Sila ay tunay na gumagawa ng kaibahan. Sa pamamagitan lamang ng pagdarasal!

Nang gabing iyon, naghanda na si Lucy na magdasal. Naisip niya ang tungkol sa kanyang guro sa Primary at iba pang mga lider ng Simbahan na maaaring mangailangan ng ilang dagdag na pagpapala. Siguro magdarasal din siya para sa kanila! Tiniklop ni Lucy ang kanyang mga bisig at yumuko. Alam niya kung ano ang sasabihin. ●

# Habang Nanonood Ka ng Pangkalahatang Kumperensya

Bigyang-pansin ang bawat isa sa mga salita o pariralang ito sa pangkalahatang kumperensya sa Abril at pagkatapos ay kulayan ang mga puwang kapag narinig mo ang mga ito.



# Sa Tuwing Magdarasal




© 2019 ni Sally DeFord. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

# Hello, mula sa Italy!




Ako si Margo. At ako naman si Paolo. Naglalakbay kami sa buong mundo upang matuto tungkol sa mga anak ng Diyos. Samahan kami sa aming pagbisita sa Italy!

Ang Italy ay nasa katimugan ng Europe. Sa isang mapa, mukha itong isang bota! Mahigit sa 60 milyong tao ang nakatira doon.




Alam mo ba kung paano sasabihin ang "Ako ay anak ng Diyos" sa wikang Italyano? *Sono un figlio di Dio.* Binabasa ng batang babae na ito ang Aklat ni Mormon sa wikang Italyano.



Karamihan sa mga Italyano ay nabibilang sa simbahang Katoliko. Bagaman ang ilan sa kanilang mga paniniwala ay iba sa paniniwala natin, naniniwala sila sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa Espiritu Santo.





Maraming bata sa Italy ang umuuwi mula sa paaralan upang kumain kasama ang kanilang mga pamilya kapag *pausa pranzo*—tanghalian. Maaaring kakain sila ng pasta o kanin at karne at gulay.




Bago maghapunan, maraming Italyanong pamilya ang mahilig maglakad-lakad kapag gabi, o *passeggiata.* Nagsusuot sila ng magagandang damit at naglalakad nang magkakasama sa plasa. Maaari rin silang huminto para kumain ng gelato—sorbetes ng Italy. *Mmmm!*



Ngayong buwan, isang templo ang magbubukas sa Rome! Ito ay ibinalita sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2008. Ito ang magiging unang templo sa Italy.

**Ikaw ba ay taga-Italy? Gusto naming makarinig mula sa iyo! Tingnan ang pabalat sa likod para makita kung paano ka susulat sa amin.**

**Kilalanin ang ilan sa ating mga kaibigan mula sa Italy!**



"Alam ko na buhay si Jesus at na ginagabayan Niya ang mga propeta. Napakahalaga ng pagpunta sa simbahan upang mas matutunan natin ang tungkol kay Jesus. Nagsimula akong magbasa ng Aklat ni Mormon araw-araw dahil nais kong magkaroon ng mas maraming kaalaman tungkol sa ebanghelyo."

**Lorenzo B., pitong taong gulang, Piedmont, Italy**



"Kapag ako ay malapit sa templo, naiisip ko ang tungkol kay Jesus at ako ay nasasabik. Sa wakas ay hindi na namin kailangang magmaneho ng labindalawang oras upang makapunta sa templo. Ngayon ay makakapunta na ako sa templo sa loob lamang ng 50 minuto! Kapag ako ay 12 taong gulang na, maaari na akong pumunta sa templo at magsagawa ng mga pagbibinyag."

**Olivia G., edad 8, Lazio, Italy**






MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE; MGA LARAWAN NG BANDILA, STAINED GLASS, AT PLASA MULA SA GETTY IMAGES

# Makitang LUMALAGO ang Rome Temple

**Ni Marissa Widdison**
Mga Magasin ng Simbahan
Batay sa tunay na buhay

*"Templo'y ibig makita. Doon ay pupunta"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *99)*.

Tinititigan nina Gioele at Michele ang lugar na pinagtatayuan [ng templo] sa tapat ng kalye. Marami silang nakikitang bakal na beam (baras) at patung-patong na semento.

"Parang hindi pa naman mukhang templo," sabi ni Gioele.

"Ngunit ito ay magiging gayon balang-araw," sagot ni Michele.

Ito ang unang pagkakataon na nakita ng magkapatid ang lugar kung saan itinatayo ang Rome Italy Temple. Sa ngayon ay kailangan pang pumunta ng kanilang pamilya sa Switzerland upang makabisita sa templo. Ngunit ang bagong templong ito ay tatlumpung minuto lamang ang layo mula sa kanilang tahanan!



Pinanood nina Michele at Gioele ang malalaking dilaw na trak na naghahakot ng mga tambak ng lupa.

"Sa palagay ko diyan ilalagay ang isa sa mga tore," sabi ni Michele habang nakaturo sa isang lugar na malapit sa harapan ng gusali.

Tumango si Gioele. "Tingnan mo! Paparating na si Itay," sabi niya. Ang kanilang ama ay nakasuot ng kanyang karaniwang damit sa trabaho—damit na pansimba na may kasamang puting sumbrerong pangkonstruksyon. Nagtatrabaho siya bilang electrical engineer sa templo. Gustung-gusto nilang naririnig ang tungkol sa ginawa niya sa bawat araw. Halimbawa, isang araw sinabi niya sa kanila na dumating na ang estatwa ni Cristo. Sa isa pang pagkakataon ay sinabi niya sa kanila ang tungkol sa bautismuhan.

Nang gabing iyon, tiniyak ni Michele na bigkasin ang kanyang mga dasal at magpasalamat sa Ama sa Langit para sa templo. Nakadarama siya ng sigla tuwing nagdarasal siya tungkol dito.

Lumipas ang mga linggo. Ang mga palikong pader ay tinakpan ng matibay na bato, at dalawang matataas na tore ang nakaturo sa langit. Itinayo ang isang maliit na visitors' center sa hindi kalayuan. Paminsan-minsan, sina Gioele at Michele ay pumupunta roon upang idiin ang kanilang mga mukha sa bintana at makita kung ano ang nagbago.

Isang araw ay nakatanggap sila ng isang masayang sorpresa.

"Nais n'yo bang makita ang paglalagay ng estatwa ng anghel na si Moroni sa ibabaw ng templo?" tanong ni Inay. Ang pamilya ng lahat ng mga manggagawa sa konstruksiyon ay inanyayahan na manood.

Hindi makapaniwala sina Gioele at Michele. Sabik na sabik sila!

Kinabukasan ay nagsuot sila ng mga puting kamiseta at kurbata. Naglakad-lakad sila sa paligid ng templo kasama ng iba pang mga pamilya. Nakapagpakuha pa sila ng larawan kasama ang ginintuang anghel na si Moroni. Napakalaki nito!

Pagkatapos ay sinimulan nang ilipat ng mga manggagawa ang estatwa. Pinanood ni Gioele ang maingat na pag-aangat ng higanteng crane sa anghel na si Moroni tungo sa tuktok ng isa sa mga tore. Isang drone ang lumibot upang kumuha ng isang video. Ang galing talaga!

Naisip ni Gioele ang lahat ng taong matututo tungkol sa Simbahan sa pamamagitan ng pagbisita sa bakuran ng templo. Naisip niya kung gaano karaming tao ang maikakasal doon at kung paano magpapabinyag ang mga tao para sa mga taong namatay.

"Ngayon ay mukha na itong isang templo," sabi niya sa kanyang kapatid. Ngumiti si Michele at tumango.

Naging masaya ang magkapatid. Nasasabik na silang pumasok sa templo sa lalong madaling panahon! Lumalago ang kanilang patotoo kasabay ng pagtaas ng gusali. ●

**Ang Rome Italy Temple ay ilalaan sa linggo ng Marso 10–12!**




MGA PAGLALARAWAN NI KEVIN KEELE

**Ni Tiffany M. Leary**

Maraming paraan upang masabing “Mahal kita” sa ating pamilya at mga kaibigan! Laruin ang larong ito sa isang grupo. Gumamit ng mga pananda ng lugar tulad ng mga butones o maliliit na bato. Magpagulong ng isang dais, umusog nang pasulong, at gawin ang gawain sa espasyo kung saan ka lumapag. ●

# Maraming Paraan upang Masabing “Mahal Kita”






MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

# Bumisita sa Russia si Elder Uchtdorf

*Ang mga Apostol ay naglalakbay sa buong mundo upang maglingkod sa mga tao at magturo tungkol kay Jesucristo.*

Bumisita sa Russia sina Elder Dieter F. Uchtdorf at Sister Harriet Uchtdorf upang makatulong sa mga miyembro ng Simbahan doon. Bago maging isang Apostol, si Elder Uchtdorf ay madalas lumipad patungong Russia bilang kapitan ng eroplano. ●



Malaking bansa ang Russia, at hindi nagkaroon ng templo dito noon pa man. Noong nakaraang taon, ibinalita ni Pangulong Nelson na isang templo ang itatayo doon. Sabik na sabik ang lahat!



Unang pumunta si Elder Uchtdorf sa Moscow, ang kabiserang lungsod ng Russia. Natuwang makipagkita sa kanya at makinig sa mga turo niya ang mga tao roon. Sinabi niya na maaari tayong makatulong sa iba na malaman ang tungkol kay Jesus sa pamamagitan ng pagsisilbi sa kanila.

Russia

St. Petersburg

Moscow

Sunod niyang pinuntahan ang malaking lungsod na tinatawag na St. Petersburg. Sa Russia, ang mga missionary ay tinatawag na mga "boluntaryo," at araw-araw silang naghahanap ng mga taong matutulungan. Maaari lamang silang magturo sa mga tao tungkol sa ebanghelyo kapag sila ay nasa loob ng gusali ng Simbahan. Kumain ng hapunan si Elder Utchdorf kasama ang ilan sa mga boluntaryo na malapit nang matapos sa kanilang misyon at pauwi na.



MGA PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Kahit hindi pa natin alam kung saan o kailan itatayo ang bagong templo, hinimok ni Elder Utchdorf ang bawat isa sa Russia na ihanda ang kanilang mga buhay para sa araw kung kailan magkakaroon ng templo roon.







**PAGHAHANDA PARA SA TEMPLO**


Ano ang ilan sa mga paraan na makapaghahanda ka upang makapunta sa templo balang-araw?



Maglagay ng larawan ng templo sa iyong silid.



Maghanap ng isang tao sa iyong family tree na hindi pa napapabinyagan.



Makipag-usap tungkol sa templo sa isang taong nakapasok na sa loob.

# Kilalanin si Dr. Mattie



**Ni Jordan Monson Wright**
*Batay sa tunay na buhay*

Taong 1873 noon, at ang propetang si Pangulong Brigham Young ay nagsasalita sa pangkalahatang kumperensya. "Dumating na ang panahon," sabi niya, "para ang kababaihan ay lumabas bilang mga doktor sa mga lambak na ito ng mga bundok."

Ang labing-anim na taong gulang na si Martha (Mattie) Hughes ay nagalak nang marinig niya ang pahayag ng propeta. Alam niyang ang ilan sa mga paaralan ng medisina ay nagpapahintulot na sa kababaihan na maging doktor. Pangarap niya ang maging doktor.

Siyempre, bago siya makapasok sa paaralan ng medisina, kailangang mag-ipon si Mattie ng maraming pera. At makapagtapos ng kolehiyo. Kakailanganin nito ang maraming oras. At magiging mahirap ang gawain. Alam niya iyon.

Ngunit naisip ni Mattie ang kanyang nakababatang kapatid na si Annie na pumanaw sa paglalakbay gamit ang bagon papuntang Utah. Walang doktor na tumulong noong nagkasakit ito. Pagkatapos ay pumanaw naman ang ama ni Mattie. Dito sa Salt Lake City, maraming kakilala si Mattie na nagkasakit o nasaktan. Kung magiging doktor si Mattie, matutulungan niya ang mga ito.

Nagdesisyon si Mattie na manampalataya. Sinabi ng propeta na ang kababaihan ay kailangang magsanay upang maging doktor, at nais niyang maging isa sa kanila! Tutulungan siya ng Diyos na makahanap ng paraan upang makapasok sa paaralan ng medisina.

Nagtrabaho si Mattie nang mabuti upang makapag-ipon ng pera. Nakakuha siya ng trabaho bilang typesetter para sa isang pahayagan. Kailangan niyang ayusin nang maingat ang bawat letra ng bawat salita sa tamang pagkakasunud-sunod para mailimbag ang pahayagan. Pagkatapos magtrabaho, pumapasok si Mattie sa klase sa isang unibersidad upang makapaghanda para sa paaralan ng medisina.



Sa pagitan ng bahay, trabaho, at paaralan, naglalakad si Mattie ng anim na milya (sampung kilometro) araw-araw! Nagsusuot siya ng mabigat na botang panlalaki dahil hindi sapat ang tibay ng kanyang karaniwang sapatos upang maglakad sa putikan. Nais sana niyang sumakay sa mga trambyang hila ng mga mola sa halip na maglakad, ngunit iniipon niya ang bawat sentimo para sa pag-aaral niya.





Nag-aalala si Mattie na hindi siya makakapag-ipon ng sapat na pera. Alam niyang susubukan siyang tulungan ng kanyang ina at amain, ngunit mayroon pa silang ibang mga anak na aalagaan. Ano pa ang magagawa niya?

Nagdesisyon si Mattie na magdaos ng fund-raiser at humiling sa mga kaibigan at mga miyembro ng kanilang ward na magbahagi ng anumang halaga na mailalaan nila. Masaya silang tumulong. Si Mattie ang pangatlong babae na susunod sa panawagan ni Pangulong Young, at nais nilang magtagumpay siya at maging isang doktor.

Pagkatapos ng mga fundraiser, nagkaroon si Mattie ng sapat na pera upang makapasok sa paaralan ng medisina! Naglakbay siya sa kabilang dako ng bansa tungo sa isang unibersidad at nag-aral nang mabuti.

Pagkalipas ng dalawang taon, buong kumpyansang nagmartsa si Mattie tungo sa entablado ng pagtatapos upang tanggapin ang kanyang diploma. Sa wakas ay doktor na siya! Kahit kailan ay hindi pa siya nakaramdam ng ganoong kasabikan.

Lumingon si Mattie sa grupo ng mga hindi niya kakilala na nagpapalakpakan. Wala sa kanyang pamilya o mga kaibigan mula sa kanyang bayan ang makakadalo, ngunit alam niyang ipinagmamalaki nila siya. Malapit na siyang makauwi sa kanyang bayan upang maalagaan sila at maituro sa kanila ang kanyang mga natutunan.

Matapos makabalik sa Utah, nagtrabaho si Mattie sa ospital ng Relief Society sa Salt Lake City. Gusto niya ang pagiging malapit sa Rocky Mountains! At gusto niya ang kanyang trabaho bilang isang doktor. Tumulong siya sa panggagamot ng mga sakit, pagpapagaling ng mga sugat, at maging sa pagtuturo ng mga klase tungkol sa pagpapaanak.

Naging mahirap na gawain ang pagiging isang doktor. Ngunit mahal siya ng Ama sa Langit at tinulungan siya. Ngayon ay gugugulin na ni Mattie ang nalalabing oras ng kanyang buhay sa pagtulong sa iba. Ang may-akda ay naninirahan sa Michigan, USA.●



Si Martha "Mattie" Hughes Cannon (1857–1932) ay isang pioneer, doktor, at pulitiko. Siya ang unang babae sa Estados Unidos na nahalal bilang senador ng estado. Nagtrabaho siyang mabuti upang mas maging maayos ang buhay para sa iba.

MGA PAGLALARAWAN NI BROOKE SMART




**Ni Elder Massimo De Feo**
Ng Pitumpu

# Isang Aral mula sa Aking mga Magulang



Lumaki ako sa isang maliit na bayan sa katimugang Italy. Hindi miyembro ng Simbahan ang aking pamilya noon. Isang araw, noong ako ay siyam na taong gulang, dalawang missionary ang kumatok sa aming pintuan.

Hindi interesado ang aking mga magulang sa sasabihin ng mga missionary, ngunit ako ay interesado. Pati ang kuya kong si Alberto. Pinayagan kami ng aming



mga magulang na patuloy na makipagkita sa mga missionary. Kalaunan ay nabinyagan at nakumpirma kami. Ako ay 10 taong gulang at si Alberto ay 11 taong gulang.

Noong ako ay 18 taong gulang, hiniling ko sa aking ama na tulungan akong magbayad para sa aking misyon. Noong una ay sinabi niya na, “Hindi maaari. Sobrang laking pera noon.” Ngunit pagkalipas ng ilang araw, tinanong niya ako, “Nais mo ba talagang magmisyon?” At sinabi kong, “Oo. Nang buong-puso.” Sinabi ng aking ama na tutulungan niya ako.

Hindi ko maintindihan kung bakit magbabayad ang aking ama ng malaking halaga para sa akin. Pagkatapos ay napagtanto ko na ito ay dahil mahal niya ako. Naisip ko ang tungkol sa sakripisyo ni Jesucristo para sa atin dahil dito. Binayaran Niya ang pinakamataas na halaga dahil minahal Niya tayo.

Nang makabalik ako mula sa aking misyon, ang aking ina ay may malubhang sakit na kanser. Isang araw ay hiniling niyang turuan ko siyang magdasal. Nais niyang magdasal para sa akin. Kahit na nasasaktan siya, iniisip pa rin niya ang iba. Pinaalalahanan niya rin ako tungkol kay Jesus. Nang Siya ay nagbayad-sala para sa atin, Siya ay nakaranas ng matinding sakit. Ngunit nagdasal pa Siya para sa *atin*.

Kahit na hindi kailanman sumapi sa Simbahan ang aking mga magulang sa buhay na ito, naging mabuting halimbawa sila para sa akin. Nagpapasalamat ako sa mga aral na natutunan ko mula sa kanila. Marami tayong maaaring matutunan mula sa ating mga magulang, guro, at lider kung bukas tayo sa mga itinuturo nila.●

PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

# Ipakita at Ikuwento




Ipinagdiwang natin ang anibersaryo ng Primary sa pamamagitan ng pagdaraos ng isang palabas ng talento sa tulong ng mga pamilya at missionary. Nagpalabas ng isang kuwento mula sa Aklat ni Mormon ang bawat pamilya.

**Aktibidad ng Primary, Cali Colombia Colima Stake**




Ang aking binyag ay talagang espesyal sa akin. Nagdasal ako kasama ang aking ina na bigyan ako ng pahintulot ng aking ama na mabinyagan. Sinagot ng Ama sa Langit ang aking mga dasal, at pinahintulutan ako ng aking ama. Nabinyagan ako, at napakasaya ko na mapabilang sa nag-iisang totoong Simbahan sa balat ng lupa, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Lumalago ang aking patotoo araw-araw habang natututo ako tungkol sa aking Ama sa Langit.

**Amy V., edad 9, El Oro, Ecuador**



Nag-aaway ang aking mga nakababatang kapatid na babae at lalaki. Ipinaalala ko sa kanila na tinuruan tayo ni Jesus na huwag makipag-away. Masarap sa pakiramdam na maging mabuting halimbawa.

**Tequan K., edad 10, Lusaka, Zambia**




Natutunan namin ang tungkol sa baluti ng Diyos, Mga Saligan ng Pananampalataya, mga lider ng Simbahan, mga aklat sa Aklat ni Mormon, at panaginip ni Lehi.

**Aktibidad ng Primary, Santiago Spain District**

# Nagturo si Jesus tungkol sa Pagdarasal

Nagturo si Jesus sa isang burol malapit sa dagat. Nagturo Siya tungkol sa pagiging mabait. Nagturo Siya tungkol sa pagiging mabuting halimbawa. Nagturo rin Siya tungkol sa panalangin.





Itinuro ni Jesus na dapat tayong makipag-usap sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagdarasal.

Maaari tayong magpasalamat sa Diyos para sa kung ano ang mayroon tayo. Maaari tayong humiling sa Kanya ng mga bagay na kailangan natin.

Maaari tayong magdasal upang mapatawad ang iba. Maaari tayong humiling sa Diyos na patawarin tayo. Maaari tayong magdasal upang magawa ang tama.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Maaari akong maging katulad ni Jesus. Maaari akong magdasal sa Ama sa Langit araw-araw.●

*Maaari mong mabasa ang mga turong ito ni Jesus sa Mateo 6:5–13.*

# Maaari Akong Magdasal



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

# Mahal naming mga Magulang


Ang pagbabasa ay isang mahalagang kasanayan na maaaring magbukas ng maraming pintuan. Narito ang mga ideya sa paggamit ng *Kaibigan* upang matulungan ang iba na matutong magbasa.

- Gumamit ng mga paglalarawan. Ipalarawan sa iyong anak ang kanyang nakikita at pagkatapos ay hanapin ang bahaging iyon ng kuwento habang nagbabasa o nakikinig sila.
- Basahin nang malakas ang mga kuwento at pasunurin ang mga bata gamit ang kanilang mga daliri.
- Kapag may nahanap silang bagong salita, ipaliwanag ang kahulugan nito at ipasulat ito sa kanila upang mapagsanayan kalaunan.
- Magtanong tungkol sa mga kuwento upang matulungan silang maunawaan ito. “Ano ang pakiramdam ni Lucy ngayon?” “Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa pagdarasal?” “Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari?”
- Kapag natapos na ninyo ang isang kuwento, pag-usapan ito. Hilingin sa iyong anak na ikuwento kung ano ang nangyari. Ano ang natutunan nila? Ano ang nagustuhan nila tungkol dito?

Nais naming marinig ang iyong mga saloobin tungkol sa paggamit ng mga kwentong ito upang maturuan ang iba!

**New *Friend* section**
**50 E. North Temple St., room 2393**
**Salt Lake City, UT 84150 USA**
**liahona@ldschurch.org**

Nagmamahal,
Ang *Kaibigan*



**Hanapin ang nakatagong Liahona sa loob!**

**SA PABALAT NG *KAIBIGAN***
Paglalarawan ni Natalie Hoopes

## MGA NILALAMAN

**K2** Mula sa Unang Panguluhan: Pagiging Tulad ni Jesus
**K3** Ang Sermon sa Bundok
**K4** Kapangyarihan ng Dasal
**K6** Masasayang Bagay: Habang Nanonood Ka ng Pangkalahatang Kumperensya
**K7** Musika: Sa Tuwing Magdarasal
**K8** Hello, mula sa Italy!
**K10** Makitang Lumago ang Rome Temple
**K12** Maraming Paraan upang Masabing “Mahal Kita”
**K14** Mga Apostol sa Iba’t Ibang Panig ng Mundo: Bumisita sa Russia si Elder Uchtdorf
**K16** Matatapang na Halimbawa: Kilalanin si Dr. Mattie
**K18** Isang Aral mula sa Aking mga Magulang
**K19** Ipakita at Ikuwento
**K20** Pagsunod kay Jesus: Nagturo si Jesus tungkol sa Pagdarasal
**K23** Pahinang Kukulayan: Maaari Akong Magdasal

© 2019 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

TAGALOG
4 02186 03893 6